Inihahandog ng:

PAMBANSANG SAMAHAN SA SIKOLOHIYANG PILIPINO
AT NG
UNIVERSITY OF NUEVA CACERES

SIKOLOHIYA NG MALASAKIT AT PANANAGUTAN

IKA-38 PAMBANSANG KUMPERENSIYA SA SIKOLOHIYANG PILIPINO

21-23 NOBYEMBRE 2013
NAGA REGENT HOTEL (21 NOBYEMBRE)
UNIVERSITY OF NUEVA CACERES (22-23 NOBYEMBRE)

LAYOUT: KENNETH CARLO L. RIVES
COVER AT LOGO DESIGN: CARLISLE GARCIA

MENSAHE MULA SA PANGULO NG REPUBLIKA NG PILIPINAS

Kaisa ng sambayanang Pilipino, lubos kong ikinalulugod ang Ika-38 Pambansang Kumperensiya sa Sikolohiyang Pilipino, sa pangunguna ng Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino.

Sandigan ng ating pambansang agenda ng reporma at pagbabago ang malasakit at pananagutan. Dahil ito rin ang napili ninyong pagbuhusan ng inyong husay at kaalaman ukol sa paghubog ng tao, nagiging tunay kayong katuwang sa tuwid na landas. Magsibol nawa sa pagtitipong ito ang mga istratehiyang magbubunsod ng lipunang mas malalim na pagpapahalaga sa kabutihan ng ating kapwa; ito ang magdidilig sa ating mga ipinunlang pagbabago, upang makamtam na, sa wakas, ang Pilipinas na matagal na nating minimithi.

Gamit ang mga bagong patnubay ng katotohanan at katarungan, sumasaibayo na tayo sa kurapsyon ng kahapon, at pumapanday na tayo ng bayang kinikilala ng buong mundo. Sama-sama nating ipagpatuloy ang pagsulong ng Pilipinas, tungo sa lalo pang maliwanag, lalo pang masagana, at lalo pang makatarungang bansa.

Maging makabuluhan nawa ang inyong kumperensiya.

Benigno S. Aquino III
Pangulo
Republika ng Pilipinas

MENSAHE MULA SA TAGAPANGULO NG COMMISSION ON HIGHER EDUCATION

Malugod kong binabati ang pamunuan ng Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino (PSSP), katuwang ang Pamantasan ng Nueva Caceres, sa pagtataguyod ng ika-38 na Pambansang Kumperensiya sa Sikolohiyang Pilipino sa Nobyembre 21-23, 2013.

Malawak ang sakop ng mga layunin ng taunang kumperensiya. Ang una ay ang pagtalakay sa mga paraan ng paghubog ng malasakit at pananagutan sa iba't ibang konteksto sa mga institusyon ng lipunan. Ang pangalawa ay ang pagtatampok sa mga nagaganap na pagsasaliksik sa sikolohiya, kultura at lipunang Pilipino. Ang panghuli ay ang pagbabahagi ng mga kaalaman na higit pang magtataguyod sa Sikolohiyang Pilipino.

Sa paglawak at paglalim ng interes ng mga pananaliksik na isinasagawa ng mga dalubhasa hindi lamang sa sikolohiya kundi maging sa ibang larangang kultural, ang kumperensiyang naturan ay magdadagdag pa ng mga mahahalagang kaalaman na makakatulong sa higit na malalim na pag-unawa at paglinang sa iba't ibang aspekto ng ating mga karanasan bilang Pilipino.

Simula pa sa pagkakatatag nito nuong 1975, nanguna na ang Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino sa sistematiko at kritikal na pagpapaunlad ng ating kausapin tungkol sa ating pagkatao at ang mga impluwensiya sa proseso ng pagbuo ng ating kamalayan.

Kailangan ang ganitong pagsusuri para sa higit na malikhaing pakikipag-ugnayan hindi lamang sa ating kapwa kundi sa mga puwersa sa lipunan, lalo na sa panahong ito ng globalisasyon. Ang tema ng kumperensiya, "Sikolohiya ng Malasakit at Pananagutan" ay pagdidiin sa mahalagang papel ng disiplina ng sikolohiya sa patuloy na pagmimina sa angking kayaman ng kultura.

Mabuhay!

Patricia B. Licuanan, Ph.D.
Tagapangulo
Commission on Higher Education

MENSAHE MULA SA GOBERNADOR NG CAMARINES SUR

Binabati ko po ang pamunuan at mga kasapi ng Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino pati na ang lahat na mga kalahok, tagapagsalita at panauhin ng inyong ika-tatlumpo't walong pambansang kumperensiya dito sa Lungsod ng Naga, Lalawigan ng Camarines Sur sa darating na ika-21 ng Nobyembre hanggang ika-23, 2013.

Napaka-makahulugan ang adhikain ng inyong pagpupulong lalo na ngayong panahon na ang tao sa pangkalahatan ay dumaranas ng malaki at mabilis na mga pagbabago.

Hindi maitatanggi na nakabaon sa katauhan mismo at sa araling sikolohiya ang karamihan ng mga ugat at pinagmulan ng mga pagbabago sa ating kapaligiran na dapat maintindihan bago pa man mabigyang kasagutan. Wala na sigurong iba pang sektor na higit pang makakasuri, makakaunawa at makakapagbigay liwanag ng iba't ibang kaganapan na nangyayari at makapagtuturo sa mamamayan ng tamang daan upang harapin at bigyan kalutasan ang mga kahirapan at pangangailangan na dala ng pagbabago sa lipunan.

Inaasahan ko na ang inyong pagpupulong ngayong taon ay magiging isang mabungang pagkakataon para lalong mapag-isa at makapagtulungan ang iba't ibang bahagi ng lipunan para lalong maintindihan ng sambayanan ang kahalagahan ng sariling kultura hinggil sa ating hangaring mabigyan ang ating mga mamamayan ng buhay na maginhawa, makatarungan, tahimik, at may dignidad.

Sana po ay maging masaya at makahulugan ang inyong pagdalaw sa aming lalawigan.

Miguel Luis R. Villafuerte
Gobernador
Lalawigan ng Camarines Sur

MENSAHE MULA SA KINATAWAN NG IKATLONG DISTRITO NG CAMARINES SUR

Malugod ko pong binabati ang Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino (PSSP) sa pagdaraos ng inyong Pambansang Kumperensiya.

Sa ating krusada tungo sa isang mas maunlad at mas progresibong lipunan, mahalaga ang masusing pag-aaral at pagsisiyasat sa ating bawat hakbang. Hindi sapat ang anumang aksyon o layuning makatulong, kung hindi ito isinasagawa sa estratehikong pamamaraan, at hindi nakasandig sa mga kongkreto't angkop na datos.

Sa loob ng tatlong dekada, ito po mismo ang kakayahang ipinamalas at patuloy na ipinapamalas ng PSSP sa sambayanan. Hindi matatawaran ang ambag ng inyong organisasyon sa pagsusulong at pagtataguyod ng Sikolohiyang Pilipino sa pagpapalawig ng pambansang kamalayan, at pagpapaunlad ng bayan.

Sa inyong Pambansang Kumperensya sa Sikolohiyang Pilipino sa taong ito, nawa'y matalakay ninyo ang mga napapanahong usapin at magamit ang inyong disiplina sa paghahanap ng mga kaukulang kilos—hindi lamang sa pagsusulong ng inyong samahan, kundi lalo't higit, sa buong bansa. Tiwala naman ako: muling mamamayani ang diwa ng pagkakaisa at pagtutulungan sa tatlong araw ninyong pagpupulong at pagtatalakayan.

Bilang nag-iisang lahing Pilipino, ipamalas natin ang malasakit at pananagutan sa isa't isa. Sa patuloy nating pagkakapit-kamay, tiyak na makakamit natin ang kolektibo nating hangarin para sa bansa.

Maraming salamat po.

Atty. Maria Leonor Gerona-Robredo
Kinatawan ng Ikatlong Distrito
Lalawigan ng Camarines Sur

MENSAHE MULA SA PUNONG LUNGSOD NG NAGA, CAMARINES SUR

Nais ko pong batiin ang mga kalahok at mga panauhin sa Pambansang Kumperensiya sa Sikolohiyang Pilipino dito sa aming lungsod!

Nais ko rin pong purihin ang PSSP at ang University of Nueva Caceres (UNC) sa inyong inisyatibo upang maganap ang pambansang kumperensiyang ito.

Ang aktibidad na ito ay magandang pagkatataon upang matalakay ang mga plano ninyo na nakatuon sa pagpapalaganap ng Sikolohiyang Pilipino (SP) sa iba't-ibang sektor ng lipunan bilang isang maka-Pilipinong pananaw at pamamaraan.

Tunay na makabuluhan ang kaganapang ito dahil magkakaroon ng pamamahagi at palitan ng kaalaman at kasanayan na nagtataguyod ng Sikolohiyang Pilipino.

Ang kumperensiyang ito ay maari ring magsilbing daan upang makapag-usap ang mga kalahok tungkol sa paghubog ng pananagutan at malasakit sa kontekstong pag-uugnayan, pamilya, paaralan, propesyon, pananampalataya, at pamahalaan. Pagkakataon din ito upang magtampok ng mga pananaliksik sa sikolohiya, kultura at lipunang Pilipino.

Sa pagpatuloy ng Ika-38ng Pambansang Kumperensiya sa Sikolohiyang Pilipino ngayong Nobyembre 21 hanggang 23, 2013, kami pong mga naririto sa Pamahalaang Lokal ng Lungsod ng Naga ay nagpapaabot ng aming suporta sa inyong mga adhikain.

John G. Bongat
Punong Lungsod ng Naga
Lalawigan Camarines Sur

MENSAHE MULA SA EVP AT VPAA NG UNIVERSITY OF NUEVA CACERES LUNGSOD NAGA, CAMARINES SUR

Isang mapagpalayang pagbati sa mahigit na tatlong dekada ng makabuluhang pagbibigay tuon ng Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino sa iba't ibang sektor ng lipunang nakasandig sa inter-disiplinaryo at maka-Pilipinong pananaw at pamamaraan.

Lubhang mahalaga at napapanahon na mapagtuunang-pansin ang binalangkas na layunin ng samahan tungo sa pagkamit ng kamalayang panlipunan. Magandang oportunidad ang ganitong mga gawain sa pagbabahaginan ng mga kaalaman at kasanayan upang kritikal at obhetikong masuri ang samu't saring isyung kinakaharap ng sambayanan. Maihulma ang mga bagay-bagay sa angkop na perspektiba tungo sa resolusyon ng mga sigalot at hamon ng patuloy na nagbabagong panahon.

Nawa'y magtagal pa ang pagtataguyod ng mga mapananaligang programa ng inyong samahan at magpatuloy sa pagbibigay hugis ng pag-iisip, pag-uugali at katauhan ng bawat Pilipino. Mga mamamayang may matapat na pananagutan, malasakit at paninindigan tungo sa inaasam na pambansang kaunlaran.

Muli, ang aking pagbati at pakikiisa sa inyong layunin !

Lourdes S. Anonas, Ed.D.
Executive Vice President at VP for Academic Affairs
University of Nueva Caceres

MENSAHE MULA SA DEKANA NG KOLEHIYO NG SINING AT AGHAM NG UNIVERSITY OF NUEVA CACERES LUNGSOD NAGA, CAMARINES SUR

Ang aking malugod na pagbati sa mga opisyal ng Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino sa pagdaraos ng taunang komperensyang ito.

Taong labing siyam pitumpu't lima nang ang organisasyon ay nagsimulang maitaguyod, mapalaganap tungo sa pagpapaunlad ng matalinong kaisipan. Mayamang karanasan, kamalayang panlipunan at pakikiisa sa wika at kultura ang ilan sa binigyang diin sa mga taunang komperensya na isinasagawa sa iba't ibang panig ng bansa.

Ang gawaing ito ay nakaangkla sa hangaring mataya ang historikal at sosyo-kultural na realidad ng lipunan na ipaliwanag sa kamalayan at pananaw ng mga mamamayang Pilipino.

Kaya ang pagtitipong ito ay lubhang napakahalaga at makabuluhan sa bawat isa, hindi lang sa pagdukal ng karunungan, manapa'y mapaunlad ang magandang samahan ng bawat isa tungo sa kaunlaran ng samahang Sikolohiya.

Ito ay malaking hamon sa mga guro na nagtuturo ng Sikolohiyang Pilipino, lalo pa't ang mga mag-aaral, aminin man natin o hindi ay nakasanayan na ang paggamit ng wikang Ingles sa loob ng silid-aralan.

Sa ngalan ng University of Nueva Caceres, lalong-lalo na ng Kolehiyo ng Sining at Agham, muli, binabati ko ang pamunuan ng ika-38 Pambansang Kumperensiya sa Sikolohiyang Pilipino at nawa'y manatili kayong inspirasyon sa bawat kabataang Pilipino ngayon at sa hinaharap.

Mapagpalang araw sa bawat isa!

Josephine B. Alba

Josephine B. Alba, Ph.D.
Dekana, Kolehiyo ng Sining at Agham
University of Nueva Caceres

MENSAHE MULA SA PANGULO NG PAMBANSANG SAMAHAN SA SIKOLOHIYANG PILIPINO

Tunay ngang napapanahon ang napiling tema ng Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino (PSSP) para sa ika-38 Pambansang Kumperensiya ng Sikolohiyang Pilipino, na may kaugnayan sa ***Sikolohiya ng Malasakit at Pananagutan,*** sa gitna ng napakainit na kontrobersiya ukol sa malawakang korapsiyon sa pamahalaan. Nakikita namin na isang posibleng paraan sa pagsugpo sa korapsiyon ay sa muling pagpapatibay ng pagmamalasakit at pagtupad sa mga pananagutan ng mga Pilipino slalo't higit sa labas ng kanilang mga pamilya at kamag-anakan.

Akmang-akma rin na gaganapin ang partikular na pagtitipon na ito sa Lungsod ng Naga na makailang ulit nang pinarangalan bilang pinakamahusay na lokal na pamahalaan sa iba't ibang larangan tulad ng mabuting pamamahala, serbisyong publiko, gawaing pangkapaligiran, pangkababaihan at pangkabataan. Sana'y maging inspirasyon sa mga dadalo sa kumperensiya ang mga napanagumpayan ng mga Nagueño at magsilbi itong modelo sa pagsasabuhay ng malasakit at pananagutan para sa kapwa Pilipino.

Kaya naman, lubos ang aming pasasalamat sa mga bumubuo ng pamunuan ng University of Nueva Caceres (UNC) na sina Dr. Lourdes S. Anonas (Executive Vice President and VP for Academic Affairs), G. Jesus J. Hernandez (VP for Student and External Affairs), Dr. Josephine B. Alba (Dean, College of Arts and Sciences) at G. Kenjie E. Jimenea (Area Chairperson, Behavioral and Social Sciences Department) na nagmagandang-loob na buksan ang pinto ng kanilang pamantasan na maging host ng ating kumperensiya ngayong taon.

Nagpapasalamat din kami kay G. Jack Hernandez (Director, Marketing and Promotions) na nagsilbing tulay sa pagitan ng PSSP at UNC.

Binabati ko rin ang bumubuo ng Lupon ng Kumperensiya sa pangunguna ni G. John Hermes Untalan at Gng. Miriam Aquino-Malabanan, mga Convenors ng kumperensiya, sa tulong ng napakasipag na si G. Kenneth Carlo L. Rives (Program Associate ng PSSP), sa kanilang walang-sawang pagsubaybay sa paghahanda para sa proyektong ito kasama ang mga guro at estudaynte ng UNC.

Sa ngalan ng aking mga kasamahan sa PSSP, binibigyan naming kayong lahat ng mainit na pagpupugay sa inyong pakikiisa sa kumperensiyang ito. Hanggang sa susunod na kumperensiya!

Jay A. Yacat, M.A.
Pangulo, Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino

MENSAHE MULA SA CONVENOR NG IKA-38 PAMBANSANG KUMPERENSIYA

Ang kalinangan sa pag-aaral ng Sikolohiyang Pilipino ay maituturing na kagyat na kailangan. Maraming salik ang dapat na isaalang-alang upang makamit ang mga layunin at adhikain ng Sikolohiyang Pilipino.

Ang Sikolohikal na aspeto ng malasakit at pananagutan ang tema ng ating Kumperensiya sa taong ito. Dalawang malaking usapin, dalawang magkaugnay na kalinangan, isang tambalang hindi pwedeng paghiwalayin.

Hinihikayat ng mga iskolar/eksperto na pag-ibayuhin ang pag-aaral dito. Nagtatanong tayong lahat kung ano ang malasakit at ano ang pananagutan. Sino ang may malasakit, sino ang may pagkalinga. At sino ang mga mananagot. Malamang, ayon sa mga eksperto at aral, ay mga may kapangyarihan. Pero sila lang ba ang may eksklusibong kakanyahan ng mga naturang kagalingan? Sigurado ako, *hindi* ang kasagutan.

Baka nagiisip tayo na ang malasakit at pananagutan ay para sa iilan lamang. Walang hinihinging panahon at pagkakataon ang dalawang ito. Hindi ito tsambahan, ito ay pangkalahatan. Maaring tanggalin ang elemento ng swerte sa buong posibilidad ng pagaaral, pagpaplano, estratehiya, galing at pagsasanay sa malasakit at pananagutan ang pagkakaroon nito.

Ito ang mga nilalayon na hamon at kritisismo ng ating pag-aaral sa Sikolohiyang Pilipino sa makabagong panahon.

Mabuhay ang Sikolohiyang Pilipino!

Miriam Grace Aquino-Malabanan, M.A.
Lyceum of the Philippines University-Batangas
Convenor, Ika-38 Pambansang Kumperensiya sa Sikolohiyang Pilipino

PAGPAPAKILALA SA PSSP

Ang Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino (PSSP) ay isang panlipunan at propesyonal na organisasyong itinatag noong 1975 sa layuning isulong at itaguyod ang Sikolohiyang Pilipino bilang disiplina at kilusan para sa makabuluhan at makatuturang pag-aaral, pagsusuri at pag-unawa ng diwa at pagkataong Pilipino mula sa oryentasyon at perspektibong Pilipino tungo sa pagpapalawak ng pambansang kamalayan at kamulatan ng sambayanang Pilipino.

Partikular na mga Layunin ng PSSP:

1. Bumuo ng kritikal na bilang ng mga indibidwal at grupong magsusulong sa Sikolohiyang Pilipino.
2. Mahikayat ang iba't ibang sektor sa lipunan na maitaguyod ang Sikolohiyang Pilipino.
3. Makalikom ng mga materyal ukol sa kultura, lipunan, at sikolohiyang Pilipino.
4. Malinang ang paggamit ng mga pananaw at pamamaraan na batay sa yaman ng kultura, lipunan, at sikolohiyang Pilipino.
5. Mapahusay ang kakayahan ng samahan sa pagpapalaganap ng Sikolohiyang Pilipino.

LUPONG TAGAPAMAHALA 2013

Pangulo	Jay A. Yacat, M.A.
Pangalawang Pangulo	Jose Antonio Clemente, M.A.
Kalihim	Jayson D. Petras, M.A.
Ingat-Yaman	Josefina Andrea R. Cantiller, M.A.
Mga Kasapi	Girlie E. Amarillo, Ph.D. Clemen C. Aquino, Ph.D. Miriam Grace Aquino-Malabanan, M.A. Howell B. Calma Zeus A. Salazar, Ph.D. Lyra R. Verzosa, M.A. John Hermes C. Untalan, M.A. Homer J. Yabut, Ph.D.
Ex-Officio	Benito L. Teehankee, DBA
Tagapangasiwang Direktor	Jose Antonio Clemente, M.A.

TALAAN NG MGA NAGING PANGULO

Virgilio G. Enriquez
Pangulong Tagapagtatag

Esther S. Reyes
1979-1980

Manuel F. Bonifacio
1981-1982

Abraham B. Velasco
1983-1984

Felipe De Leon Jr.
1984-1985

Alfredo V. Lagmay
1987-1988

Lilia F. Antonio
1989-1990

Rogelia Pe-Pua
1991-1992

Grace Aguiling-Dalisay
1993-1994

Proserpina D. Tapales
1995-1996

Elizabeth Protacio-Marcelino
1997-1998

Ma. Angeles Guanzon-Lapeña
1999-2000

Flordeliza Lagbao-Bolante
2001-2002

Grace Aguiling-Dalisay
2003-2007

Jose Maria Bartolome
2008-2011

Benito L. Teehankee
2011

Jay A. Yacat
2012-2013

TALAAN NG MGA KASAPI (1975-KASALUKUYAN)

MGA KASAPING PANDANGAL

Teodoro A. Agoncillo, Kasaysayan
Renato Constantino, Kasaysayan
Jose "Pepe" W. Diokno, Pulitika
Alfredo V. Lagmay, Sikolohiya
Cecilio Lopez, Linggwistika
Genoveva Edroza Matute, Panitikan Tagalog
Ramon Munzones, Panitikang Hiligaynon
Ponciano B.P. Pineda, Wika
Bonifacio P. Sibayan, Linggwistika

GAWAD SIKOLOHIYANG PILIPINO

Lorenzo Tañada, 1988
Rogelia E. Pe-Pua, 1998
Zeus A. Salazar, 2002
Estefania Aldaba-Lim, 2009
Virgilio G. Enriquez, 1994
Prospero R. Covar, 2000
Lilia F. Antonio, 2004
Carmen Enrile, 2011

MGA KASAPING PANGHABAMBUHAY

Alexa P. Abrenica, Andresito E. Acuña, Jasmin E. Acuña, Teruya Adachi, Grace Aguiling-Dalisay, Alwin C. Aguirre, Albert E. Alejo, Hermin S. Alejo, Amelia B. Alfonso-Tynan, Milagros B. Alfonso, Nilda R. Almonte, Rosario Alonzo, Annie Antonio, Lilia F. Antonio, Geraldine R. Asis, Jose Ma. F. Bartolome, Allan B.I. Bernardo, Cherrie Joy F. Billedo, Manuel F. Bonifacio, Josefina Andrea R. Cantiller, Clarita R. Carlos, Annadaisy J. Carlota, Rolando Carub, Bernardita R. Churchill, Susan Cipres-Ortega, Jose Antonio R. Clemente, Aurora Odette Corpuz-Mendoza, Ma. Elna R. Cosejo, Prospero R. Covar, Ma. Trinidad Crisanto, Romeo V. Cruz, Pamela Cruz-Constantino, Lenore de la Llana-Decenteceo, Alma S. De la Cruz, Felipe M. de Leon, Jr., Christine Ann A. de Villa, Gregorio del Pilar II, Jose Maria A. Diestro, Jr. Ma. Fe A. Domingo, Proserpina Domingo-Tapales, Sylvia Estrada-Claudio, Elena Flores, Roberto E. Galvez, Maria Cecilia Gastardo-Conaco, Elaine Geronimo-Reyes, Ma. Angeles Guanzon-Lapeña, Margarita Go Singco-Holmes, Roberto E. Javier Jr., Ma. Carmen C. Jimenez, Elsa P. Jurado, Fredisvinda Lagbao-Aniban, Flordeliza Lagbao-Bolante, Leticia A. Lagmay, Violeta Lagmay, Godofredo A. Lanuza, Lourdes V. Lapuz, Augusto Venanico C. Legazpi, Patricia B. Licuanan, Anselmo Lupdag, Lourdes V. Lapuz, Cipriano R. Magnaye Jr., Miriam Grace A. Malabanan, Eric Julian D. Manalastas, Filoteo A. Mangulabnan, Elaissa Marina Mendoza, Erlinda S.A. Mendoza, Roberto N. Mendoza, Leonardo N. Mercado, Christian Vernon Mogol, Ma. Divina Gracia Nakar, Victoria Narciso-Apuan, Atoy M. Navarro, Ma. Lina Nepomuceno-Van Heugten, Michelle G. Ong, Editha Panay, Emy M. Pascasio, Elizabeth A. Pastores, Surapol Payonyaam, Consuelo J. Paz, Ma. Carmen V. Peñalosa, Rogelia E. Pe-Pua, Elizabeth Protacio-de Castro, Anatalia Ramos, Fe Corazon B. Ramos-Muit, Natividad T. Reyes, Guillermo Q. Roman, Jr., Lilia P. Salazar, Zeus A. Salazar, Corazon M. Samaniego, Elena L. Samonte, Mario R. San

Buenaventura, Ida Josephine M.L. Siason, Madelene A. Sta. Maria, Pilar E. Soto, Juan Tapales, Jack P. Taylaran, Benito L. Teehankee, Amaryllis T. Torres, Danilo Bv. Tuazon, Maria Theresa D. Ujano-Batangan, Mary Agnes M. Urban, Ma. Leonora Vasquez-de Jesus, Abraham B. Velasco, Elizabeth R. Ventura, Eva Minerva Duka Ventura, Joseph O. Vergara, Wilfrido V. Villacorta, Aracelli M. Villamin, Benedicto C. Villanueva, Violeta Villaroman-Bautista, Rory Villar, Nieto L. Vitto, Fumio Watanabe, Homer J. Yabut, Jay A. Yacat, Rene P. Zubieto

MGA KASAPING PROPESYUNAL

Evelyn F. Acoba, Bernadette V. Abella, Almond Pilar N. Aguila, Czarina Ann B. Alfonso, Girlie E. Amarillo, Ernesto W. Annayo Jr., Clemen C. Aquino, Jeremy R. Aterrado, Normita A. Atrillano, Ailen Marylou S. Bigay, Jet U. Buenconsejo, Howell B. Calma, Henmar C. Cardiño, Jose Mari A. Carpena, Evangeline R. Castronuevo-Ruga, Isabelita C. Celestina, Ricardo A. Clores, Janella Rose M. Cotoner, Normita R. Cruz, Mark B. Dangla, Rodrigo M. Dantay Jr., Roslin M. de Ala, Edita E. de Guzman, Annalyn C. de los Santos, Carl O. Dellomos, Carmela S. Dizon, Darren E. Dumaop, Joselito R. Ereño, Marilou C. Esguerra, Ervina A. Espina, Cristabel D. Fagela-Tiangco, Rowena G. Fernandez, Marissa B. Ferrer, Maribeth M. Flores, Noli D. Franco, Editha L. Galura, Samuel T. Galvez, Paulino C. Galvez, Ma. Theresa G. Garcia, Anna Michelle S. Garingo, Marissa P. Generale, Kim S. Guia, Aldwin R. Jose, Maria Isabel B. Lanada, Maureen Jean B. Lara, Aga Khan R. Lavarez, Analyn P. Lontoc, Teobaldo Jojo Q. Magdamit, Annabel M. Manalo, Joan B. Marasigan, Andrea B. Martinez, Juliet R. Masangcap, Enola Gay M. Misajon, Silfa C. Napicol, John Xavier B. Nepomuceno, Randy T. Nobleza, Danielle P. Ochoa, Mary Joy G. Orallo, Elvira P. Padua, Grace P. Pagobo, Demetria B. Panganiban, Pura G. Peñamante, Annalissa J. Penullar, Edward Q. Perez, Jayson D. Petras, Fatima Socorro M. Quianzon, EsterT. Rada, Maria Guadalupe C. Salanga, Rhea Lowella G. Santillan, Daisy May Q. Santos, Jemabel G. Sidayen, Antonia C. Siy, Eleonor R. Teopy, Joseph L. Torrecampo, Olga Angelinetta P. Tulabut, John Hermes C. Untalan, Lyra R. Verzosa, Judy C. Vinuya

MGA GAWAIN AT PROGRAMA NG PSSP

PAMBANSANG KUMPERENSIYA SA SIKOLOHIYANG PILIPINO

Isinasagawa taun-taon ang *Pambansang Kumperensiya sa Sikolohiyang Pilipino.* Kumprehensibong tinatalakay sa mga pambansang kumperensiya ang isang piling tema. Nitong mga nakaraang taon, isinasagawa ang pambansang kumperensiya tuwing Nobyembre bilang paggunita rin sa kaarawan ni Dr. Virgilio G. Enriquez, ang Ama ng Sikolohiyang Pilipino. Sa tuwing ikalawang taon, isinasagawa ang kumperensiya sa labas ng Kalakhang Maynila.

KAPIHAN SA PSSP

Itinataguyod ang *Kapihan sa PSSP* isang Sabado minsan sa isang semestre sa tanggapan ng PSSP. Isa itong okasyon kung saan tinatalakay ang mga bagong pananaliksik kaugnay ng mga isyung konseptwal, teoretikal, pilosopikal at metodolohikal sa Sikolohiyang Pilipino.

PILING PILING ARAW

Paksa. Inumin. Pagkain. Ito ang mga sangkap na nagpapalinamnam sa *Piling Piling Araw (PPA).* Nag-aanyaya ng mga piling tagapagsalita upang magtalakay sa isang natatanging paksa. Sinusundan ito ng pagsasalo sa katutubong inumin at pagkain. Inililibot ang *PPA* sa iba't ibang mga eskwelahan, kolehiyo at unibersidad.

TATSULOK SA PSSP

Itinataguyod ang *Tatsulok sa PSSP* upang pagtagpuin ang mga pinuno ng mga organisasyong pang-mag-aaral ng iba't ibang eskwelahan, kolehiyo at unibersidad na nagsusulong ng pagpapalaganap ng Sikolohiyang Pilipino. Pagkakataon ito para sa pagpupulong tungkol sa pakikipagtulungan ng mga organisasyon sa mga gawain at programa ng PSSP at pagbubuo ng mga gawain at programa ng pagtutulungan ng mga organisasyong pang-mag-aaral.

Ang Tatsulok ay samahan ng mga mag-aaral na naglalayong isulong at isabuhay ang Sikolohiyang Pilipino. Kasalukuyan itong may 10 kasaping organisasyong pang-mag-aaral:

- CEU Psychology Society
- DLSU Samahan ng mga Mag-aaral sa Sikolohiya
- DSLU-Dasmariñas Psychological Society
- EAC-Cavite Psychology Society
- FEU Psychology Society
- HAU Psychology Society
- LPU-Batangas Psychology Association
- PLM Psychological Society
- PNU Psychological Society

- PUP Bukluran sa Sikolohiyang Pilipino
- SBC Pscyhology Society
- UE Psychological Society
- UP Bukluran sa Sikolohiyang Pilipino

LINANGAN SA SIKOLOHIYANG PILIPINO

Binubuo ng iba't ibang pagsasanay sa lalong pagpapalaganap ng Sikolohiyang Pilipino ang *Linangan sa Sikolohiyang Pilipino (LSP).* Sa kasalukuyan, may dalawang natatanging kurso at programa ang *LSP:*

- Mga Katutubong Pamamaraan ng Pananaliksik
- Pagtuturo ng Sikolohiyang Pilipino

AKLATAN SA SIKOLOHIYANG PILIPINO

Pinapangasiwaan din ang *Aklatan sa Sikolohiyang Pilipino* sa tanggapan ng PSSP. Naglalaman ang naturang aklatan ng malawak na koleksiyon ng mga babasahin at lathalain ukol sa sikolohiya, lipunan, kultura at kasaysayang Pilipino. Malaki ang maitutulong ng aklatan sa pag-aaral at pananaliksik ng mga dalubhasa, estudyante at may interes sa Sikolohiyang Pilipino.

SALIKSIKAN SA SIKOLOHIYANG PILIPINO

Itinataguyod ang *Saliksikan sa Sikolohiyang Pilipino* bilang programang pananaliksik ng PSSP. Sa kasalukuyan, may tatlong pangunahing grupong pananaliksik ang *Saliksikan:*

- Pamamahala at Pamumuno
- Pagkatao at Sekswalidad
- Kulturang Popular at Media

PUBLIKASYON SA SIKOLOHIYANG PILIPINO

Itinataguyod ang iba't ibang *Publikasyon sa Sikolohiyang Pilipino* gaya ng mga aklat, jornal at monograp tungo sa higit pang paglalaganap ng Sikolohiyang Pilipino. Inilalathala ang mga katitikan at ulat ng Pambansang Kumperensya sa Sikolohiyang Pilipino, Kapihan sa PSSP, Piling Piling Araw at materyales mula sa Linangan sa Sikolohiyang Pilipino at Saliksikan sa Sikolohiyang Pilipino. May mga digital na publikasyon din bukod pa sa pagkakaroon ng website: www.pssp.org.ph.

PATAKARANG PANGWIKA NG PAMBANSANG SAMAHAN SA SIKOLOHIYANG PILIPINO (PSSP)

1. Pilosopiya ng Patakarang Pangwika ng PSSP

1.1 Ayon sa Artikulo XIV, Seksyon 6 ng Konstitusyong 1987:

> Ang pambansang wika ng Pilipinas ay Filipino. Habang ito'y nabubuo, patuloy itong pauunlarin at payayamanin batay sa umiiral na wika sa Pilipinas at iba pang wika.

Sinasabi rin ng Artikulo XIV, Seksyon 7, na:

> Para sa komunikasyon at pagtuturo, ang mga opisyal na wika ng Pilipinas ay Filipino at, hangga't walang ibang itinatakda ang batas, Ingles.

1.2 Sa panig ng PSSP, itinakda ng Artikulo II – Deklarasyon ng mga Pagpapahalaga at Paninindigan, Seksyon 3:

> Naniniwala ang PSSP sa pagtataguyod ng sariling wika sa pag-aaral ng kultura, lipunan, at sikolohiyang Pilipino.

1.3 Ang Pilipinas ay isang multilinggwal na bansa. Tinatayang may mahigit sa 100 wika at humigit-kumulang 400 diyalekto rito. Ang ganitong pag-iral ay nagsisilbing lunsaran ng mga kamalayan, paniniwala, at halagahing lubog sa karanasang lokal at rehiyonal at sa katutubong tradisyon. Napagbibigkis ang mga ito ng kaisipang nasyonal na siyang dinadaluyan ng wikang Filipino bilang umiiral na wika ng interkomunikasyon sa larang (wikang de facto) at bilang itinakda ng batas (wikang de jure).

1.4 Ang Sikolohiyang Pilipino (SP) ay sikolohiya ng kapwa na bunga ng karanasan, kaisipan, at oryentasyong Pilipino. Umuugnay ito sa pagtingin sa SP bilang disiplina at bilang kilusan. Bilang disiplina, patuloy itong tumutugon sa hamon ng pagkokonseptuwalisa at pagteteyorisa na nakaangkla sa pagsasalin sa wikang Filipino ng mga konsepto, teorya, metodolohiya, at panukat mula sa labas (pagsasakatutubo mula sa labas) at sa patuloy na pag-unawa sa historikal at sosyo-kultural na reyalidad; pagkilala sa mga lokal na wika; pagpapalitaw ng katangiang Pilipino at pagpapaliwanag sa

mga ito batay sa katutubong pananaw (pagsasakatutubo mula sa loob/kultural na pagpapatibay). Bilang kilusan, patuloy itong kumikiling sa naisasantabi sa pamamagitan ng pananaliksik at panlipunang pagtataguyod. Lahat ng ito ay bumabaybay sa tunguhin ng SP na makapag-ambag sa pagpapaunlad ng isang tunay na sikolohiyang unibersal.

1.5 Kailangan natin ang pambansang wikang Filipino bilang wikang pagdudukalan ng pagkakakilanlang pambansa. Bilang pambansang linggwa frangka o wikang komon sa kabuuan ng bansa, naipapaloob sa wikang ito ang kabihasnan at kulturang Pilipino. Kadikit ng pagtatampok sa pambansang wika ang patuloy na pagtataguyod ng mga lokal at rehiyonal na wikang balon ng mga ideya, damdamin, pagpapahalaga, pananaw, at pag-uugali ng mga mamamayan at kung gayon ay lunan ng natatanging kakanyahan ng isang komunidad. Gayundin, bilang bahagi ng pamayanang global, at pagkilala na rin sa ambag ng disiplina ng sikolohiya na isinilang at nalilinang sa labas ng Pilipinas, mahalaga ang pagkilala sa pandaigdigang wikang Ingles na magagamit sa pakikipag-ugnayan sa sa iba't ibang bansa, lalo't higit sa mga Pilipinong isinilang at lumaki sa ibayong-dagat.

1.6 Sa kabuuan, bentahe ang pagiging multilinggwal ng disiplina ng sikolohiya sa Pilipinas kaugnay ng pananatiling multilinggwal ng mga Pilipino. Gayunman, bilang bahagi ng paninidigan sa Sikolohiyang Pilipino, higit na nakaangkla ito sa pagtataguyod sa wikang pambansang Filipino, katuwang ang mga lokal at rehiyonal na wika, na siyang wikang kinagisnan ng nakararaming Pilipino at kung gayon ay kinapapalooban ng pinakaubod na ideya, damdamin, pananaw, at pag-uugali.

2. Filipino bilang Pambansang Wika

2.1 Mangunguna ang Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino sa pagtataguyod at pagpapaunlad ng pambansang wikang Filipino sa larangan ng sikolohiya.

2.1.1 Sapagkat ang wikang Filipino ay hindi lamang nalilimitahan sa mga titik at salita, bagkus ay bumubuo ng isang ideolohiya, ang pagtataguyod ng PSSP sa pambansang wika ay isang malaking hakbang tungo sa paglaya mula sa tanikala ng misedukasyong hatid ng

pagbibigay-tuon lamang sa kaisipang elitista at maka-Kanluranin at kung gayon ay pagbasag sa Dakilang Hating Kultural sa panig ng akademya at ng mamamayan.

2.1.2 Sinimulan ni Virgilio G. Enriquez, Ama ng Sikolohiyang Pilipino at punong tagapagtatag ng PSSP, ang tunguhing intelektuwalisasyon ng wikang Filipino sa larangan ng sikolohiya sa pamamagitan ng paglinang at pag-aantas ng mga terminong sikolohikal at panghihiram, pagsasalin, at pagbubuo ng mga bagong terminolohiya sa SP.

2.1.3 Patuloy ang aktibong pagtugon ng mga kasapi ng PSSP sa paglinang ng mga konseptong sikolohikal sa Filipino. Patunay nito ang pag-unlad ng mga pag-aaral sa mga katutubong pamamaraan ng pananaliksik at ang pagdalumat ng iba't ibang ideya sa mga kumperensiya at pagsasanay.

2.2 Filipino ang magiging midyum ng komunikasyon at transaksiyon ng PSSP. Kaugnay nito:

2.2.1 Isusulat sa wikang Filipino ang lahat ng mga ulat, katitikan, korespondensiya, paanyaya, pahayag, pabatid, at iba pang dokumento. Magiging pantulong na mga wika ang mga lokal at rehiyonal wika at ang wikang Ingles, kung kinakailangan.

2.2.2 Magiging midyum ng talakayan at panayam ang Filipino sa taunang kumperensiya at iba pang proyektong pagsasanay at patuloy na edukasyon.

2.2.3 Pasisiglahin at palalaganapin ang paggamit ng Filipino sa mga pananaliksik at publikasyon ng samahan.

2.2.4 Hihikayatin at susuportahan ang pagsasalin ng mga pag-aaral mula sa banyagang wika tungo sa wikang Filipino.

2.2.5 Aktibong makikipag-ugnayan ang samahan sa mga organisasyong pangwikang nagsusulong ng wikang Filipino.

2.2.6 Maninindigan ang samahan sa pagtataguyod ng wikang Filipino sa antas pambansa sa pamamagitan ng pakikisangkot sa mga usaping pangwika.

2.2.7 Sa pangkalahatan, gagawin ng PSSP ang lahat ng epektibong hakbang upang matiyak ang matagumpay na paggamit at pagpapaunlad ng wikang Filipino sa larangan ng sikolohiya.

3. Ang mga Wikang Rehiyonal bilang Bukal ng Wikang Filipino

3.1 Tangan ng mga wikang lokal at rehiyonal ang kakanyahan ng mga gumagamit nito. Sa mga wikang ito, tanging maipahahayag at mauunawaan ang kabuuang kamalayang-pandaigdig na nalilikha sa bawat pamayanang Pilipino. Ang ganitong katotohanan ang sandigan ng ipinatutupad na Batay sa Inang Wikang Edukasyong Multilinggwal (Mother Tongue Based-Multilingual Education) ng Kagawaran ng Edukasyon bilang pagtugon sa pandaigdigang panawagang batay-sa-kulturang edukasyon (culture based education) ng UNESCO.

3.2 Sandigan ng wikang Filipino ang mga lokal at rehiyonal na wika ng Pilipinas. Ang ugnayang ito ang nagtitiyak sa pananatiling buhay ng ating mga wika.

3.3 Sa ganap na pagpapaunlad ng Filipino bilang pambansang wika:

3.3.1 Pasisiglahin ng PSSP ang mga pananaliksik sa mga konseptong lokal at rehiyonal na maaaring isulat sa katutubong wika kasama ang salin nito sa wikang Filipino.

3.3.2 Kung kinakailangan, isasalin sa mga wikang lokal at rehiyonal ang mga mga dokumento ng samahan.

3.3.3 Aktibong makikipag-ugnayan ang samahan sa iba't ibang sentro sa araling rehiyonal at lokal.

3.3.4 Maninindigan ang PSSP sa pagkiling sa naisasantabi sa usaping pangwika at pangkultura.

4. Ingles Bilang Pandaigdigang Wika

4.1 Ingles ang isa sa kinikilalang pandaigdigang wika at kung gayon ay malawakang midyum ng komunikasyon. Kaugnay nito, maraming mga pananaliksik sa sikolohiya sa loob at labas ng bansa na nasusulat o naipahahayag sa wikang ito.

4.2 Nag-aambag sa pag-unlad ng wikang Filipino ang Ingles. Gayundin, kasama ng Filipino, isa ito sa mga opisyal na wika ng Pilipinas.

4.3 Dahil sa katayuan ng Ingles, kinikilala ng PSSP ang wikang ito bilang pangunahing pandaigdigang wika.

4.3.1 Ingles ang magsisilbing pangunahing wika ng samahan sa paglahok sa mga gawaing intelektwal sa labas ng bansa.

4.3.2 Sa mga publikasyon ng samahan, isasalin sa wikang Ingles ang mga abstrak ng pananaliksik. Gayunman, mauuna pa rin sa daloy ng pagkakasulat ang abstrak sa wikang Filipino at mananatili rin sa pambansang wika ang kabuuan ng papel-pananaliksik.

4.3.3 Kikilalanin ang paggamit ng mga konseptong sikolohikal na nasa wikang Ingles hangga't wala pang ganap na salin para rito.

4.3.4 Kung kinakailangan, partikular sa pakikipag-ugnayan sa mga pribadong organisasyon at kompanya, isusulat at/o isasalin sa Ingles ang mga liham at iba pang dokumento ng samahan. Gayunman, ang bersyong Ingles ay magsisilbing kalakip lamang ng mga dokumentong nasa wikang Filipino.

4.3.5 Kung hihingin ng pagkakataon sa larangan ng sikolohiyang pandaigdig, kikilalanin din ng PSSP ang pagpasok ng mga konsepto at kaalamang nagmumula sa ibang wika sa Asya at sa mundo. Sisikapin din ng samahan na manguna sa pagsasalin at pag-aangkop ng mga ito sa wika at kulturang Pilipino.

PAHAYAG NG PAMBANSANG SAMAHAN SA SIKOLOHIYANG PILIPINO (PSSP) LABAN SA DISKRIMINASYON AT PAGPAPABABA NG DANGAL NG MGA PILIPINONG LGBT

Nakikiisa ang Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino (PSSP), isang pambansang organisasyon ng mga indibidwal at grupong nagsusulong sa isang maka-kapwa at maka-Pilipinong sikolohiya, sa pagsulong sa karapatan ng lahat ng Pilipino na maging malaya sa diskriminasyon, kasama ang diskriminasyong batay sa lahi, kasarian, edad, antas panlipunan, at oryentasyong sekswal at identidad bilang babae o lalake.

Binabatikos ng PSSP ang artikulong nalathala sa pahayagang Philippine Star noong ika-11 ng Marso 2013 pinamagatang "Being Gay" kung saan pinayuhan ng isang sikolohista ang mga magulang at mga pamilyang Pilipino na pagsabihan, pagbawalan, at "ayusin" ang kanilang mga anak na posibleng LGBT para sila "ituwid" at magbago ng asal at pagkatao tungo sa pagiging heteroseksuwal.

Ang payong ito, kasama ang mga alinsunod na kilos, ay di-makatao, di-propesyunal, at pawang nakakadagdag sa opresyon at diskriminasyon sa mga sekswal na minoridad sa Pilipinas. Ito ay taliwas sa isa sa mga batayang prinsipyo, pagpapahalaga at paninindigan ng PSSP:

> *"Naniniwala ang PSSP sa pagtataguyod ng makabuluhang pakikiisa sa mga isinagilid, sinasamantala, at walang kapangyarihang sektor ng lipunan tungo sa pagkamit ng karangalan, katarungan, at kalayaan ng sambayanang Pilipino." (Seksyon 5, Artikulo 2 ng Saligang Batas)*

Hindi sakit o salot ang pagiging bakla o lesbyana; hindi ito kailangang gamutin o hanapan ng lunas. Bahagi ng karanasan at kulturang Pilipino ang mga LGBT – sila ay mga bata, matanda, kapamilya, kapit-bahay, kaeskwela, katrabaho, kasama sa pananampalataya, at kaisa sa ating paghahanap ng kalayaan, ginhawa, at magandang buhay. Mahigit apat na dekada na ng pananaliksik sa sikolohiya ang nagpapatibay sa katotohanang ito.

Kaya alinsunod sa pagtataguyod ng Sikolohiyang Pilipino bilang mapagpalayang sikolohiya (Enriquez, 1992), naniniwala ang PSSP na walang lugar sa isang marangal, makatarungan, at malayang lipunan ang mga kilos at kaisipang nagpapababa ng dangal at dumadagdag sa pagsasagilid ng mga minoridad tulad ng mga LGBT – lalo na kung ang mga kilos at kaisipang ito ay nagmumula sa mga sikolohista at iba pang propesyunal, walang basehan sa pananaliksik, at taliwas sa ating mga pagpapahalaga bilang disiplina at kilusan.

Hinihikayat ng PSSP ang lahat ng mga sikolohista at mag-aaral ng sikolohiya na makiisa sa pagsulong ng karapatan, kalayaan, at pagkakapantay-pantay ng lahat ng Pilipino, bata at matanda, LGBT man o heteroseksuwal.

Mga Sanggunian:

Enriquez, V.G. (1992). *From Colonial to Liberation Psychology*. Quezon City: University of the Philippines Press.

Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino. (2007). Saligang Batas.

TALAAN NG MGA PAMBANSANG KUMPERENSIYA SA SIKOLOHIYANG PILIPINO

1975 (Quezon City): Unang Pambansang Kumperensya: *"Ang Kahalagahan ng Sikolohiyang Pilipino sa Pambansang Kaunlaran."* Abelardo Hall Auditorium at Faculty Center Conference Hall, University of the Philippines, Diliman, Quezon City, 6-11 Nobyembre 1975. Pinamahalaan ni Virgilio Enriquez.

1976 (Manila): Ikalawang Pambansang Kumperensya: *"Ang Kahalagahan ng Sikolohiyang Pilipino sa Pambansang Kamulatan."* Bulwagang Paulino J. Garcia, Pambansang Lupon sa Pagpapaunlad ng Agham, Pedro Gil, Manila, 9-11 Nobyembre 1976. Pinamahalaan ni Zeus Salazar.

1977 (Manila): Ikatlong Pambansang Kumperensya: *"Mga Katutubong Konsepto at Pamamaraan sa Lipunang Pilipino."* Philippine Normal College, Manila, 16-19 Nobyembre 1977. Pinamahalaan ni Esther Reyes.

1978 (Laguna): Ika-apat na Pambansang Kumperensya: *"Ang Kabataang Pilipino at ang Ikatlong Daigdig."* University of the Philippines, Los Baños, Laguna, 25-28 Oktubre 1978. Pinamahalaan ni Abraham Velasco.

1979 (Leyte): Ikalimang Pambansang Kumperensya: *"Ang Sikolohiyang Pilipino sa Pagpapaunlad ng Nayon."* Divine Word University, Tacloban City, Leyte, 24-27 Oktubre 1979. Pinamahalaan ni Leonardo Mercado.

1980 (Albay): Ika-anim na Pambansang Kumperensya: *"Ang Kamalayang Etniko at Pananagutang Pambansa."* Bicol University, Legazpi City, Albay, 22-25 Oktubre 1980. Pinamahalaan ni Jesus Fer Ramos.

1981 (Baguio): Ikapitong Pambansang Kumperensya: *"Ang Sikolohiyang Pilipino sa Pagtuturo at Kaalamang Pantao."* University of the Philippines, Baguio, Baguio City, 11-14 Nobyembre 1981. Pinamahalaan ni Nellie Alabanza.

1982 (Marawi): Ikawalong Pambansang Kumperensya: *"Ang Sikolohiya at Pagkataong Pilipino sa Katutubong Sining."* Mindanao State University, Marawi City, Lanao del Sur, 26-30 Oktubre 1982. Pinamahalaan ni Angelito Flores.

1983 (Nueva Ecija): Ikasiyam na Pambansang Kumperensya: *"Ang Sikolohiya ng Mambubukid na Pilipino."* Central Luzon State University, Muñoz, Nueva Ecija, 24-28 Oktubre 1983. Pinamahalaan ni Anselmo Lupdag.

1984 (Quezon City): Ikasampung Pambansang Kumperensya: *"Ang Pamilya sa Lipunang Pilipino."* University of the Philippines, Diliman, Quezon City,

24-27 Oktubre 1984. Pinamahalaan ni Manuel Bonifacio. (Pagdiriwang ng Ikasampung Taon ng PSSP, 23 Oktubre – 6 Nobyembre 1984. Pinamahalaan ni Abraham Velasco.)

1985 (Manila): Ikalabing-isang Pambansang Kumperensya: *"Kaalaman, Gamit at Etika ng Sikolohiyang Pilipino."* Pambansang Aklatan, Manila, 19-21 Nobyembre 1985. Pinamahalaan ni Rogelia Pe-Pua.

1986 (Bulacan): Ikalabindalawang Pambansang Kumperensya: "*Ang Sikolohiya ng Pelikulang Pilipino: Direktor, Artista at Manonood."* Hiyas ng Bulacan, Malolos, Bulacan, 23-25 Oktubre 1986. Pinamahalaan nina Corazon Samaniego at Felipe de Leon Jr.

1987 (Quezon City/Quezon): Ikalabintatlong Pambansang Kumperensya: *"Ang Kamalayang Ispiritwal ng mga Pilipino."* University of the Philippines, Diliman, Quezon City at Bundok Banahaw, Dolores, Quezon, 13-14 Oktubre/5-7 Nobyembre 1987. Pinamahalaan nina Violeta Bautista at Prospero Covar.

1988 (Manila): Ikalabing-apat na Pambansang Kumperensya: *"Ang Katutubong Medisina sa Sikolohiyang Pilipino."* De La Salle University, Manila, 14-15 Oktubre 1988. Pinamahalaan ni Lilia Antonio.

1989 (Quezon City): Ikalabinlimang Pambansang Kumperensya: *"Kativalian at Pananagutan sa Lipunang Pilipino."* University of the Philippines, Diliman, Quezon City, 16-18 Nobyembre 1989. Pinamahalaan nina Proserpina Tapales at Rogelia Pe-Pua.

1990 (Quezon City): Ikalabing-anim na Pambansang Kumperensya: *"Ang Libis na Pagkilos sa Lipunang Pilipino."* Ateneo de Manila University, Quezon City, 10-11 Disyembre 1990. Pinamahalaan ni Alma Santiago de la Cruz.

1991 (Batac): Ikalabinpitong Pambansang Kumperensya: *"Ang Sikolohiya ng Pamumuno sa Pamayanang Pilipino."* Mariano Marcos State University, Batac, Ilocos Norte, 13-15 Nobyembre 1991. Pinamahalaan nina Felipe Cachola, Zenaida Pegtuan at Ernesto Cadiz.

1992 (Manila): Ikalabing-walong Pambansang Kumperensya: *"E Babae, Kasi? Lalake, Palibhasa?."* Philippine Normal University, Manila, 11-12 Disyembre 1992. Pinamahalaan ni Grace Aguiling-Dalisay.

1994 (Quezon City): Unang Pandaigdigang Kumperensya at Kultura/Ikalabinsiyam na Pambansang Kumperensya: *"Katutubong Sikolohiya at Kultura."* University of the Philippines, Quezon City, 8-10 Disyembre 1994. Pinamahalaan ng Lupong Tagapamahala.

1995 (Nueva Ecija): Ikadalawangpung Pambansang Kumperensya: *"Pamumuno at Pagpapahalagang Pilipino."* Central Luzon State University, Muñoz, Nueva Ecija, Tag-init 1995. Pinamahalaan ng Lupong Tagapamahala.

1995 (Marawi): Ikadalawamput-isang Pambansang Kumperensya: *"Buklurang Muslim-Kristiyano."* Mindanao State University, Marawi City, Lanao del Sur, 1995. Pinamahalaan ng Lupong Tagapamahala.

1996 (Quezon City): Ikadalawamputdalawang Pambansang Kumperensya: *"Sikolohiya ng Kabayanihan at Lideratong Pilipino."* Balay Kalinaw, University of the Philippines, Diliman, Quezon City, 10-11 Disyembre 1996. Pinamahalaan ng Lupong Tagapamahala.

1997 (Palawan): Ikadalawamputtatlong Pambansang Kumperensya: *"Kalikasan, Kabuhayan at Kulturang Pilipino."* Palawan State University, Puerto Prinsesa City, Palawan, 12-14 Disyembre 1997. Pinamahalaan ng Lupong Tagapamahala.

1998 (Manila): Ikadalawamput-apat na Pambansang Kumperensya: *"Wika ng Rebolusyon, (R)Ebolusyon ng Wika."* CSB Theater, College of St. Benilde, De La Salle University, Manila, 19-20 Nobyembre 1998. Pinamahalaan ng Lupong Tagapamahala.

2000 (Davao): Ikadalawamputlimang Pambansang Kumperensya: *"Hamon sa Kapayapaan: Konteksto ng Mindanaw."* Marco Polo Hotel, Davao City, 23-25 Nobyembre 2000. Pinamahalaan ng Lupong Tagapamahala kasama si Albert Alejo.

2001 (Quezon City): Ikadalawamput-anim na Pambansang Kumperensya: *"Ang Sikolohiya ng Sekswalidad at Spiritwalidad sa Kontekstong Pilipino."* Alumni Hostel Conference Hall, University of the Philippines, Diliman, Quezon City, 22-24 Nobyembre 2001. Pinamahalaan ng Lupong Tagapamahala.

2002 (Laguna): Ikadalawamputpitong Pambansang Kumperensya: *"Kahit Maputi na ang Buhok Ko: Ang Sikolohiya ng Pagtanda sa Konteksto at Lipunang Pilipino."* SEARCA Auditorium, University of the Philippines, Los Baños, Laguna, 21-23 Nobyembre 2002. Pinamahalaan ng Lupong Tagapamahala kasama sina Dwight David Diestro at Nenita Tapay.

2003 (Manila): Ikadalawamputwalong Pambansang Kumperensya: *"Iba't Ibang Mukha ng Pamilyang Pilipino sa Nagbabagong Panahon."* Yuchengco Seminar Room, De La Salle University, Manila, 27-29 Nobyembre 2003. Pinamahalaan ng Lupong Tagapamahala.

2004 (Cavite): Ikadalawamputsiyam na Pambansang Kumperensya: *"Kayod Kalabaw: Sipag at Tiyaga ng Pinoy sa Trabaho (Ang Sikolohiya ng Paggawa)."* Severino de las Alas Hall, De La Salle University, Dasmariñas, Cavite, 24-

26 Nobyembre 2004. Pinamahalaan ng Lupong Tagapamahala kasama sina Jose Ma. Bartolome, Roberto Galvez, Godofredo Lanuza, Jason Laguerta, Selfa Napicol at Nonalyn Vista.

2005 (Manila): Ikatatlumpong Pambansang Kumperensya*: "Gandang Pinoy: Loob at Labas."* University Conference Center, Far Eastern University, Sampaloc, Manila, 24-26 Nobyembre 2005. Pinamahalaan ng Lupong Tagapamahala kasama si Jose Maria Diestro Jr.

2006 (Cagayan): Ikatalumput-isang Pambansang Kumperensya: "Taos Puso, Bukas Palad: Kultura at Sikolohiya ng Pagkalinga." Conference Hall, Lyceum of Aparri, Aparri, Cagayan, 23-25 Nobyembre 2006. Pinamahalaan ng Lupong Tagapamahala kasama sina Carmelo Callueng at Joel Reyes.

2007 (Manila): Ikatatlumpu't dalawang Pambansang Kumperensiya: *"www.PINOYster.com: Sikolohiya at Teknolohiya sa Kultura at Lipunang Pilipino."* Far Eastern University Conference Hall, 22-24 Nobyembre 2007. Pinamahalaan nina Jay Yacat at Jose Maria Diestro.

2008 (Pampanga): Ikatatlumpu't tatlong Pambansang Kumperensiya*: "Gaan at Gana sa Buhay: Ang Sikolohiya ng Sarap, Ligaya at Ginhawa sa Kultura at Lipunang Pilipino."* Holy Angel University - Angeles, Pampanga, 20-22 Nobyembre 2009. Pinamahalaan nina Jonathan Tinio, Josefina Andrea Cantiller at Homer Yabut.

2009 (Quezon City): Ikatatlumpu't apat na Pambansang Kumperensya: "Pera, Negosyo at Sikolohiya: Pwede bang Magsama?" Miriam College-Quezon City, 19-21 Nobyembre 2010, Pinamahalaan nina Dr. Ben Teehankee, Jose Maria Diestro, Jr. at Dean Ma. Concepcion Y. Lupisan.

2010 (Baguio): Ikatatlumpu't limang Pambansang Kumperensya: *"Sikolohiyang Pilipino: Sa Isip, sa Salita, at sa Gawa."* University of the Philippines-Baguio, 25-27 Nobyembre 2010. Pinamahalaan nila Homer Yabut at Ma. Victoria Diaz.

2011 (Quezon City): Ikatatlumpu't anim na Pambansang Kumperensya: *"Sikolohiyang Pilipino: Kahapon, Ngayon at Bukas."* University of the Philippines-Diliman, 24-26 Nobyembre 2011. Pinamahalaan ni Jose Antonio R. Clemente.

2012 (Batangas): Ikatatlumpu't pitong Pambansang Kumperensya: *"Tibay, Tapang at Tatag: Pagharap ng Pinoy sa mga Hamon ng Buhay."* Lyceum of the Philippines University-Batangas, 22-24 Nobyembre 2012. Pinamahalaan ni Miriam Aquino-Malabanan.

MGA LUPON NG KUMPERENSIYA

Lupong Tagapagpaganap	John Hermes C. Untalan Miriam Grace Aquino-Malabanan Dr. Josephine B. Alba Kenjie E. Jimenea Jay A. Yacat Josefina Andrea R. Cantiller Kenneth Carlo L. Rives
Programa	John Hermes C. Untalan Homer J. Yabut Miriam Grace Aquino-Malabanan Jay A. Yacat
Sekretaryat	Kenneth Carlo L. Rives Jayson D. Petras Josefina Andrea R. Cantiller Luz V. Garcia Kenjie E. Jimenea Mae Danica Doreen F. Trinidad UNC-Association of Psychology Majors
Pananalapi	Josefina Andrea R. Cantiller Kenneth Carlo L. Rives Luz V. Garcia
Dokumentasyon at Ebalwasyon	Kenjie E. Jimenea UNC-Association of Psychology Majors LPU-Batangas Psychology Association
Paanyaya	Kenneth Carlo L. Rives Kenjie E. Jimenea Dr. Josephine B. Alba Lyra R. Verzosa
Lohistika	Kenjie E. Jimenea Kenneth Carlo L. Rives Jeffrey John A. Directo Mae Danica Doreen F. Trinidad UNC-Association of Psychology Majors
Marketing at Sponsorship	Homer J. Yabut Jay A. Yacat Kenneth Carlo L. Rives

TUNGKOL SA KUMPERENSIYA

Itatampok sa tatlong araw na kumperensiya ang mga pagtalakay sa paghubog ng malasakit at pananagutan ng mga Pilipino sa iba't ibang kunteksto at ang pagtatanghal ng mga pananaliksik ng mga sikolohista at iba pang eksperto't may interes sa lipunan, kultura at sikolohiyang Pilipino. Sa ikatlong araw, magkakaroon din ng mga workshop/lakbay-aral na patuloy na maglilinang sa mga kaalaman at kasanayan ng mga dadalo sa kumperensiya.

MGA LAYUNIN NG KUMPERENSIYA:

1. pagtuunan ng pansin ang paghubog ng pananagutan at malasakit sa iba't ibang kunteksto: pag-uugnayan, pamilya, paaralan, propesyon, pananampalataya, at pamahalaan;
2. magtampok ng mga pananaliksik sa sikolohiya, kultura, at lipunang Pilipino;
3. magbahagi ng kaalaman at kasanayan na nagtataguyod ng Sikolohiyang Pilipino.

PANGKALAHATANG PROGRAMA NG KUMPERENSIYA

NOBYEMBRE 21, 2013 (HUWEBES)

7:00–8:30 n.u.
Pagpapatala

8:30–09:00 n.u.
Pagbubukas ng Kumperensiya

- Mensahe mula sa Dekana ng Kolehiyo ng Sining at Agham ng University of Nueva Caceres *(Dr. Josephine B. Alba)*
- Pagbubukas, pagpapakilala sa mga delegado at pagpapaliwanag sa Tema at Disenyo ng Kumperensiya *(Prop. Miriam Grace Aquino-Malabanan)*
- Mensahe mula sa Pangulo ng PSSP *(Prop. Jay A. Yacat)*

9:00–10:00 n.u.
Pambungad na Pananalita
G. Conrado de Quiros *(Philippine Daily Inquirer)*

10:00–10:30 n.u.
Meryenda

10:30-12:00 n.t.
Plenaryong Sesyon 1: Paghubog ng Malasakit at Pananagutan
Dr. Grace Aguiling-Dalisay *(Unibersidad ng Pilipinas-Diliman)*

12:00–1:30 n.h.
Tanghalian
Pulong ng Kasapian

- Pagpapakilala sa Lupon ng mga Kadiwa ng PSSP *(Prop. Jay A. Yacat)*
- Ulat ng Pangulo *(Prop. Jay A. Yacat)*
- Ulat ng Ingat-Yaman *(Prop. Josefina Andrea R. Cantiller)*
- Maikling Pagtalakay ng Patakaraang Pangwika ng PSSP *(Prop. Jayson D. Petras)*
- Paglulunsad ng DIWA E-Journal *(Prop. Jayson D. Petras)*
- Panunumpa ng Bagong Kasapi ng PSSP *(Prop. Jayson D. Petras)*

1:30–3:00 n.h.
Plenaryong Sesyon 2: Pagdadalumat ng Malasakit at Pananagutan
Fr. Albert E. Alejo, S.J. *(Ateneo de Zamboanga University)*

3:00–3:30 n.h.
Meryenda

3:30–5:00 n.h.

Plenaryong Sesyon 3: Malasakit at Pananagutan sa Sikolohiya sa Pilipinas: Tugon ng Psychological Association of the Philippines
Dr. Ma. Regina M. Hechanova-Alampay *(Psychological Association of the Philippines at Ateneo de Manila University)*

5:30–6:30 n.g.

Kultural na Pagtatanghal

NOBYEMBRE 22, 2013 (BIYERNES)

7:00–8:30 n.u.

Pagpapatala

8:30–10:00 n.u.

Sabayang Sesyon 1

Venue: Antonio Moran Sison (AMS) Building

- Sesyon 1A—Malasakit at Pananagutan *(AMS 206)*
- Sesyon 1B—Sikolohikal na Analisis ng Katutubong Konsepto/Katutubong Analisis ng Sikolohikal na Konsept *(AMS 207)*
- Sesyon 1C—Sikolohiyang Klinikal *(AMS 208)*
- Sesyon 1D—Penomenolohikal na Pag-aaral 1: Buhay-Kabataan *(AMS 209)*
- Sesyon 1E—Sikolohiyang Panlipunan *(AMS 210)*

10:00–10:30 n.u.

Meryenda

10:30-12:00 n.t.

Sabayang Sesyon 2

Venue: Antonio Moran Sison (AMS) Building

- Sesyon 2A—Symposium: Ang Grupo bilang Daluyan ng Buhay at Pagpapahayag ng Malasakit at Pananagutan *(AMS 206)*
- Sesyon 2B—Sikolohiya ng Kapwa 1: Hindi Ibang Tao at Ibang Tao *(AMS 207)*
- Sesyon 2C—Paghahanda at Pag-aangkop sa Sakuna at Kalamidad *(AMS 208)*
- Sesyon 2D—Penomenolohikal na Pag-aaral 2: Mga Isyu ng Kabataan *(AMS 209)*
- Sesyon 2E—Sikolohiyang Pulitikal *(AMS 210)*

12:00–1:30 n.h.

Tanghalian

1:30–3:00 n.h.

Sabayang Sesyon 3

Venue: Antonio Moran Sison (AMS) Building

- Sesyon 3A—Pamilyang Pilipino *(AMS 206)*
- Sesyon 3B—Sikolohiya ng Kapwa 2: Mga Kilos at Pagpapahalaga *(AMS 207)*
- Sesyon 3C—Pagharap sa Karanasan ng Pang-aabuso *(AMS 208)*
- Sesyon 3D—Sikolohiyang Pang-Edukasyon *(AMS 209)*
- Sesyon 3E—Pagmamahal at Pagpapahalaga sa Sarili *(AMS 210)*

3:00–3:30 n.h.

Meryenda

3:30–5:00 n.h.

Sabayang Sesyon 4

Venue: Antonio Moran Sison (AMS) Building

- Sesyon 4A—Sikolohiyang Pangkalusugan *(AMS 206)*
- Sesyon 4B—Samu't Saring Pag-aaral *(AMS 207)*
- Sesyon 4C— Mga Sikolohikal na Programa at Interbensiyon *(AMS 208)*
- Sesyon 4D— Mga Estratehiya at Programang Pang-Edukasyon *(AMS 209)*
- Sesyon 4E— Panliligaw, Pag-aasawa at Pangangaliwa *(AMS 210)*

NOBYEMBRE 23, 2013 (SABADO)

7:00–8:00 n.u.

Pagpapatala sa SP Workshop Series

8:00–12:00 n.t.

Sikolohiyang Pilipino Workshop Series 2013

PROGRAMA NG SABAYANG SESYON

Nobyembre 23, 2013 (Biyernes)
Sabayang Sesyon 1: 8:30-10:00 n.u.

Sesyon 1A
MALASAKIT AT PANANAGUTAN
AMS 206

Tagapagpadaloy: Susana Corazon C. Ortega
Unibersidad ng Pilipinas-Diliman

Malasakit: Paglilinaw ng Kahulugan at Sukatan
Susana Corazon C. Ortega
Unibersidad ng Pilipinas-Diliman

Pananagutan sa Wikang Filipino: Pagtugaygay sa mga Patakaran at Usaping Pangwika at ang Pagtataguyod ng Wikang Pambansa sa Akademya
Jayson D. Petras
Unibersidad ng Pilipinas-Diliman

"Wala Lang, Meron Pala!": Pagbabalangkas ng Pananagutan at Malasakit ng mga Mag-aaral ng University of Caloocan City sa Pagboboluntaryo sa Siko-Sosyal na Paggabay-Pagpapayo
Carl O. Dellomos
University of Caloocan City

"Kaya nga naging Single": Isang Pagtatangkang Papel Ukol sa Sikolohiya ng Malasakit at Pananagutan
Rene P. Zubieto
Southern Luzon State University

Sesyon 1B
SIKOLOHIKAL NA ANALISIS NG KATUTUBONG KONSEPTO/ KATUTUBONG ANALISIS NG SIKOLOHIKAL NA KONSEPTO
AMS 207

Tagapagpadaloy: Darren E. Dumaop
De La Salle-College of Saint Benilde/Pamantasang De La Salle–Dasmariñas

Tagasalo Personality sa mga Katamtamang Gulang na mga Tagapagtaguyod ng Pamilya
Princess P. Arce, Mylen R. Dimaculangan, Miriam Grace Aquino-Malabanan
Lyceum of the Philippines University-Batangas

Konseptong Altruismo sa Sikolohiya ng Pilipino: Isang Panimulang Pag-aaral
Jacinto E. Gallarte, Mark Joseph D. Zabala
Pamantasang De La Salle-Dasmariñas

Sa Likod ng Maskara: Ang Pagkalalaki sa Pananaw ng Kalalakihang Palaweño
Lorizza Mae C. Posadas, Rowena Gaspay-Fernandez
Palawan State University

O, Lungkot, Huwag Mo 'Kong Iiwan, Maawa Ka! Isang Pagsisiyasat sa Kabuluhan ng Lungkot
Darren E. Dumaop
De La Salle-College of Saint Benilde at Pamantasang De La Salle–Dasmariñas

Sesyon 1C
SIKOLOHIYANG KLINIKAL
AMS 208

Tagapagpadaloy: Howell B. Calma
Holy Angel University

Antas ng Nararanasang Stress, Depressive Tendencies, at mga Kaukulang Pag-aangkop ng International Students sa mga Piling Pamantasan sa Maynila
Graciel A. Lintag, Mardy E. Dizon, Hamideh Hadizadeh
Far Eastern University

Sa Likod ng Pagka-umid: Katangian ng mga Batang may Selective Mutism at mga Pamamaraan ng Paggabay sa Kanila
Maria Caridad H. Tarroja,
Pamantasang De La Salle-Maynila/PsychConsult, Inc.
Maria Araceli B. Alcala, Evangeline Alianan-Bautista
PsychConsult, Inc.

Mga Kaso ng Balatung: Ang Startle Matching Syndrome ng Pampanga
Howell B. Calma
Holy Angel University

Sesyon 1D
PENOMENOLOHIKAL NA PAG-AARAL 1: BUHAY-KABATAAN
AMS 209

Tagapagpadaloy: Miriam Grace Aquino-Malabanan
Lyceum of the Philippines University-Batangas

Ang Pagiging Working-Student: Pananagutan sa Lipunan o Pagmamalasakit sa Sarili?
Venus A. Vitales, Annie Dinh Maria M. Alfaro
Wesleyan University-Philippines

Isang Penomenolohikal na Pag-aaral sa Kung Paano Naaapektuhan ng Cosplay ang Self-Presentation ng Cosplayer
Lida Landicho, Dior Grita F. De Torres, Roma Angelica P. Victoriano
Lyceum of the Philippines University-Batangas

Kasalukuyang Kalagayan ng Buhay, Subjective Well-Being at Life Chances ng mga Batang Pilipinang Magsasaka
May Angelica A. Saludez, Angelo R. Dullas, Marvin N. Tolentino
Central Luzon State University

Sesyon 1E
SIKOLOHIYANG PANLIPUNAN
AMS 210

Tagapagpadaloy: Maria Cecilia Gastardo-Conaco
Unibersidad ng Pilipinas-Diliman

Ang Epekto ng Magkakaibang Antas ng Positibong Berbal at Di-Berbal na Pahiwatig sa Persepsyon ng Pagiging Palakaibigan ng Mga Estudyante sa Kolehiyo
Teresita Tabbada-Rungduin, Darwin C. Rungduin, Maybeline D. Pacia, Anne Margaret B. Navarro, Michael P. Lascano
Philippine Normal University at Colegio de San Juan de Letran

Social Identity Batay sa Katayuang Sosyo-Ekonomiko, Kagalakan sa Buhay, at Pagpapahalaga sa Sarili
Maria Cecilia Gastardo-Conaco, Diwa Malaya A. Quiñones
Unibersidad ng Pilipinas-Diliman

Ang Ugnayan ng Aggression at Frustration dulot ng Paglalaro ng mga Computer Games
Jovielyn Mañibo, Dior Grita De Torres, Edielyn Gonzalvo
Lyceum of the Philippines University-Batangas

Nobyembre 22, 2013
Sabayang Sesyon 2: 10:30-12:00 n.t.

Sesyon 2A
SYMPOSIUM: ANG GRUPO BILANG DALUYAN NG BUHAY AT PAGPAPAHAYAG NG MALASAKIT AT PANANAGUTAN
AMS 206

Tagapagpadaloy: Violeta Villaroman-Bautista
Unibersidad ng Pilipinas-Diliman, Care and Counsel Wholeness Center at Center for Family, Workplace and Community Enhancement

Ang Grupo bilang Daluyan ng Buhay at Kasanayan: Ang Karanasan ng isang International NGO
Violeta Villaroman-Bautista
Unibersidad ng Pilipinas –Diliman , Care and Counsel Wholeness Center at Center for Family, Workplace and Community Enhancement

Ang Grupo bilang Lugar sa Pagpapanibagong Lakas, Sigla at Malasakit Matapos ang Disaster: Ang Karanasan ng World Vision
Cristabel Fagela-Tiangco
UP Diliman Extension Program in Pampanga/Care and Counsel Wholeness Center

Ang Pagsasanib ng Retreat at Group Process sa Pagpapayaman ng Ispiritwalidad, Malasakit at Pananagutan: Ang Karanasan ng isang Microfinance na NGO
Rosanne Galvez-Echivarre
UP Diliman Extension Program in Pampanga

Ang Organisasyon bilang Grupo na Pinaghuhugatan ng Lakas at Inspirasyon sa Panahon ng Disaster: Ang Karanasan ng ilang mga Humanitarian Workers sa Pilipinas
Johnrev B. Guilaran
University of the Philippines Visayas/Care and Counsel Wholeness Center

Sesyon 2B
SIKOLOHIYA NG KAPWA 1: HINDI IBANG TAO AT IBANG TAO
AMS 207

Tagapagpadaloy: Jay A. Yacat
Unibersidad ng Pilipinas-Diliman

Others* o *Significant Other*? Ang Impluwensya ng Pagkilala bilang Ibang Tao/Hindi Ibang Tao sa Pagpapakita ng *Self-Serving Bias
Patricia Nicole Y. Acido, Naveen K. Ganglani
Pamantasang De La Salle-Maynila

Pagtitiyak ng mga Interpersonal Values na Lumilitaw sa isang Sitwasyon ng Transgresyon
Darwin C. Rungduin,
Colegio de San Juan de Letran
Teresita Tabbada-Rungduin
Philippine Normal University

Mga Sikolohikal na Kahihinatnan ng mga Paglabag sa Pakikipagkapwa, Pakikiramdam at Pakikisama: May Papel Ba ang Pagiging Hindi Ibang Tao?
Jay A. Yacat
Unibersidad ng Pilipinas-Diliman

Sesyon 2C
PAGHAHANDA AT PAG-AANGKOP SA SAKUNA AT KALAMIDAD
AMS 208

Tagapagpadaloy: Pia Anna Perfecto-Ramos
Ateneo de Manila University/Bulatao Center for Psychological Services

Buwanang Kita, Bagyo, at Paghahanda sa Kalamidad
Ma. Joycelyn A. Go-Monilla, Ana Liza M. Dy
University of the East

Paunang Epekto at Benepisyo ng Pagtataguyod ng mga Espasyong Panlaro at Play Therapy Sessions para sa mga Batang Naapektuhan ng Bagyong Sendong
Pia Anna Perfecto-Ramos, Katrina May V. Dulay, Joanna Foz Castro, Celina Marie Torres
Ateneo de Manila University/Bulatao Center for Psychological Services

Sikolohikal na Ligalig at Pag-aangkop ng mga Biktima ng Sakuna sa Lungsod ng Marikina
Niclie Landas-Tiratira
University of Rizal System/New Era University

Sesyon 2D
PAGHAHANDA AT PAG-AANGKOP SA SAKUNA AT KALAMIDAD
AMS 209

Tagapagpadaloy: Pierce S. Docena
University of the Philippines Visayas Tacloban College

Pag-unawa sa Family Dynamics ng mga Batang Dumaranas ng Stress: Isang Masaklaw na Pampenomenong Pag-aaral
Argel B. Masanda
Central Luzon State University

Wish Ko, Ma-gets N'yo: Malasakit sa Kapwa-LGBT ng Kabataang Baklang Waray
Pierce S. Docena
University of the Philippines Visayas Tacloban College

Buhay, Karanasan at Hamon sa mga Batang Ama sa Victoria, Silangang Mindoro
April M. Bagon-Faeldan
Mindoro State College of Agriculture and Technology

Sesyon 2E
SIKOLOHIYANG PULITIKAL
AMS 210

Tagapagpadaloy: Diwa Malaya C. Quiñones
Unibersidad ng Pilipinas-Diliman

Tungo sa mga Social Representations ng Demokratikong Pagkamamamayan (Democratic Citizenship) ng mga Kabataang Pilipino
Maria Cecilia Gastardo-Conaco, Diwa Malaya A. Quiñones
Unibersidad ng Pilipinas-Diliman

Paghuhubog sa mga Batang 4K
Sr. Maria Vida C. Cordero, SFIC
Franciscan Movement for Justice, Peace and Integrity of Creation

Ang Paghahati ng Camarines Sur
Richard Martin C. Bautista, Ailen Marylou S. Bigay, Stephanie Beatriz O. Valera
Ateneo de Manila University

Nobyembre 22, 2013
Sabayang Sesyon 3: 1:30-3:00 n.h.

Sesyon 3A
PAMILYANG PILIPINO
AMS 206

Tagapagpadaloy: Silfa C. Napicol
Pamantasang De La Salle-Dasmariñas

Mga Determinant ng Self-Efficacy para sa Role Enactment ng Kabataan sa Konteksto ng Pamilyang Pilipino
Rosario T. Chu
Pamantasang De La Salle Araneta
Ma. Jenina N. Nalipay
Pamantasang De La Salle-Maynila

Paghubog ng Magulang sa Kabutihang-asal ng Anak sa Konteksto ng Kahirapan
Danielle P. Ochoa
Unibersidad ng Pilipinas-Diliman

Pag-aaruga ng mga Lola at Lolo sa kanilang mga Apo na mga Anak ng mga OFW
Alice V. Sibal-Lim
Miriam College

Sesyon 3B
SIKOLOHIYA NG KAPWA 2: MGA KILOS AT PAGPAPAHALAGA
AMS 207

Tagapagpadaloy: Charmaine P. Galano
University of the Philippines-Los Baños

Ang Pagbubuo ng Panukat ng Pakikisama
Jose Mari Almoradie Carpena
Pamantasang De La Salle-Maynila/Pamantasan ng Lungsod ng Maynila

Utang na Loob para sa mga Kabataan Ngayon: Isang Pagtataya
Lucy Mary M. Navarro, Rowena G. Fernandez
Palawan State University

Mahalaga nga ba ang Tampo-Lambing-Biro sa Pagpapaliwanag ng Pagkataong Pilipino?
Charmaine P. Galano
University of the Philippines-Los Baños

Sesyon 3C
PAGHARAP SA KARANASAN NG PANG-AABUSO
AMS 208

Tagapagpadaloy: Lyra E. Versoza
Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino, Philippine Mental Health Association at BALAY Rehabilitation Center

Pagharap ng mga Mag-aaral sa Hamon ng Bullying
Ma. Joycelyn A. Go-Monilla, Peter R. Go-Monilla
University of the East

Mga Kuwento ng Panlalait at Karahasan: Batayan ng Panukalang Programa para sa mga Baklang Mag-aaral sa Cavite State University-Naic
John Xavier B. Nepomuceno
Cavite State University-Naic

Multi-Attitudinal Suicidal Tendencies ng mga Batang Babaeng Nakaranas ng Pang-aabuso Mula sa Isang Home for Girls sa Palayan City, Nueva Ecija
Sherwin William H. Vidon, Lee Justin C. Magundayao, Donna Kriska A. Valerio, Venus A. Vitales
Wesleyan University-Philippines

Panaghoy ni Nanay: Ang Kaisipan at Kalagayan ng mga Kababaihang Inabuso sa Tahanan
Lino Fe R. Aglubat
Nueva Ecija University of Science and Technology

Sesyon 3D
SIKOLOHIYANG PANG-EDUKASYON
AMS 209

Tagapagpadaloy: Carl O. Dellomos
University of Caloocan City

Konsepto ng Edukasyon ayon sa Piling Out-of-school Youth ng Brgy. Sta. Fe Dasmariñas, Cavite
Daniel T. Matacot, Arjane Paula I. Sumague
Pamantasang De La Salle-Dasmariñas

Relasyon ng Edukasyon, School Involvement, at Pinapakain ng mga Magulang sa Debelopment ng mga Batang Ayta
Eden Hulipas-Terol, Cristabel Fagela-Tiangco, Rosanne Galvez-Echivarre, Bryan Q. Engay
UP Diliman Extension Program in Pampanga

Learning Environment at ang Epekto nito sa Akademikong Pagganap ng mga Mag-aaral sa Kolehiyo
Peter R. Go-Monilla
University of the East

Sesyon 3E
PAGMAMAHAL AT PAGPAPAHALAGA SA SARILI
AMS 210

Tagapagpadaloy: Rene P. Zubieto
Southern Luzon State University

Pagmamahal sa Sarili : Isang Ideolohiya
Alyssa Mae Balde, Joseph Allan O. Roxas, Darwin V. Sumaway
Pamantasang De La Salle-Dasmariñas

Pananaw, Saloobin, Karanasan at Pagpapahalaga sa Sarili ng mga Mag-aaral ng Kolehiyo (Bataan Peninsula State University) sa Kabundukan ng Abucay, Bataan
Icelle B. Soriano, Marita Gelua-David
Bataan Peninsula State University

"Constructs" sa Kahulugan ng Buhay at Pagpapahalaga sa Sarili ng mga Matatandang Catadores ng Sambat, Tanauan City, Batangas
Ma. Crizelle M. Bueno, Golan F. Canuzo, Jelene Joy S. Librea, Nimfa C. Gamban
First Asia Institute of Technology and Humanities

Etikal na Oryentasyon at Pagpapahalaga sa Sarili ng mga Ulilang Bata sa Sta. Arcadia, Cabanatuan City
Carleen O. Mata, Rubi Angeli C. Pirote, Venus A. Vitales
Wesleyan University-Philippines

Nobyembre 22, 2013
Sabayang Sesyon 4: 3:30-5:00 n.h.

Sesyon 4A
SIKOLOHIYANG PANGKALUSUGAN
AMS 206

Tagapagpadaloy: Johnrev B. Guilaran
Unibersidad ng Pilipinas-Visayas (Iloilo Campus)

KKK…Kalusugang pangKaisipan sa Lungsod ng Kalookan-Ikalawang Yugto: Mga Batang Kankaloo
Bernadette Bobis-Enriquez, Carl O. Dellomos, Ruben Balilo
University of Caloocan City

Maka-Kasariang Panggagamot sa mga Piling Komunidad ng Marinduque
Kristle Maryjoy H. Dumlao
Marinduque State College

Proseso ng Pagdedesisyon ng mga Kaanak para sa mga Pilipinong Pasyenteng nasa *Persistent Vegetative State*: isang *Grounded Theory*
Tyrone Reden L. Sy
Ateneo de Manila University/Unibersidad ng Pilipinas-Maynila

Sesyon 4B
SAMU'T SARING PAG-AARAL
AMS 207

Tagapagpadaloy: Jayson D. Petras
Unibersidad ng Pilipinas-Diliman

Dahilan ng Pagtatrabaho at Pagtanggap sa Pagtanda ng Senior Citizens sa Bayan ng Tanauan, Batangas
Amielle Rose S. Castillo, Eubelle C. Cornelio, Marichu G. Villegas, Nimfa C. Gamban
First Asia Institute of Technology and Humanities

Ang Epekto ng Alaala, Pag-uugali ng Tagapanayam at Conformity sa Pang-unawa ng Bata
Eliza Loraine R. Bicol, Edielyn D. Gonzalvo, Elna R. Lopez
Lyceum of the Philippines University-Batangas

Paglikha ng Commons: Awtonomiya ng Galaw at Kilos sa Asya at Daigdig upang Bumuo ng "Futures without a Blue Print"
Randy T. Nobleza, Jong Pairez, Melisa Gibson, Asher Quimzon, Bas Umali, Chris De Vera
Marinduque State College/Local Autonomous Network

An Maogmang Lugar: Kaligayahan, Pagiging Kuntento sa Buhay at Pagiging Relihiyoso ng mga Nagueños
Andrea Terese Delfin, Ronaldo SP. Elicay
Ateneo de Naga University

Sesyon 4C
MGA SIKOLOHIKAL NA PROGRAMA AT INTERBENSIYON
AMS 208

Tagapagpadaloy: Homer J. Yabut
Pamantasang De La Salle-Maynila

Ang Paggamit ng Istratehiyang Pangkalahatang Paglahok ng mga Empleyado (Total Employee Involvement) Upang Isulong ang Kapakanan ng mga Manggagawa sa Lipunang Pilipino
Joseph L. Torrecampo
Unibersidad ng Pilipinas-Diliman

Pagpapakilala sa Peer Counseling ng at para sa mga Taong may Kapansanan: Mga Kaisipan at Aral
Dinah Palmera P. Nadera
Foundation for Advancing Wellness, Instruction and Talents, Inc.
Frances Prescilla Cuevas
Department of Health

Debelopment at Balidasyon ng Isang Isinaayos na Programang Bokasyunal para sa Matatandang may Bahagyang Kapansanang Pang-intelektwal
Zhanina U. Custodio
Philippine Normal University

Sesyon 4D
MGA ESTRATEHIYA AT PROGRAMANG PANG-EDUKASYON
AMS 209

Tagapagpadaloy: Arnold H. Bautista
University of Nueva Caceres

Self-Regulated Learning, Motivational at Learning Strategies ng mga Mag-aaral mula sa Kolehiyo ng Sining at Agham at Accountancy ng Unibersidad ng Nueva Caceres
Arnold H. Bautista
University of Nueva Caceres

Isang Kwalitatibong Pag-aaral ng Filipino Classroom Setting tungo sa Pagbuo ng Strategic Plan sa Pagtuturo ng Asignaturang Filipino
Jay B. Fallan, Maria Jessica A. Enriquez
Mindoro State College of Agriculture and Technology

Disposisyong Pampersonalidad ng mga Seminarista ng XACOSE: Isang Batayan sa Pagbuo ng Pantaong Paghubog at Pag-unlad
Dyester G. Abo-abo, Justin Karl Paleguin, Jose Alberto Serrano, Jr., Matthew Raphael Daray
Ateneo de Davao University

Ang Papel ng *Self-efficacy* sa *Academic Performance* sa Ingles at Matematika ng mga Pilipinong Mag-aaral mula sa Science High School: Isang Posibleng Salik sa Pagiging Epektibo ng mga Programang Kurikular
Angelo R. Dullas
Central Luzon State University

Sesyon 4E
PANLILIGAW, PAG-AASAWA AT PANGANGALIWA
AMS 210

Tagapagpadaloy: Joan Dela Trinidad
University of Nueva Caceres

Ang Impluwensiya ng Media sa mga Kabataan, Saloobin Patungkol sa Kanilang Pag-ibig at Paniniwala sa Romantiko at Makatotohanang Relasyon
Myrien Eulah Kezia G. Banaag, Kathleen P. Rayos, Miriam Grace Aquino-Malabanan
Lyceum of the Philippines University-Batangas

Kasariang Pangingibabaw at Kasiyahan ng mga Mag-asawa sa Maynila
Prince Jhay Agustin, Cristelle Mae Amorin, Mary Jubilant Gutierrez, Aaron Paul Lingat, Deborah Rae Reyes
Pamantasan ng Lungsod ng Maynila

Ang Buhay at Karanasan ng mga Babaeng mayroong Extramarital Relationship
Rowena Gaspay-Fernandez, Jemimah G. Pizarro
Palawan State University

PAGPAPAKILALA SA MGA TAGAPAGSALITA



G. CONRADO DE QUIROS
Kolumnista
Philippine Daily Inquirer
conradeq@gmail.com

G. Si Conrado de Quiros (ipinanganak 27 Mayo 1951) ay isa sa mga pinakatanyag na kolumnista at manunulat sa Pilipinas. Kilala siya sa kaniyang mga matatalim at malikhaing mga komentaryo sa kaniyang kolum na "There's the Rub" sa Philippine Daily Inquirer.

DR. GRACE AGUILING-DALISAY
Tagapangulo, Departamento ng Sikolohiya
Unibersidad ng Pilipinas-Diliman
grace_a_d@yahoo.com

Si Dr. Grace Aguiling-Dalisay ay Propesor sa Sikolohiya at tagapagtaguyod ng naaayon-sa-kulturang praktis at kawanggawa para sa panlipunang pagbabago. Bahagi siya ng gradwadong kaguruan sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman, Miriam College, at Republican College. Ang kaniyang hinahawakang mga kurso, pananaliksik, programa sa pagsasanay, konsultasyon, at kawanggawa ay umiinog sa mga larangan ng Pag-unlad ng Tao, Pagka-ama at Pagkamagulang, Sikolohiyang Pilipino, Sekswalidad at Pagkatao, Kabataaang Nahaharap sa Krisis, Bolunterismo at Panlipunang Pananagutan, Kwalitatibong Pamamaraan ng Pananaliksik, at Sistema ng Pamamahala sa Kawanggawa.

Kaugnay ng kaniyang akademikong gawain bilang developmental psychologist, naglingkod siya bilang Direktor sa Pananaliksik ng Philippine Sesame Street Project na siyang responsable sa pagkakabuo ng programang pantelebisyong Batibot. Nagsisilbi rin siya bilang Philippine Country Director ng International Children in Crisis Research Project. Bukod dito, siya ang tumatayong Consultant ng Wyeth Academic Series on Giftedness and Child Development.

Sa larangan ng sikolohiya at kulturang Pilipino, taglay niya ang ekstensibong karanasan sa pagkakaloob ng kultural na pagsasanay sa mga expatriate ng iba't

ibang mga kompanyang multinasyonal sa Pilipinas at mga banyagang boluntaryong naglilingkod sa bansa. Nagsisilbi rin siya bilang Resource Person para sa Cadetship Program of the Foreign Service Officers ng Department of Foreign Affairs. Dagdag pa rito, naging tagapanayam at tagapayo na siya sa iba't ibang larangan ng katutubong sikolohiya sa mga programa ng simbahan, pamahalaan, akademya, at negosyo. Siya ay naglingkod bilang Miyembro ng Lupon at kabilang sa Kasaping Panghabambuhay ng Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino. Tatlong termino rin siyang humawak ng posisyon bilang Pangulo ng PSSP.

Bilang edukador, humawak si Dr. Grace ng iba't ibang gawaing administratibo na kinapapalooban ng pagiging Pangulo ng Republican College; Pangalawang Pangulo para sa mga Gawaing Akademiko ng Miriam College; at Kalihim sa Usaping Akademiko ng Kolehiyo ng Agham Panlipunan at Pilosopiya, UP Diliman. Ang kaniyang mga boluntaryong gawain sa pangangasiwa at edukasyon ay kinapapalooban ng kaniyang pagiging kasapi ng iba't ibang tuon-sa-edukasyong samahan. Sa katunayan, siya ang Trustee ng Center for Educational Measurement (CEM) at ng Philippine Association of Private Schools, Colleges and Universities (PAPSCU).

Nakamit ni Propesor Aguiling-Dalisay ang kaniyang digri sa B.S., M.A., at Ph.D. sa Sikolohiya sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman. Mayroon din siyang Professional Diploma in Family Ministries, Center for Family Ministries, Loyola School of Theology, Loyola Heights at naging Visiting Scholar sa Bank Street College of Education, New York.

FR. ALBERT E. ALEJO, S.J.
Katuwang ng Pangulo para sa Panlipunang Pagpapaunlad
Ateneo de Zamboanga University
paringbert@yahoo.com

Si Albert Alejo ay isang Pilipinong paring Heswita na buong pusong naglaaan ng panahon sa pakikipag-ugnayan sa mga unyonista at mga grupong manggagawa sa Maynila bago siya nagpagtuloy at nagtapos ng doktorado sa antropolohiya sa School of Oriental and African Studies, University of London.

Isang makata at pilosopong nagsusulat sa kaniyang katutubong wikang Tagalog, kasalukuyan siyang nakabase sa Mindanao kung saan aktibong siyang lumalahok sa pagtataguyod ng karapatan ng mga katutubo at sa pakikipagdiyalogo sa lipunang Muslim sa pamamagitan ng kaniyang pamumuno sa Mindanawon Initiatives for Cultural Dialogue.

Siya ang kasalukuyang Katuwang ng Pangulo para sa Panlipunang Pagpapaunlad sa Pamantasang Ateneo de Zamboanga. Pinamumunuan din niya ang Ehem! Anti-Corruption Movement at patuloy na gumagabay sa kaniyang pinasimulang Amuma Cancer Support Group. Isa sa kaniyang mga bagong lathala ay ang "Generating Energies in Mount Apo: Cultural Politics in a Contested Environment."



DR. MA. GINA M. HECHANOVA-ALAMPAY
Pangulo, Psychological Association of the Philippines
Tagapangulo, Departmento ng Sikolohiya
Ateneo de Manila University
ginahech@gmail.com

Si Ma. Regina 'Gina' M. Hechanova-Alampay ay kasalukuyang Kawaksing Propesor at Tagapangulo ng Kagawaran ng Sikolohiya sa Pamantasang Ateneo de Manila. Siya rin ang kasalukuyang Pangulo ng Psychological Association of the Philippines. Nagtapos si Gina ng kanyang Ph.D. Industrial/Organizational Psychology sa Central Michigan University at ng kaniyang M.A. at B.S. sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman. Taglay niya ang higit sa 20 taong karanasan bilang HR practitioner at consultant ng iba't ibang organisasyon sa Pilipinas at sa Estados Unidos. Mula 2008 hanggang 2013, nagsilbi siya bilang Ehekutibong Direktor ng Ateneo Center for Organization Research and Development (Ateneo CORD). Noong 1996, ginawaran siya ng Gawad Tsanselor para sa Pinakamahusay na Guro. Kinilala rin siya ng National Academy of Science and Technology bilang isa sa mga Outstanding Young Scientist noong 2005. Si Gina ay kasamang patnugot ng librong *The Way We Work: Research and Best Practices in Philippine Organizations* na naging nominado para sa 2006 National Book Awards. Kabilang sa kaniyang mga bagong publikasyon ay ang *Pinoy@Work* (2007), *Leading Philippine Organizations in a Changing World* (2008) at *For the People, With the People: Developing Social Enterprises in the Philippines* na nagwagi ng Cardinal Sin Catholic Best Book in Ministry sa Catholic Mass Media Awards noong Oktubre 13, 2010. Pinarangalan din siya bilang isa sa The Outstanding Women in Nation's Service (TOWNS) noong 2010.

ABSTRAK NG MGA PAPEL SA PLENARYONG SESYON

Ang Paghubog ng Malasakit at Pananagutan
Dr. Grace Aguiling-Dalisay
Tagapangulo, Departamento ng Sikolohiya
Unibersidad ng Pilipinas-Diliman

Tatalakayin ng presentasyon ang malasakit at pananagutan kaugnay ng paglilingkod sa kapwa. Bibigyan-diin ang mga programa sa Unibersidad na naglalayong hubugin ang mga mag-aaral nito sa mabuting asal at sa aktibong pakikilahok sa mga gawaing para sa kapakanan ng kapwa. Sa partikular, tutukuyin nito ang mga karanasan at aral mula sa mga programa sa pagpapahinungod at mga pang-akademikong programang lingkod-aral.

Pagdadalumat ng Malasakit at Pananagutan
Fr. Albert E. Alejo, S.J.
Katuwang ng Pangulo para sa Panlipunang Pagpapaunlad
Ateneo de Zamboanga University

Nagtataka ako na sa ilang usap-usapan, tila pinaghihiwalay ang konsepto ng *"loob"* at diskurso ng *"kapwa"*. Hindi ba't habang lumalalim ka sa iyong kalooban, lalo mo namang natutuklasan ang kaugnayan mo sa kapwa? Mahirap bang maunawaan na bagamat magkalayo ang mga isla sa ibabaw ng tubig, magkadugtong naman sila kapag lumalim ka ng sisid? Kailangan pa ba ang malakas na lindol at sabay silang mayanig? Sabi nga ng isang makata, magkadugtong ang ating mga bituka. At huwag na tayong lumayo pa: Ang sakit ng kalingkingan ay ramdam ng buong katawan. Mabuti na lamang at may mga salitang-tulay tulad ng "*malasakit"*. Sa pagmamalasakit, nagtatagpo ang pagpapakita ng *kagandahang-loob* at *pakikipagkapwa.* May malasakit ang loob na nagbubukas at nagpapatuloy sa kapwa. May malasakit din ang kapwa na umaako sa malalim niyang *pananagutan* sa iba. At higit pa. Sa panayam na ito, tutugon tayo sa paanyaya ng lawak at lalim ng *"malasakit"*. Mula panitikan hanggang karanasan, halina't ating danasin ang pananagutan at pagmamalasakit hindi lamang sa kapwa, kundi pati na sa mga bagay, sa kalikasan, at sa lipunan. Lumagay tayo sa konteksto ng pakikipamuhay sa mga kapatid na Muslim at Lumad sa gitna ng mga krisis sa Mindanao, kasama na ang pagsagupa sa bala at baha sa Zamboanga. Mula rito---malay mo!---baka makatuklas tayo ng ibayong yaman ng katagang *"malasakit"*---mula sa layon ng "*pakikipagkapwa-tao"* hanggang sa bagong hamon ng "*pakikipag-ibang-tao"*.

Malasakit at Pananagutan sa Sikolohiya sa Pilipinas: Tugon ng Psychological Association of the Philippines

Dr. Ma. Gina M. Hechanova-Alampay
Pangulo, Psychological Association of the Philippines
Tagapangulo, Departmento ng Sikolohiya, Ateneo de Manila University

Tatalakayin sa sesyong ito ang mga hamon at pagbabago sa Sikolohiya sa bansa at sa buong mundo. Kapagdaka'y ilalahad din kung paano tinutugunan ng Psychological Association of the Philippines (PAP) ang mga hamong ito sa pamamagitan ng pagpapatupad ng kanilang Roadmap 2020. Samantala, bilang pagpapatingkad ng pagmamalasakit ng mga sikolohista sa kapwa Pilipino, ilalarawan ang programang Sikolohiya para sa Sambayanang Edukasyon, isang proyekto kasama ang Departamento ng Edukasyon. Para naman sa pagpapatibay ng pananagutan ng mga sikolohista, ilalahad ang mga paraang isinasagawa ng PAP upang matiyak ang kalidad ng mga serbisyong sikolohikal at pagpapahusay sa kakayahan ng mga sikolohista sa pamamagitan ng proseso ng licensure at certification.

ABSTRAK NG MGA PAPEL SA SABAYANG SESYON

Sesyon 1A
MALASAKIT AT PANANAGUTAN
AMS 206

Malasakit: Paglilinaw ng Kahulugan at Sukatan
Susana Corazon C. Ortega
Unibersidad ng Pilipinas-Diliman
sccortega@yahoo.com

Nilinaw ang konsepto ng malasakit sa pamamagitan ng paggawa ng larangang leksikal, kung saa'y lumitaw ang mga salitang naiuugnay at umiinog sa konseptong ito. Batay sa nakalap na datos, bumuo ng isang iskala upang masukat ang kakayahang magmalasakit ng mga kalahok. Bukod sa mga sikometrikong panukat, pinagtibay ang iskala ng malasakit sa pamamagitan ng isang paraang quasi-experimental kung saa'y panaghambing ang dalawang magkasalungat na grupong inaasahang magpapamalas ng malasakuit. Ang konsepto ng malasakit ay kinakitaan ng pantao, pangkilos at pagkakataon o sitwasyonal na dimension.

Pananagutan sa Wikang Filipino: Pagtugaygay sa mga Patakaran at Usaping Pangwika at ang Pagtataguyod ng Wikang Pambansa sa Akademya
Jayson D. Petras
Unibersidad ng Pilipinas-Diliman
jaysonpetras_upd@yahoo.com

Nakaposisyon ang wikang Filipino bilang wikang de facto at wikang de jure ng Pilipinas. Nangangahulugan ang una ng pagkilala sa paggamit ng wika sa pang-araw-araw na pamumuhay samantalang isinasaad naman ng huli ang pormalisasyon nito sa pamamagitan ng pagtatakda dito bilang wikang pambansa at wikang opisyal. Gayunman, ang usaping pangwika ay hindi natatapos sa mga pagkilalang ito. Nananatili ang hamon sa wikang Filipino sa akademya na nag-uugat sa nakaraang mga patakarang pangwika at sa kalukuyang hatak ng globalisasyon. Ang papel na ito ay isang pagsipat sa naging takbo sa kasaysayang pangwika ng bansa at ang implikasyon nito sa wikang Filipino. Tinalunton nito ang mga polisiyang pangwika ipinatupad simula sa panahon ng pananakop ng mga Amerikano, na siyang nagtatag ng sistema ng pampublikong edukasyon at naggiit sa paggamit ng wikang Ingles, hanggang sa kasalukuyang hamon ng nagbabagong panahon. Mula rito, binigyang-pansin ang implikasyon ng kasaysayang pangwika sa paghubog ng atityud sa wikang Filipino ng kasalukuyang mga mag-aaral sa kolehiyo ng Unibersidad ng Pilipinas. Dulot ng pagkakaposisyon ng Ingles sa sistema ng edukasyon, nanatili ang mataas na pagtingin sa nasabing wika kumpara sa wikang Filipino at sa mga lokal na wika ng bansa. Gayunman, mababanaag din ang positibong pagtingin ng mga mag-

aaral sa pagpapaunlad ng wikang Filipino. Sa ganang ito, nararapat ang patuloy na pagpapaunawa sa papel at bisa ng wikang Filipino sa iba't ibang larangan gaya ng sikolohiya, na pinatutunayan ng mga naging tagumpay nito, bilang bahagi ng pananagutan sa wika at sa tunay na maka-Pilipinong pagkatuto.

"Wala Lang, Meron Pala!": Pagbabalangkas ng Pananagutan at Malasakit ng mga Mag-aaral ng University of Caloocan City sa Pagboboluntaryo sa Siko-Sosyal na Paggabay-Pagpapayo

Carl O. Dellomos
University of Caloocan City
carldel_888@yahoo.com

Ang pananaliksik na ito ay isang panimulang pag-aaral na naglalayong maibalangkas ang konsepto ng "pananagutan" at "malasakit" mula sa kamalayan ng mga mag-aaral. Tinasa ang mga karanasan ng mga mag-aaral ng University of Caloocan City sa kanilang pagboboluntaryo sa isinagawang programa para sa siko-sosyal na paggabay-pagpapayo sa Mataas na Paaralan ng San Francisco sa Lungsod Quezon. Pagtatanong-tanong ang ginamit na metodo sa pagkalap ng mga impormasyon mula sa mga kalahok ng pananaliksik na may bilang 63 boluntaryong mag-aaral sa nasabing programa. Batay sa mga ibinahaging impormasyon ng mga kalahok, masasabing ang pakiramdam na may pananagutan na nagmumula sa pansariling kapakanan (pagnanais na makakuha ng sertipiko ng pakikilahok o personal na karanasan sa pagiging bahagi ng isang programa) ay nagdudulot ng di-kalauna'y pagkamangha sa daynamiko ng sitwasyon (aktwal na pangyayari sa isinasagawang pagboboluntaryo sa isang programa) na humuhubog at lumilikha ng personal na reyalisasyon ng malasakit sa kapwa mula sa pagturing sa mga ginagabayan-pinapayuhan bilang ibang-tao tungo sa pagyakap sa kanila bilang di-ibang-tao.

"Kaya nga naging Single": Isang Pagtatangkang Papel Ukol sa Sikolohiya ng Malasakit at Pananagutan

Rene P. Zubieto
Southern Luzon State University
angguro_rene@yahoo.com

Sa pangaraw-araw natin ay kinakailangan ang paggawa ng isang desisyon. Ilan sa mga ito ay ipinapalagay na importante't di maipagpapaliban: gaya nang kung ano ang dapat kainin sa araw na ito, saan ka dapat mag-iimpok na banko o kahit ang usapin kung mag-aasawa ba ang isang tao o hindi. Ang mga usapin na kagaya nito ay sumasalamin sa ating mga pinipili o pipiliing pananagutan sa buhay. Kaya nga nabanggit ni Reed (2010) na sadyang napakahirap ang paggawa nang isang pagpapasya lalo na kung mga nakahanay na pagpipilian ay halos magkakasingtimbang o halaga. Sapat na dahilan sa isang pumipili na magkaroon nang kalituhan kung alin sa mga ito ang karapat-dapat na piliin at kung alin ang dapat ilagay sa isang tabi (sariling salin). Sa pagtatangkang papel na ito, sisikaping ibahagi ng mananaliksik na ilahad ang ilan sa mga pangunahing salik

sa sikolohiya ng malasakit at pananagutan ang salamin nang buhay na makikita sa mga single na indibibwal. Ilalarawan ng anim na piling kalahok mula sa Quezon ang natatangi nilang kwento ukol sa kanilang paglalakbay bilang mga single. Matingkad na makikita sa kanilang paglalahad gamit ang maka-Pilipinong lapit sa pananaliksik ang kanilang buhay single at mga piniling desisyon na mayamang batis nang impormasyon na nauukol sa sikolohiya ng malasakit at pananagutan hindi lamang para sa sarili kundi gayon din sa kanilang mga sariling pamilya at ibang tao sa paligid.

Sesyon 1B
SIKOLOHIKAL NA ANALISIS NG KATUTUBONG KONSEPTO/ KATUTUBONG ANALISIS NG SIKOLOHIKAL NA KONSEPTO
AMS 207

Tagasalo Personality sa mga Katamtamang Gulang na mga Tagapagtaguyod ng Pamilya

Princess P. Arce, Mylen R. Dimaculangan, Miriam Grace Aquino-Malabanan
Lyceum of the Philippines University-Batangas
princessarce48@yahoo.com

Ang pag-aaral na ito ay upang malaman ang antas ng "tagasalo personality" ng mga tagapagtaguyod ng pamilya na nasa katamtamang gulang (middle-aged) sa pamamagitan ng tatlong salik ng "Tagasalo Scale" tulad ng Dependability and Association (DA), Anxiety in Social Situations (AnxSS) and Responsibility (Resp.) na siyang nakasalalay sa Edad (Age), Kasarian (Gender), Ordinal Position, Hanap-buhay (Occupation) at Civil Status ng mga kalahok. Ang pag-aaral na ito ay sinakap rin na malaman ang tungkuling ng bawat kalahok sa kanilang pamilya sa pamamagitan ng Family Assessment Device (FAD) at ang mga salik na bumubuo dito. Ang mga iskala na ito ay siyang ginamit sa limapung (50) tagapagtaguyod ng pamilya na nasa katamtamang gulang (saklaw ng edad = 35 – 55 na taong gulang). Ang estatistikong pag-susuri ay isinagawa at lumabas na ang Anxiety in Social Situations (AnxSS) at Kasarian (Sig. = .032) ay mayroong makabuluhang kaugnayan. Higit pa rito, ang maramdaming paglahok (affective involvement) at ang Hanap-buhay (Sig. =.018) ng mga kalahok ay nagpakita rin ng makabuluhang ugnayan pati na rin ang pangkalahatang tungkulin (general functioning) ng mga kalahok at ang Civil status (Sig. =.031) ng mga ito. Napag-alaman din na walang ugnayan ang tatlong salik ng Tagasalo Scale at ng FAD. Ang mga resulta ng kuwalitatibong metodo ay nagpakita naman ng ugnayan sa karanasan ng mga kalahok at ang mga epekto ng mga pagbabago ng mga tungkulin sa isang pamilya.

Keywords: Tagasalo Personality, Tagasalo scale, Family Assessment Device

Sa Likod ng Maskara: Ang Pagkalalaki sa Pananaw ng Kalalakihang Palaweño

Lorizza Mae C. Posadas, Rowena Gaspay-Fernandez
Palawan State University
azzirol@gmail.com

Sinasabing komplikado ang pagiging isang lalaki. Ito ay napatunayan na ng daynamikong kultura sa mga nagdaang panahon, pinagtibay ng ebolusyon at patuloy na sinusubok at hinuhulma ng iba't ibang pagkakataon. Maraming pag-aaral ang naisagawa at nagsasabing ang pagiging isang lalaki ay naiimpluwensiyahan ng kinagisnang pamilya at kultura sa isang lugar. Binubuo ang pagkalalaki ng lakas, tikas, kapangyarihan at karampatang responsibilidad sa pamilya at lipunan. Kapansin-pansing laganap ang pananaliksik tungkol sa pagkalalaki sa Kanlurang bahagi ng mundo, subalit limitado ang literaturang nagpapaliwanag kung ano nga ba sa para sa mga Pilipino ang pagiging isang tunay na lalaki.

Layunin ng kwantitatibo at kwalitatibong pananaliksik na ito na alamin ang pananaw ng mga kalalakihang Pilipino tungkol sa "pagkalalaki", ang mga bagay na humuhubog at kaakibat nito, pati na rin ang mga aspetong maaaring makasira rito. Kinalap ang impormasyon sa pamamagitan ng serbey at Focus Group Discussion (FGD) na nilahukan ng mga napiling kalalakihan sa iba't ibang antas ng kolehiyo at buhay.

Samantala, sa pamamagitan naman ng tematikong pag-aanalisa, napatunayang may iba't ibang aspeto ang bumubuo sa pagkalalaki – mga damdamin, pangarap, takot at matinding pangangailang hindi agad nasasabi, naipakikita o naipadarama dahil ang mga ito ay nakakubli lamang gamit ang kanilang "maskara". Inilalahad din ng pananaliksik na ito ang implikasyon sa sarili, pamilya at lipunan ng mga naitalang pananaw at paniniwala ng mga kalahok tungkol sa kanilang pagkalalaki.

O, Lungkot, Huwag Mo 'Kong Iiwan, Maawa Ka! Isang Pagsisiyasat sa Kabuluhan ng Lungkot

Darren E. Dumaop
De La Salle-College of Saint Benilde at Pamantasang De La Salle–Dasmariñas
darren.dumaop@benilde.edu.ph, dedumaop@dlsud.edu.ph, dedumaop@gmail.com

Pinaniniwalaang may likas na kabuluhan ang lungkot, kahit na ibinibilang itong isa sa mga negatibong damdamin. Ngunit para saan at ang tao ay nalulungkot? Limang babaeng mag-aaral sa kolehiyo ang nakibahagi sa isang ginabayang talakayan tungkol sa kanilang malulungkot na karanasan. Sa pagsusuri sa naging talakayan, natukoy ang iba't-ibang katangian ng lungkot, ang mga posibleng pinagmumulan nito at ang mga paraan kung paano ito pinapawi. Sa huli, tinangkang taluntunin ang kabuluhan ng lungkot o ang silbi nito sa pag-iral ng

tao. Tumukoy rin ng mga implikasyon hinggil sa papel ng lungkot sa maginhawang pamumuhay.

Sesyon 1C
SIKOLOHIYANG KLINIKAL
AMS 208

Antas ng Nararanasang Stress, Depressive Tendencies, at mga Kaukulang Pag-aangkop ng International Students sa mga Piling Pamantasan sa Maynila

Graciel A. Lintag, Mardy E. Dizon, Hamideh Hadizadeh
Far Eastern University
graciel_lintag@yahoo.com

Ang mga sabansaang mag-aaral (international students) ay ang pinakabago at hayag na grupo ng mga migrante sa Pilipinas. Karamihan sa kanila ay pumupunta sa Pilipinas para sa mga oportunidad na pang-ekonomiya at pang-edukasyon; upang pag-ibayuhin ang kanilang kakayahang magsalita sa wikang Ingles; o kumuha ng kurso sa kolehiyo o higit pa.

Maaaring maging masalimuot ang mag-aral sa ibang bansa tulad ng Pilipinas para sa mga sabansaang mag-aaral, lalo na sa aspektong pisikal at emosyonal na kawalang-ginhawa pagdating sa paninirahan sa ibayong lugar. Puwede man itong maging kalugud-lugod at nakapagpapasiglang karanasan, nagiging sanhi rin ito ng tensyon at lumbay. Nakakaranas sila ng tensyon habang sinusubukan nilang umayon sa bagong heograpiya, kultura, at wika. Nagiging 'pangkaraniwan' ang mga mag-aaral na ito kapag sila ay nagpunta sa ibang bansa, kahit na 'pinakamagaling' sila sa kanilang pinanggalingan; nakakalikha ito ng tensyong mahirap lampasan. Sinusubukan ng mga sabansaang mag-aaral na mag-isang humanap ng kalutasan sa kanilang mga tensyon ngunit sa huli ay nakakaramdam sila ng pagkawalang-kaya at pagka-inutil, at nagiging sanhi ito ng paggamit ng sukdulang desisyon bilang pangunahing pamamaraan ng pagkaya.

Siniyasat ng pag-aaral na ito ang antas ng tensyon (stress level) , mga pagkiling sa lumbay (depressive tendencies), at pagtugon ng pagkaya (coping responses) ng mga piling sabansaang mag-aaral. Bukod pa rito, ginalugad din ang mga pagkakaiba sa antas ng tensyon, mga pagkiling sa lumbay, at pagtugon sa pagkaya ng mga kalahok kapag pinangkat ang kanilang mga tugon ayon sa kasarian, antas ng pinag-aralan at klase ng tirahan.

Para sa pag-aaral na ito, ginamit ng mga mananaliksik ang deskriptibong pag-aaral, partikular na ang disenyong comparative correlational. Pitumpung sabansaang mag-aaral na kasalukuyang naka-enrol sa mga programang pangkolehiyo at panggraduwado sa iba't ibang pamantasan at kolehiyo sa University Belt ang nagsilbing kalahok. Tinipon sila gamit ang metodong

purposive sampling. Upang masukat ang kakayahang pagkaya ng mga sabansaang mag-aaral, ginamit ang Coping Responses Inventory Adult Form. Ginamit naman ang Depression Anxiety Stress Scale upang malaman ang kanilang mga pagkiling sa lumbay. Na-analisa at binigyang-kahulugan ang mga datos sa pamamagitan ng bahagdan, mean, standard deviation, t-test for independent samples, at Pearson coefficient of correlation.

Nabunyag sa pag-aaral na ito na mas nakakaramdam ng kawalan ng pag-asa ang mga lalaking kalahok, at mas mababa rin ang kanilang interes sa pakikilahok sa mga gawaing pang araw-araw, kumpara sa mga babaeng kalahok. Pareho ring nahihirapan ang mga lalaki at babaeng kalahok sa pag-iintindi o sa paghahandang pangkaisipan na may kinalaman sa mga bagay na nagbibigay-tensyon at sa mga kahihinatnan nito. Nalaman din sa pag-aaral na ito na parehong nag-uukol ng panahon ang mga kalahok na mag-isang naninirahan o kasama ang kanilang pamilya sa mga paraan ng pagkaya na may kinalaman sa pagpalit ng mga gawain o paglikha ng mga bagong pinagmumulan ng kasiyahang-loob. Walang pinagkaiba ang mga kalahok na nag-aaral sa kolehiyo at sa mga nag-aaral sa antas pang-graduwado pagdating sa kanilang pagtugon ng pagkaya na may kinalaman sa kanilang antas ng tensyon. Habang tumataas ang antas ng pagkalumbay ng mga kalahok, tumataas din ang kanilang pagkiling na bigyang kahulugan ang suliranin sa isang positibong paraan habang tinatanggap ang katunayan ng kanilang kalagayan. Kahalintulad nito, habang tumataas ang antas ng pagkalumbay ng mga sabansaang mag-aaral, tumataas din ang kanilang pagkiling na kayanin ang nakakabahalang kalagayan sa pamamagitan ng pagtanggap nito.

Sa likod ng pagka-umid: Katangian ng mga batang may Selective Mutism at mga pamamaraan ng pag gabay sa kanila

Maria Caridad H. Tarroja,
Pamantasang De La Salle-Maynila/PsychConsult, Inc.
caring_tarroja@yahoo.com
Maria Araceli B. Alcala, Evangeline Alianan-Bautista
PsychConsult, Inc.

Sinuri sa pag-aaral na ito ang katangian ng labinlimang mga kabataan na isinangguni sa isang klinika ng mga psychologists, dahil sa diagnosis na Selective Mutism (SM). Sa pamamagitan ng behavior checklists, pag-obserba sa mga bata sa kanilang pag-lalaro, at pangangalap ng impormasyon sa mga kapamilya at guro, natuklasan sa pag-aaral na may pagkaka tulad ang mga batang may SM sa pagkilos, pag-uugali, at karanasan ng pamilya sa pangkalahatan. Ang pagkakaroon ng anxiety sa pamilya ay natukoy sa pag-aaral; mapapansin rin ang pagkakaroon ng mga bata ng karanasan ng *separation anxiety* sa unang pag pasok sa eskwelahan. Sa pag-kilos at pag-uugali, karamihan ng mga batang may SM ay may pagpigil sa kanilang kilos. Ang hindi pag-imik ay pamamaraan ng mga bata upang umiwas sa *anxiety* na nararamdaman. Ilalathala rin ng report na ito ang iba't ibang mga pamamaraang nakatulong upang ang mga bata ay unti-

unting umusad mula sa pagka-kimi patungo sa mas malawak na pakikisalamuha sa iba. Kabilang sa mga pamamaraang ito ay mga cognitive behavior strategies at pakikipag-tulungan sa mga guardians/magulang at eskwelahan.

Mga Kaso ng Balatung: Ang Startle Matching Syndrome ng Pampanga

Howell B. Calma
Holy Angel University
hcalma@hau.edu.ph

Ang pananaliksik na ito ay ginawa upang ipaliwanag ang aspetong biopsychosocial ng mga indibidwal na kakikitaan ng *Balatung* (sintomas ng pagkamagugulatin ng mga taga- Pampanga. Isinagawa ito sa paraang deskriptib na pamamaraan ng pananaliksik upang ipaliwanag ang mga katangian ng limang Kapampangan na kakikitaan ng balatung sa iba't ibang konteksto na nakapokus sa modelong biopsychosocial. Ang mga impormasyong nakalap sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga sikolohikal na pagsusulit (*Panukat ng Ugaling Pilipino,* at Trauma Symptoms Inventory - 2), observation checklists at ang pagsasagawa ng masusing pakikipanayam sa mga respondente. Ipinakita ng resulta na sa aspetong bayolohikal, ang mga kalahok sa pananaliksik ay may haypertension, isang miyembro ng kanilang pamilya ay may haypertension at lahat ng kalahok sa pananaliksik ay walang record ng sakit sa pag-iisip. Sa aspetong sikolohikal naman ng mga respondente, karamihan sa kanila ay nakakuha ng katamtamang iskor sa *mga katangian, karamihan din sa kanila ay nakakuha ng mataas at mababang iskor sa pagkamahiyain, pagkamatulungin, katipiran, tigas ng ulo at lakas ng loob*. Ipinakita naman ng resulta ng kanilang behavioral manifestations na karamihan sa mga kalahok sa pananaliksik ay kakikitaan ng echopraxia, coprolalia at echolalia. Makikita rin sa kanila ang mataas na antas ng pagkabalisa at mababang lebel ng depresyon. Sa aspetong sosyal naman, lahat ng respondente ay Kapampangan, babae, may edad na katamtaman hanggang sa katandaan at kabilang sa sektor na marginalized, hindi nakatapos ng pag-aaral. Dagdag pa rito na wala silang permanenteng kita at nakaranas na magtrabaho sa murang edad upang maitaguyod ang kanilang pamumuhay at makatulong sa kanilang pamilya.

Keywords: Culture Bound Syndrome, *Kapampangan*, Startle Matching Syndrome

Sesyon 1D
PENOMENOLOHIKAL NA PAG-AARAL 1: BUHAY-KABATAAN
AMS 209

Ang Pagiging Working-Student: Pananagutan sa Lipunan o Pagmamalasakit sa Sarili?

Venus A. Vitales, Annie Dinh Maria M. Alfaro
Wesleyan University-Philippines
ven_vi@yahoo.com

Ang pananaliksik ay tungkol sa katangian, kalagayan at pananaw ng mga working students; kung itinuturing na pananagutan sa lipunan o pagmamalasakit sa sarili ang pagiging working student. Gamit ang descriptive-qualitative na metodo at ang teorya ni Abraham Maslow tungkol sa basic needs at motivation, kinapanayam ang mga kalahok mula sa iba't ibang kolehiyo sa Lungsod ng Cabanatuan, Nueva Ecija.

Napag-alaman sa pananaliksik ang mga sumusunod: ang mga kalahok ay edad 17 nang sila ay mag-umpisang maging working student; halos magkasindami ang mga lalake at babae; sila ay nasa ikatlong antas sa kolehiyo; panganay sa 3 magkakapatid; at ang edad ng mga nanay ay 48 at ang mga tatay ay 50.

Sa katayuang pinansiyal, karamihan sa kanilang mga tatay ay magsasaka at ang mga nanay ay hindi naghahanap-buhay. Ang pamilya nila ay kumikita ng P10,800 kada buwan; ito ang dahilan kaya sila ay nag-working student bilang student assistant, service crew sa mga fast food chains, encoder sa mga computer shop at kumikita sila ng P3,466 kada buwan. Pangunaging pinagkakagastusan ay ang tuition fee, alawans at projects sa eskwelahan.

Sa kalagayang emosyunal, mas nakakarami ang nagsabing mas maayos ang kalagayan ng mga hindi working student sapagkat mas napagtutuunan ang pag-aaral. Para sa ibang kalahok, naniniwala silang mas may pakinabang ang maging working student dahil sa karanasan, nagiging responsable sila, at natututong magbudget at maging independent.

Karamihan sa mga kalahok ang nagsabi na ang pagpapaaral sa mga anak ay responsibilidad ng mga magulang. Ayon naman sa ibang kalahok responsibilidad din ng mga anak na tulungan ang mga magulang kung walang kakayahang magpa-aral ng anak sa kolehiyo.

Ang mga problema na kanilang nararanasan ay time management at diskriminasyon sa trabaho; pamilya ang pangunahing tumutulong sa kanila, sumunod ay mga kaibigan at kaklase, kasama na rin ang mga guro, pastor at ministro sa kanilang simbahan. Ang mga payo sa kanila ay huwag mawalan ng pag-asa, huwag sumuko sa mga pagsubok, magdasal, magtiwala sa sarili at mas maganda ang magiging kinabukasan kapag nakatapos ng kolehiyo.

Labing-walong kalahok ang naniniwala na pananagutan sa lipunan ang pagiging working student. Ang mga dahilan nila: ayaw tumanda na walang pinag-aralan; mahirap maghanap ng magandang trabaho kapag walang kurso; ayaw nilang maging mahirap at pabigat sa lipunan habangbuhay; gusto nilang ipag-malaki sa lipunan na nakatapos sila sa kolehiyo sa sariling pagsisikap.

Lahat ng kalahok ay naniniwalang pagmamalasakit sa sarili ang pagiging working student. Ang mga dahilan: sila lang makakatulong sa sarili para makatapos ng pag-aaral; kagustuhan nila ang maging working student para sa diploma na gagamitin sa paghahanap ng magandang trabaho upang maiahon ang sarili at pamilya sa kahirapan.

Isang Penomenolohikal na Pag-aaral sa Kung Paano Naaapektuhan ng Cosplay ang Self-Presentation ng Cosplayer

Lida Landicho, Dior Grita F. De Torres, Roma Angelica P. Victoriano
Lyceum of the Philippines University-Batangas
diorgritadetorres@gmail.com

Ito ay isang pagsasaliksik na naglalayong (1) malaman ang lebel ng Self – Monitoring ng Cosplayers, (2) matukoy kung paano ipinapakita ng mga Cosplayers ang kanilang sarili (a) sa fan group, at (b) bilang isang normal na indibidwal, (3) tukuyin ang ugnayan ng Self-Presentation at Cosplay, (4) isa-isahin ang mga bagay na nakakaapekto sa self – presentation bilang indibidwal at bilang Cosplayer, at (5) pagtibayin ang Uses and Gratification Theory nina Katz at Blumer. Sa pamamagitan ng snowball at stratified sampling, 93 (59 na babae at 36 na lalake) Cosplayers na may edad na 15 hanggang 25 sa lungsod ng Batangas ang napili upang makiisa sa pag – aaral na ito. Ang Self – Monitoring Scale at Jenshin's Cosplay Questionnaire ay ibinigay sa mga kalahok. Sa pamamagitan ng Pearson Correlation, napagtibay ng mga mananaliksik na may significant correlation 0.05 alpha level (2-tailed) ang lebel ng Cosplayer's Self-Monitoring at Cosplay.

Kasalukuyang Kalagayan ng Buhay, Subjective Well-Being at Life Chances ng mga Batang Pilipinang Magsasaka

May Angelica A. Saludez, Angelo R. Dullas, Marvin N. Tolentino
Central Luzon State University
mayangelicaalmoitesaludez@yahoo.com, mayangelicaalmoitesaludez@gmail.com

Ang pag-aaral na ito ay binuo upang alamin ang relasyon sa pagitan ng Kasalukuyang Kalagayan ng Buhay, Subjective Well-being (SWB) at Life Chances ng tatlumpong Batang Pilipinang magsasaka (edad 18-30). Ito ay isinagawa sa pinakamahihirap na barangay ng Lungsod ng Munoz at San Jose.

Napag-alaman sa pag-aaral na ito na ang mga batang babaeng magsasaka ay kontento sa kasalukuyang kalagayan ng kanilang buhay (M=2.71; SD=1.14) at sila ay umaasang magkakaroon ng magandang hinaharap (M=3.30; SD=0.70).

Idagdag pa rito, sila ay naniniwalang mayroon silang abilidad na makamit ang magandang hinaharap (M=3.20; SD=0.66) at may kapasidad silang gawin ito (M=3.06; SD=0.90). Ngunit sa kabilang banda, sila ay hindi pa kontento sa kanilang buhay (M=2.33; SD=0.95) na nangangahulugan lamang na sila ay mayroon pa ring hinahanap o nais pang makamit.

Para sa SWB, ang datos na nakalap ay nagpapakita na mataas ang lebel ng positibong emosyon (M=2.70). Kaugnay nito, sila ay nakakaranas ng mababang lebel ng negatibong emosyon (M=2.45) na nangangahulugang sila ay madalang na makaranas ng negatibong emosyon tulad ng muhi, lungkot, at galit. Mataas din ang kanilang Global Life Satisfaction (M=2.74) na nangangahulugang kontento sila sa kabuuan ng kanilang buhay. Sila rin ay kontento sa bawat aspeto ng kanilang hanapbuhay (M=2.67).

Sa pagitan naman ng SWB at Sosyo-Demograpikong katangian, na isang aspeto ng kasalukuyang kalagayan ng buhay, makikitang ang bilang ng anak at kita ang mayroong mataas na significant na relasyon sa Global Life Satisfaction (r=.835 sig. at .05) at pagkakontento sa hanapbuhay (r=.877 sig. at .05). Samantala, ang relasyon sa pagitan ng Sosyo-Demograpikong katangian at life chances ay nagpapakita ng hindi significant na correlation.

Sa relasyon naman ng SWB at life chances, ang negatibong emosyon lamang ang nagpakita ng mataas na significant inverse correlation sa pagkakontento (r=-.770 sig. at .05) at paniniwalang mayroon silang abilidad upang makamit ang magandang hinaharap (r=-.738 sig. at .05). Sa tulong naman ng Thematic Analysis, napag-alaman sa pag-aaral na ito na ang suporta at oportunidad na ibinibigay ng komunidad ang tumutulong sa pagtayo at paglago ng ibang miyembro ng komunidad.

Keywords: life chances, subjective well-being, batang pilipinang magsasaka

Sesyon 1E
SIKOLOHIYANG PANLIPUNAN
AMS 210

Ang Epekto ng Magkakaibang Antas ng Positibong Berbal at Di-Berbal na Pahiwatig sa Persepsyon ng Pagiging Palakaibigan ng Mga Estudyante sa Kolehiyo

Teresita Tabbada-Rungduin, Maybeline D. Pacia, Anne Margaret B. Navarro, Michael P. Lascano
Philippine Normal University
rungduin.tt@pnu.edu.ph
Darwin C. Rungduin
Colegio de San Juan de Letran

Nilayon ng pag-aaral na alamin kung aling anyo (berbal o di-berbal) at kasidhian (mababa o mataas) ng mga positibong pahiwatig ang mas epektibo sa pagpapatingkad sa tingin sa pagka-palakaibigan ng isang tao. May 72 estudyante sa kolehiyo ang itinakda sa paraang random sa siyam na pangkat, na may iba-ibang kumbinasyon ng anyo at kasidhian. Napag-alaman na ang masisidhing positibong pahiwatig ang mas nakapagpapatingkad sa pagtingin sa pagka-[alakaibgian ng isang tao. Subalit, napag-alaman din na kailangang may berbal at di-berbal na mga pahiwatig bago masabi na ang isang indibidwal ay palakaibigan.

Social Identity Batay sa Katayuang Sosyo-Ekonomiko, Kagalakan sa Buhay, at Pagpapahalaga sa Sarili

Maria Cecilia Gastardo-Conaco, Diwa Malaya A. Quiñones
Unibersidad ng Pilipinas-Diliman
cconaco@kssp.upd.edu.ph, diwaquinones@kssp.upd.edu.ph

Ang pag-aaral na ito ay bahagi ng aming malawak na programa ng pananaliksik tungkol sa karanasan ng kahirapan sa Pilipinas gamit ang perspektibo ng social psychology. Sa panimulang pag-aaral na ito, tinutukan namin ang social identity na nagmumula sa sosyo-ekonomikang estado, ang mga salik na maaaring konektado dito, at ang mga epekto nito sa kagalakan sa buhay (life satisfaction) at pagpapahalaga sa sarili (self-esteem). 255 na mag-aaral sa kolehiyong mula sa iba't-ibang estado sa buhay ang lumahok sa pag-aaral na ito. Siniyasat namin ang ambag ng mga salik tulad ng kahinaan ng loob pagdating sa mga stress (vulnerability to stress), pagkamalikhain (creativity), pakikipagsapalaran (risk-taking), pagkamasikap (goal-striving), at pagiging responsable (responsibility), sa economic social identity (gamit ang 3-paktor na panukat ng social identity ni James Cameron). Ang relasyon ng economic social identity sa kagalakan sa buhay at sa pagpapahalaga sa sarili ay tinignan din namin. Bagaman ang distribusyon ng kita (income distribution) ng mga kalahok ay may pagkiling (katlo lamang sa mga kalahok ang nagsabing sila ay mula sa middle at lower class), pinagkumpara ang datos mula sa grupo ng upper class at grupo ng mga

middle at lower classes, kung saan may indikasyon na may pagkakaiba sa mga grupong ito.

Ang Ugnayan ng Aggression at Frustration dulot ng Paglalaro ng mga Computer Games

Jovielyn Mañibo, Dior Grita De Torres, Edielyn Gonzalvo
Lyceum of the Philippines University-Batangas
diorgritadetorres@gmail.com

Ang eksperimental na pag-aaral na ito ay isinagawa upang masukat ang lebel ng aggression at frustration bunsod sa paglalaro ng computer games na may insentibo at ang interrelation ng mga nasabing variables. Apat na grupo na may tig-50 kalahok na may kabuoang bilang na 200 kalalakihang masugid na manlalaro ng computer games ang lumahok sa pag-aaral na ito. Ayon sa mga resulta at mga pag-aanalisa na ginawa, ang mga insentibong ginamit ay nakakapekto sa lebel ng aggression and frustration ng mga manlalaro na may t_{obt} *= 7.18 and 6.521* > t_{crit} *= 2.021* sa pamamagitan ng t-test para sa mga dependent groups at F_{obt} *= 4.527 at 8.340* > *Fcrit* = 3.89 sa pamamagitan naman ng ANOVA na may alpha level na 0.05, two tailed. Gayun din, ang lebel ng kahirapan ng computer game ay nakakaapekto sa aggression and frustration ng mga manlalaro na may t_{obt} = 7.53 *at* 4.783 > t_{crit} *= 2.021 at* F_{obt} *= 6.524 at 10.167* > *Fcrit* = 3.89. Sa kabilang banda, mayroon ding kapansin-pansing interaksyon sa pagitan ng insentibong ginamit at sa lebel ng kahirapan ng computer game at may t_{obt} *= 9.68* para sa aggression at t_{obt} = 7.356 > 2.021 naman para sa frustration. Ang mga computer games na mayroon man o walang insentibo ay may malaking epekto sa aggression at frustration ng mga lalaking mag-aaral ng Lyceum of the Philippines University-Batangas.

Konseptong Altruismo sa Sikolohiya ng Pilipino: Isang Panimulang Pag-aaral

Jacinto E. Gallarte, Mark Joseph D. Zabala
Pamantasang De La Salle-Dasmariñas
mineangel_reborn@hotmail.com, markjoseph_zabala@yahoo.com

Ang globalisasyon ay nagtutulak ng pagpasok ng mga konsepto at pananaw sa mga kultura. Sa ganitong kalakaran nagkakaroon ng pagbibihis sa mga konsepto at pananaw. Ang pagbibihis ay karaniwang sinasagawa ng mga tagapagdala ng kultura (culture bearers) at sa malaon ay pinapanganak ang mga bago o nagbibihis na pananaw at konsepto na umaangkop sa damdamin, isip, kilos ng mga tao.

Sinuri sa pag-aaral na ito ang Kanluraning terminolohiyang altruism at sinubukang alamin kung mayroong katumbas na maka-Pilipinong konsepto o salita, yaong naaayon sa kilos, pag-iisip at damdamin ng isang Pilipino. Isa itong purong kwalitatibong uri ng saliksik. At ginamitan ng metodong pagtatanong-tanong upang makalap ang mahahalagang datos sa pagtatangkang pag-aangkop.

Ang kinasapitan ng pananaliksik na ito ay nagsasabing walang direktang salin ang Kanluraning konseptong altruism sa salitang Pilipino sapagkat ito ay isang unibersal na terminolohiya subalit ito ay maikakawing sa mga Pilipinong salitang Pakikipagkapwa, Dalisay na Pakikipagkapwa-tao, Malasakit, Makatao, Matulungin, Hindi makasarili, Pagpapakatao, Pagtulong, Simpatiya, Pakikiramay, Kababaang-Loob, Sinserong Damdamin para sa Kapwa Kabutihang-loob.

Nobyembre 22, 2013
Sabayang Sesyon 2: 10:30-12:00 n.t.

Sesyon 2A
SYMPOSIUM: ANG GRUPO BILANG DALUYAN NG BUHAY AT PAGPAPAHAYAG NG MALASAKIT AT PANANAGUTAN
AMS 206

Ang grupo ay makapangyarihang kagamitan ng sikolohista sa pagpapadaloy ng pagbabago at paglago. Ang Simposiyang ito ay binubuo ng mga papel na nagdodokumento kung papaanong ang grupo ay naging mabisang paraan para maging daluyan ng paglago ng pagkatao, pagbabahagi ng kasanayan at pagpapatibay ng malasakit at pananagutan sa mga NGO workers sa iba't ibang larangan ng paglilingkod. Ang papel ni Bautista ay paglalahad ng kanyang karanasan sa pagpapaunlad ng pagkatao at ng pananagutan ng mga manggagawa ng isang NGO, mula sa iba't ibang bahagi ng bansa sa tulong ng group process na gumamit ng sikolohiyang lapat sa karanasan at nagbibigay halaga sa kabuoan. Ang papel ni Fagela-Tiangco ay pagsasadokumento kung papaanong ang Konsepto ng Pagpapahingalay at Pagbubulay sa loob ng group process ay nakakatulong sa pagpapanibagong lakas at pagpapatibay ng malasakit at pananagutan ng mga humanitarian workers ng WVFP matapos ang pagtugon sa isang disaster. Ang papel naman ni Rosanne Echivarre ay paglilinaw kung papaanong ang konsepto ng retreat ay ginamit na istruktura para sa pagpapadaloy ng group process na naglilinang ng paninidigan at simpatiya sa paglilingkod sa mga naghihirap na pamilya ng mga community workers ng isang microfinance na NGO. Kahuli-hulihan, ang papel ni Guilaran ay isang pambuong bansang pananaliksik kung papaanong ang organisasyon, bilang isang grupo ay maaaring maging daluyan ng lakas at malasakit para sa mga humanitarian workers sa panahon ng disaster.

Ang Grupo bilang Daluyan ng Buhay at Kasanayan: Ang Karanasan ng isang International NGO

Violeta Villaroman-Bautista
Unibersidad ng Pilipinas –Diliman at Care and Counsel Wholeness Center/Center for Family, Workplace and Community Enhancement
violeta_wholeness@yahoo.com

Ang papel na ito ay pagsasadokumento ng karanasan ng may akda sa pagpapadaloy ng group process na tinutumbok ang pag-unlad ng pagkatao, paninindigan at kasanayan sa paglilingkod ng mga manggagawa ng isang International NGO mula sa iba't ibang bahagi ng bansa. Ang Programang ito ay nakabatay sa panumulang paniwala na ang tagumpay ng mga gawaing ang layon ay pagpapaunald ng pagkatao ay nakasalalay ng malaki sa kabuoan ng pagkatao ng mga manggagawang nagpapatakbo ng Programa. Bilang pagbibigay pahalaga sa paniwalang ito, ang mga manggagawa ng nabanggit na NGO ay pumaloob sa isang ginabayang karanasang panggrupo sa loob ng limang araw. Ang group process ay pinadaloy sa paraang may pahalaga sa personal na pagdanas (experiential) at kabuoan ng tao(wholeness). Nakita na ang proseso ay nakahikayat ng pagbubukasan, paglilinaw ng mga bahagi ng buhay na kailangang ng pag-unlad, pagtatalaga ng sarili sa pagpapaunlad ng pagkatao at pagpapayaman ng pagkakaisa at paninindigan tungo sa ibayong paglilingkod.

Ang Grupo bilang Lugar sa Pagpapanibagong Lakas, Sigla at Malasakit Matapos ang Disaster: Ang Karanasan ng World Vision

Cristabel Fagela-Tiangco
UP Diliman Extension Program in Pampanga/Care and Counsel Wholeness Center
cfagela@yahoo.com

Ang pagpapanibagong lakas ng humanitarian workers ay karaniwang isinasagawa sa konteksto ng mga debriefing o critical incident group sessions, na ipinakita ng maraming pag-aaral na may mga dulot na bentahe at problema para sa mga pumapailalim dito. Ang papel na ito ay paglalarwan ng nagsasakatutubong gamit ng CISD kung saan ito ay nakapaloob sa group process na nagbibigay halaga sa konsepto ng pagpapahingalay at pagbubulay, at iniuugnay ang karanasan ng pagpapanibagong lakas sa paglilinaw ng batayan ng malasakit at paglilingkod, at pagtatasa sa husay ng paglilingkod. Sa pamamagitan ng mga datos mula sa (1) pagtatasa ng karanasan mula sa natapos na Gawain, (2) pagsusuri ng mga tagapagpadaloy ng programa, at (3) panayam sa mga ilang kasapi sa group process 2 taon matapos ang mga Gawain, napag alaman na ang group process ay isang mahalagang kagamitan sa pagpapanibagong lakas at pagbuhay ng malasakit at paninidgian sa paglilingkod ng mga disaster humanitarian workers mula sa isang international emergency and relief oriented NGO.

Ang Pagsasanib ng Retreat at Group Process sa Pagpapayaman ng Ispiritwalidad, Malasakit at Pananagutan: Ang Karanasan ng isang Microfinance na NGO

Rosanne Galvez-Echivarre
UP Diliman Extension Program in Pampanga
regalv@yahoo.com

Ang gawain ng microfinance ay may malawak na karanasan sa Pilipinas. Ang papel na ito ay paglalahd ng karanasan ng may akda sa pagpaunlad ng ispirtwalidad, malasakit at panangutan ng mga manggagawa ng isang microfinance NGO na may mga gawain sa iba't ibang bahagi ng bansa. Ang group process ay pangunahing pamamaraang ginamit sa pagtumbok sa mga nabanggit na layunin. Ang group process ay ipinaloob sa konsepto ng retreat. Sa ganitong paraan ang proseso ay maituturing na psychospiritual, na umangkop naman sa katangian na relihiyoso ng mga manggawang kasanib na nabanggit na NGO. Batay sa pagtatasa ng mga kasapi sa proseso, ang psychospiritual group process ay naging mabisa sa pagpapaunlad ng ng kannilang ispiritwalidad, malasakit at panangutan sa paglilingkod.

Ang Organisasyon bilang Grupo na Pinaghuhugatan ng Lakas at Inspirasyon sa Panahon ng Disaster: Ang Karanasan ng ilang mga Humanitarian Workers sa Pilipinas

Johnrev B. Guilaran
Unibersidad ng Pilipinas-Visayas (Iloilo Campus)/Care and Counsel Wholeness Center
jbguilaran@yahoo.com.ph

Itinatalakay ng papel na ito ang mga karanasan ng mga kasapi ng ilang non-government organizations (NGOs) pagkatapos ng sakuna. Sa pamamagitan ng mga malalimang pakipagkuwentuhan, malayang talakayan, at mga datus mula sa mga "lessons learned" workshops pagkatapos ng sakuna, tinutuklas ng papel na ito ang iba't ibang karanasan ng malasakit at pananagutan ng mga NGO workers sa kanilang pagtulong pagkatapos ng sakuna. Tinitingnan nito ang malasakit at pananagutan sa konteksto ng organisasyong kinabibilangan nila, at kung paano nakakatulong o nakakahadlang ang organisasyon bilang pinaghuhugutan ng lakas at inspirasyon. Tinatalakay din dito ang ilang implikasyan nito tungo sa kaginhawahan ng mga NGO workers na tumutulong sa panahon ng sakuna sapamamagitan ng pagpapayabong ng pagmamalasakit at pananagutan.

Sesyon 2B
SIKOLOHIYA NG KAPWA 1: HINDI IBANG TAO AT IBANG TAO
AMS 207

Others* o *Significant Other*? Ang Impluwensya ng Pagkilala bilang Ibang Tao/Hindi Ibang Tao sa Pagpapakita ng *Self-Serving Bias

Patricia Nicole Y. Acido, Naveen K. Ganglani
Pamantasang De La Salle-Maynila
pat.acido@yahoo.com

Layunin ng pag-aaral na ito na pagsamahin ang Kanluraning konsepto ng self-serving bias, o ang pagkagawi ng mga tao sa pagtanggap ng papuri kapag nagtagumpay habang iniiwasan ang sisi kapag nagkamali; at ang konsepto ng pakikipagkapwa mula sa Sikolohiyang Pilipino, partikular na sa mga antas ng ibang-tao at hindi ibang-tao. Gumamit ang mga mananaliksik ng between-subjects experimental design na may 320 kalahok upang malaman kung ang ipinapakitang self-serving bias ay magbabagu-bago ayon sa paglalarawan ng isang indibidwal sa pakikitungo nila sa iba: bilang estranghero, ibang-tao, o hindi ibang-tao (na may antas na low at high); at ng one-way analysis of variance (ANOVA) bilang pangunahing paraan ng pagsusuri. Ayon sa mga resulta, may epekto ang mga antas ng pakikitungo sa self-serving bias, subalit ayon sa mga post-hoc na pagsusuri, tanging ang grupo ng Estranghero ang naiiba sa iba pang mga kundisyon. Kaugnay ng mga resulta ang pagpapaliwanag na ang ilang aspeto ng mga instrumentong ginamit sa pag-aaral ay hindi tuluyang naangkin ang konsepto ng pakikipagkapwa, at maaaring magamit ang mga antas ng pakikipagkapwa sa Sikolohiyang Pilipino bilang patnubay sa pagpapantay nito sa mga antas na inilalarawan naman ng mga Kanluraning konsepto.

Pagtitiyak ng mga Interpersonal Values na Lumilitaw sa isang Sitwasyon ng Transgresyon

Darwin C. Rungduin,
Colegio de San Juan de Letran
darwinrungduin@yahoo.com
Teresita Tabbada-Rungduin
Philippine Normal University

Nilayon ng pag-aaral na alamin kung aling mga interpersonal values ang lumilitaw sa sitwasyon ng transgresyon. Binigyan ang mga kalahok ng isa sa dalawang vignettes: sa isa ang nagkasala ay ibang tao, sa isa naman ang nagkasala ay hindi ibang tao. Matapos basahin ang kuwento, hinilingan ang mga kalahok na ilista ang mga values na sa kanilang palagay nila ay naipamamalas ng kuwento. Gamit ang thematic analysis, napag-alaman na mas maraming interpersonal values ang natukoy sa kuwento ukol sa hindi ibang tao kaysa sa ibang tao. Tatalakayin ang mga resulta ayon sa Teorya ng Kapwa ni Virgilio G. Enriquez. Pagtutuunan din ng pansin ang implikasyon ng mga resulta sa pagtuturo ng values, panimulang sikolohiya at Sikolohiyang Pilipino

lalo't higit ng mga konseptong may kinalaman sa pagpapatawad, pakikipag-ugnayan, at pagsasakatutubo

Mga sikolohikal na kahihinatnan ng mga paglabag sa pakikipagkapwa, pakikiramdam at pakikisama: May papel ba ang pagiging hindi ibang tao?

Jay A. Yacat
Unibersidad ng Pilipinas-Diliman
jayacat@gmail.com

Siniyasat ng pag-aaral na ito ang sikolohikal na kahihinatnan ng paglabag sa tatlong kategorya ng mga pagpapahalaga sa Teorya ng Kapwa na inilahad ni Enriquez (1990): pakikipagkapwa-tao (core), pakikiramdam (pivot), at pakikisama (surface). Binigyan ang 150 di-gradwadong mag-aaral ng maikling paglalarawan ng isang sitwasyon na nagpapakita ng paglabag laban sa kanila sa isa sa tatlong pagpapahalaga na pinag-aaralan ng isang kaklaseng itinuturing na hindi ibang tao (HIT) o ibang tao (IT). Tinasa ng mga kalahok ang bigat ng naging paglabag, ang intensidad ng negatibong damdaming naranasan, at ang pagdedesisyon kung papanatilihin ang relasyon sa taong gumawa ng paglabag. Sinuri ang pagtatasa ng bigat ng paglabag; intensidad ng emosyong naramdaman sa paglabag at desisyon sa kahihinatnan ng relasyon ayon sa disensyong 2 (uri ng relasyon: HIT o IT) x 3 (uri ng paglabag: pakikipagkapwa, pakikiramdam o pakikisama) Multiple Analysis of Variance (MANOVA). Bagamat tinasa ng mga kalahok na pinakamabigat at pinakamatindi ang negatibong nararamdaman sa paglabag sa pakikipagkapwa, hindi ito umabot sa makabuluhang pagkakaiba sa pakikisama. Umaayon sa mga prediksyon ng Teorya ng Kapwa para lamang sa mga datos mula sa mga ugnayang IT at hindi para sa mga ugnayang HIT. Tinalakay ang mga resulta batay sa implikasyon nito sa Teorya ng Kapwa.

Sesyon 2C
PAGHAHANDA AT PAG-AANGKOP SA SAKUNA AT KALAMIDAD
AMS 208

Buwanang Kita, Bagyo, at Paghahanda sa Kalamidad

Ma. Joycelyn A. Go-Monilla, Ana Liza M. Dy
University of the East
jgm_joy@yahoo.com

Ang Pilipinas ay madalas makaranas ng iba't ibang uri ng kalamidad. Pangunahin sa mga ito ay dulot ng bagyo. Noong Agosto 2013, sinalanta na naman ang maraming lugar sa Metro Manila at mga karatig na lalawigan ng bagyo (Maring) na nagdulot ng malawakang pagbaha. Dahil dito, maraming tao ang namatay at milyong ari-arian ang napinsala. Adhikain, samakatuwid, ng papel na ito ay bigyan ng sapat na edukasyon ang mga komunidad tungkol sa matinding epekto ng bagyo, baha, kaligtasan, at bumuo ng komunidad

kabanatan laban sa kalamidad. Sa pamamagitan ng sapat na edukasyon kaugnay nito, inaasahang malilinang ang kakayahan ng mga komunidad na maging matatag sa oras ng kalamidad (resiliency). Lumilikha ito ng isang hamon sa mga karaniwang nakasanayan sa pamamahala ng sakuna (e.g., pamamahagi ng mga relief goods), na kung saan ang lokal na pamahalaan ay kadalasang tumutugon sa mga pinsala sa halip na pinaguukulan ng pansin ang mas epektibong programa ukol sa community-based disaster prevention. Ang kasalukuyang pag-aaral ay nagmumungkahi ng mahalagang papel ng mga unibersidad at mga kolehiyo sa pamamahala ng adhikaing ito (e.g., community education, out-reach program). Apatnapu at dalawang (42) kabahayan sa iba't-ibang lugar sa CAMANAVA ang kalahok sa pagaaral. Bawat isa ay naging biktima ng matinding bagyo at may kanya-kanyang kuwento tungkol dito. Sa kabuuan, ang mga kalahok ay handa sa oras ng kalamidad. Lumabas din sa kwantitatibong pagsusuri na may relasyon ang buwanang kita ng pamilya at bagyo sa kalamidad paghahanda.

Paunang Epekto at Benepisyo ng Pagtataguyod ng mga Espasyong Panlaro at Play Therapy Sessions para sa mga Batang Naapektuhan ng Bagyong Sendong

Pia Anna Perfecto Ramos, Katrina May V. Dulay, Joanna Foz Castro, Celina Marie Torres
Ateneo de Manila University/Bulatao Center for Psychological Services
piaramos@gmail.com, kdulay@ateneo.edu

Isang *foundation* sa Metro Manila ang nagpasimuno ng mga interbensyon para sa mga bata ng isang komunidad sa Cagayan de Oro na lubos na naapektuhan ng Bagyong Sendong. Nagpatayo ng malaking palaruan ang *foundation* at kasabay nito, may mga modyul na ginawa para magkaroon ng mga *play therapy sessions* ang mga bata.

Nilapitan ng *foundation* ang *Bulatao Center for Psychology Services* para mapag-aralan nang husto at mabantayan ang buong proseso ng interbensyon. Nais malaman ng *foundation* kung epektibo nga at kung may kabuluhan ba ang nagaganap na interbensyon sa mga bata sa komunidad. Babantayan ng *Bulatao Center* ang programa mula sa simula (*baseline*) hanggang sa dulo (*endline*) nito. Lumikha ang *Bulatao Center* ng ibat-ibang mga iskala para sukatin ang *self-efficacy, coping* at *automatic(negative) thoughts* ng mga kalahok.

Ibabahagi sa sabayang sesyon ang resulta ng *baseline study* tulad ng mga sumusunod: ang pangunahing *coping strategy* ay ang pagdarasal at may kakulangan sa *active coping strategies* ang mga batang kalahok; mas negatibo ang tingin ng mga bata sa kanilang sarili kumpara sa pagtingin ng mga bata na kabiliang sa ibang komunidad.

Sikolohikal na Ligalig at Pag-aangkop ng mga Biktima ng Sakuna sa Lungsod ng Marikina

Niclie Landas-Tiratira
University of Rizal System/New Era University
nick_tiratira@yahoo.com

Ang pag-aaral ay may tiyak na layunin upang matukoy ang kaugnayan ng pagkaya mekanismo at sikolohikal na pagkabalisa ng matanda at batang biktima ng baha sa lunsod ng Marikina. Ang pag-aaral ay may kabuuang bilang na 120 na kalahok na binubuo ng 60 na bata at 60 na matanda na mga residente ng lunsod ng Marikina. Ang pag-aaral ay may palagay na kapag tumaas ang pagkaya mekanismo ng bata at matanda ay mababawasan ang kanilang sikolohikal na pagkabalisa. Ang ginamit na panukat ng sikolohikal na pagkabalisa para sa matanda ay ang Kessler Psychological Distress Scale (K10), para sa mga bata ay ang Pediatric Symptom Checklist (I at II bahagi), at ang Coping Mechanism Checklist para sa panukat ng pagkaya mekanismo ng parehong bata at matanda. Ang mga resulta ng pag-aaral ay nagpakita na ang 43.34 porsiyento ng mga bata edad 4-16 taong gulang ay nagkaroon ng makabuluhang pagkabalisa at 86.67 porsiyento ay nangangailangan ng karagdagang pagsusuri sa kanilang sikolohikal na pagkabalisa. Ang pag-aaral rin ay nagpakita na ang 25 porsiyento ng mga matanda ay malamang na magkaroon ng malubhang mental disorder pagkatapos ng kalamidad dulot ng pagbaha. Mayroong 8 pagkaya mekanismo na ginagamit ng parehong mga bata at matandang biktima ng baha. Acting out at ang intellectualization bilang pagkaya mekanismo ay nagsiwalat ng isang makabuluhang mga negatibong ugnayan sa sikolohikal na pagkabalisa ng mga bata. Ang pangkaya mekanismo ng mga matanda ay walang positibong ugnayan sa kanilang sikolohikal na pagkabalisa.

Sesyon 2D
PAGHAHANDA AT PAG-AANGKOP SA SAKUNA AT KALAMIDAD
AMS 209

Pag-unawa sa Family Dynamics ng mga Batang Dumaranas ng Stress: Isang Masaklaw na Pampenomenong Pag-aaral

Argel B. Masanda
Central Luzon State University
argelmasanda@yahoo.com

Ang pangunahing layunin ng pag–aaral na ito ay masiyasat ang pansariling karanasan ng mga bata sa istres na pampamilya bilang isang daan sa pagtanaw sa kanilang "dynamics". Upang maisakatuparan ito, gumamit ang mananaliksik ng estetikong anyo ng pagpapahayag sa pamamagitan ng pagguhit, paglalaro, artwork at pagkukwento upang mapadali ang pangangalap ng datos gamit ang presentasyong qualitative–phenomenological, genogram at pagsusuring

thematic. Ang mga kalahok ng pag-aaral ay nagmula sa isang piling DSWD center na nangangalaga ng mga naabusong bata. Ang mga datos na maingat na kinalap ay nagmumungkahi na ang karanasan ng bata ay mula sa "intrafamilial" (sa loob mismo ng pamilya) patungong "extrafamilial" (sa labas ng pamilya) na istres na panlipunan. Napag–alamang ang mga bata ay mapananaligang repleksyon ng pamilya o "family mirror". Ganap nilang natataya at madali nilang naipakikilala ang ugnayang pampamilya, patern ng ugali at emosyon at pangkalahatang gawain ng sistema ng pamilya. Likas ang kanilang paraan ng pagpapahalaga sa kanilang mga karanasan nang may ganap na kakayahan sa pagkuha at pag–unawa sa damdaming nakapaloob sa mga mensaheng natatanggap nila mula sa paligid sa sapat datapwa't di-mayos na paraan. Idagdag pa, ang pagdanas ng istres ng mga bata ay sinasabing "subliminal" – hindi nila batid na sila ay sumasailalim sa isang masidhing istres na pampamilya. Makikita ang istres na pinagdaraanan ng bata sa kanilang hindi magandang pag–uugali at sa kanilang pagtatangkang malunasan ito. Mapagkukuro na ang ugnayang pangmag – asawa ang tuon sa pagpapanatili ng kaayusang pampamilya.

Wish ko, Ma-gets n'yo: Malasakit sa Kapwa-LGBT ng Kabataang Baklang Waray

Pierce S. Docena
University of the Philippines Visayas Tacloban College
piercecology@gmail.com

Ang papel na ito ay naglalayong (1) siyasatin ang pagpapakahulugan ng kabatang baklang Waray kung bakit may mga LGBT (lesbyana, gay/bakla, bisexual, at transgender) sa lipunan; (2) alamin ang gustong ipabatid ng kabataang baklang Waray sa ibang tao tungkol sa mga LGBT; at (3) suriin ang mga mensaheng gustong ipabatid ng kabataang baklang Waray sa ibang mga LGBT. Gamit ang metodo ng kuwentong-buhay, siyam na kabataang Waray na kinikilala at tinatanggap ang sarili bilang bakla ang lumahok sa malalimang panayam at pakikipagkuwentuhan. Sinuri ang mga naratibo ng mga kalahok upang makabuo ng mga tema batay sa layunin ng papel. Napag-alamang karamihan sa mga kalahok ay naniniwalang ang kanilang pagiging bakla ay dulot ng kanilang genetic make-up o kaya naman ay dala ng pakikisalamuha sa ibang tao. Ipinabatid din nila ang pagnanais na mabago ang maraming esteryotipikong pananaw ng ibang tao tungkol sa mga LGBT at gayundin ang paghikayat sa kapwa-LGBT na magsumikap upang irespeto ng ibang tao. Tatalakayin ang implikasyon ng mga naratibo sa buhay-LGBT, partikular na ang epekto ng esteryotipikong pananaw tungkol sa mga LGBT.

Buhay, Karanasan at Hamon sa mga Batang Ama sa Victoria, Silangang Mindoro

April M. Bagon-Faeldan
Mindoro State College of Agriculture and Technology
aprilbfaeldan@yahoo.com

Tinaguriang "haligi ng tahanan" ang mga ama na siyang pumapasan ng matinding responsibilidad sa loob ng tahanan. Inilalarawan bilang matatag, mahusay, makapangyarihan ang isang ama sa lipunang Pilipino. Ang ama rin ang nagsisilbing tagapagbigay ng pangunahing pangangailangan ng pamilya katuwang ang ina. Siya ang nagiging sandigan ng ina at ng mga anak, tagapaghubog at nagsisilbing modelo ng kagndahang asal.

Hindi maikakaila ang dumaraming kabataang pumapasok sa maagang pag-aasawa. Kung kaya marami ring suliranin ang kanilang kinakaharap na may kinalaman sa pakikisama sa asawa/napangasawa at sa pagpapalaki ng anak. Paano haharapin ng isang batang ama ang mabigat na responsibilidad ng pagiging ama?

Layunin ng pag-aaral na ito na matukoy ang naging sanhi ng maagang pag-aasawa ng mga mag-aaral na may edad 16-21. Ilalarawan at isasalaysay ang iba't ibang mga pag-aaral ng kaso case study ukol sa mga naging karanasan, paghihirap at mga naging hamon sa buhay ng mga batang ama. Layunin ring matukoy ang epektong sikolohikal, sosyal at moral na implikasyon ng pagiging ama sa murang gulang.

Limang batang ama na may edad 16-21 na ang siyang magiging kalahok sa pag-aaral na ito. Sa pangangalap ng datos, ang pag-aaral na ito ay gagamit ng pagbibigay ng mga talatanungan, pakikipagkwentuhan at penomenolohikal na interbyu.

Ayon sa paging pag-aaral, lahat ng kalahok ay nanindigan at ipinagmamalaking hindi nila tinalikuran ang responsibilidad ng pagiging ama sa murang gulang; Tatlo sa Limang kalahok sa pag-aaral ang nakaranas ng matinding depresyon nang malaman nilang buntis ang kanilang kasintahan at ang dalawa naman ay kaagad nilang natanggap at inasahan na nila ang ganoong pangyayari; Dala ng matinding kapusukan, kawalan ng gabay ng magulang, curiosity o pagiging mausisa at matanong ang ilan sa mga naging sanhi kung kaya sinubukan nila ang pakikipagtalik sa kasintahan; Tatlo sa Limang respondente ang naranasang mawalan ng pag-ibig sa kinakasama/kasintahan dulot na rin ng kahirapan sa pagsasarili o paghiwalay sa mga magulang. Subalit muling nanumbalik ito nang unti-unti na nilang nararanasan ang kaunting kaginhawaan; at sa kabuuan, masasasabi ng limang kalahok na naging matatag sila sa naging mga hamon ng pagiging batang ama, pinakasalan ang kanilang kasintahan at nagkaroon ng masayang pamilya.

Ang pag-aaral na ito ay makatulong sa mga magulang, administrador, mga guro, at guidance counselor upang mabigyan ng agarang pansin ang mga nagiging problema ng mga kabataan ukol sa usapin ng pakikipagtalik at maagang pagpapamilya. Magsisilbing gabay naman sa mga kabataan ang kalalabasan ng pag-aaral na ito upang maging responsableng kabataan at upang makaiwas sila sa tukso.

Etikal na Oryentasyon at Pagpapahalaga sa Sarili ng mga Ulilang Bata sa Sta. Arcadia, Cabanatuan City

Carleen O. Mata, Rubi Angeli C. Pirote, Venus A. Vitales
Wesleyan University-Philippines
ven_vi@yahoo.com

Ang pananaliksik ay isinagawa sa isang bahay ampunan sa Lungsod ng Cabanatuan para suriin ang etikal na oryentasyon at pagpapahalaga sa sarili ng mga ulilang bata. Para maisagawa ang pananaliksik, humingi ng pahintulot ang mga manaliksik mula sa pamunuan ng mga Omura Sisters sa Lungsod ng Cabanatua dahil sa mga sensitibong isyu at siniguro na walang personal na impormasyon tungkol sa mga kalahok ang ilalabas.

Gamit ang sarbey questionnaire, unstructured na interbyu at aktuwal na pag-obserba ay kinalap ang mga datos na kailangan sa pananaliksik. Ang sarbey questionnaire ay binubuo ng tatlong bahagi, una ay ang profile, pangalawa ay Likert-scale para sa positibo at negatibong etikal na oryentasyon, at pangatlo ay Likert-scale para sa optimistic at pessimistic na pagpapahalaga sa sarili ng mga kalahok. Bilang basehan, ginamit ang Self-Esteem Theory ni Alfred Adler.

Ang resulta ng pananaliksik ay ang mga sumusunod: ang mean o average ng edad ng mga bata sa ampunan ay 15.58; 12 taong gulang ang pinaka-bata at 20 taong gulang ang pinaka-matanda; ang mga kalahok ay galing sa pamilyang may 6 na magkakapatid; sila ay panggitna; at karamihan ay tatlong taon na sa ampunan.

Ang mga kalahok ay may mataas na lebel ng positive self-esteem at katamtaman o average na lebel ng negative ethical orientation. Ang kanilang optimistic self-worth ay katamtaman o average at mababa ang kanilang pessimistic self-worth. Ang negatibong etikal na oryentasyon ng mga ulilang kalahok ay may negatibong kaugnayan sa kanilang negatibong etikal na oryentasyon. Kung saan, ito ay nangangahulugan na habang mas tumataas ang kanilang positibong etikal na oryentasyon, bumababa naman ang kanilang negatibong etikal na oryentasyon.

Ang resulta ng pananaliksik ay isang magandang indikasyon na bagamat ang mga kalahok ay nasa isang bahay ampunan, mataas pa rin ang kanilang positibong pagpapahalaga sa sarili. Gaya ng napag-alaman sa mga interbyu, naniniwala ang mga kalahok sa bahay-ampunan na mayroon pa ring magandang

kinabukasan na naghihintay sa kanila, kaya hindi sila dapat mawalan ng pag-asa at palaging magtiwala sa Diyos.

Sesyon 2E
SIKOLOHIYANG PULITIKAL
AMS 210

Tungo sa mga Social Representations ng Demokratikong Pagkamamamayan (Democratic Citizenship) ng mga Kabataang Pilipino

Maria Cecilia Gastardo-Conaco, Diwa Malaya A. Quiñones
Unibersidad ng Pilipinas-Diliman
cconaco@kssp.upd.edu.ph, diwaquinones@kssp.upd.edu.ph

Ang mga social representations ng mga naitaguyod nang mga internasyunal na kunsepto (i.e., demokratikong pagkamamamayan o democratic citizenship) ay nagkakaiba sa iba't-ibang mga grupo at kultura. Ito ang nag-udyok sa amin na pag-aralan ang mga social representations ng demokratikong pagkamamamayan na pinanghahawakan sa Pilipinas ng isang grupo ng mga mag-aaral mula sa UP. 139 na mga estudyanteng kumukuha ng Psychology 101 ang sumagot sa internet ng Democratic Citizenship Questionnaire ni Willem Doise (personal communication, 2012). Ang instrumentong ito ay sinusukat kung paanong ang papel ng mamamayan at gubyerno, ang mga karapatang pantao, ang mga halalan at pagkakaroon ng mga kinatawan, ay nagsisilbing mga salik na humuhubog sa pagpapakahulugan nila tungkol sa demokratikong pagkamamamayan. Sa kabuoan, masisinagan mula sa mga kasagutan ng mga kabataang lumahok na (1) malaki ang papel na ibinibigay nila sa gubyerno sa pagpapatakbo ng bansa at sa estado ng mga mamamayan, partikular sa mga pangunahing nilang mga pangangailangan; (2) bukas ang mga tao sa presensya ng iba't-ibang etnisidad, kultura, at dayuhan sa bansa; (3) ang mga mamamayan at mga pulitikal na grupo ay may karapatang lumahok sa mga pulitikal na gawain. May mga kakaibang mga kasagutan ding lumabas – tulad ng mga pananaw pagdating sa kapangyarihan, palaging pagsunod sa batas, pagboto tuwing eleksyon, pagkakaroon ng kaalaman sa mga nangyayari sa bansa, pagsisiguro na may pusisyon para sa minoridad sa mga kagawaran o opisina. Malaki ang ambag sa literatura kung makukumpara ang datos na ito sa datos mula sa iba pang mga kultura at bansa. Ang mga napag-alaman ay malaki ang magiging implikasyon pagdating sa kinabukasan ng bansa, kung kaya't nararapat na sundan pa ito ng mas malawak na pag-aaral.

Paghuhubog sa mga Batang 4K

Sr. Maria Vida C. Cordero, SFIC
Franciscan Movement for Justice, Peace and Integrity of Creation
srmariavida@gmail.com

Sa apat na tampok na karapatan ng bata, ang karapatang makilahok ay binigyang buhay sa pamamagitan ng pagbuo ng kapatiran ng mga batang tinawag na 4K na ang kahulugan ay mga Batang kalahok sa Kapayapaan, Kalikasan, Kaunlaran at Kabutihan. 4K ay para rin sa Kapatiran ng mga Kabataan sa Kristiyanong Komunidad/Katilingban. Binuo ang organisasyon ng mga bata, binigyan sila ng pagsasanay sa pamumuno, pagpupulong, pagsusulat ng minutes ng pinagpulungan, pagdedesisiyon at pamamahala ng kanilang proyekto, paggawa ng record pangpinansya gamit ang 3-column columnar, teatrong pangpamayanan, paghahanda at pagsasakatuparan ng prayer service, misa at holy hour. May partisipasyon sa pagdedesisyon sa Gawain sa simbahan at sa kanilang kapatiran. Sa pangungumusta sa kanila paglipas ng maraming taon, sila ay nakatapos ng pag-aaral, kalahok sa Gawain ng kanilang Diyosesis at Parokya, at Pamanayan bilang mapagmalasakit at mapananagutang mamamayan. Sila ang mga batang 4K.

Ang Paghahati ng Camarines Sur

Richard Martin C. Bautista, Ailen Marylou S. Bigay, Stephanie Beatriz O. Valera
Ateneo de Manila University
bigs_24@yahoo.com, akiles_psykolohiya@yahoo.com

Ang paghahati ng isang probinsiya ay isang gawaing pulitikal na may kaakibat na mga pagbabago sa istruktura at sistema ng pamumuhay ng mga tao sa lugar. Ito ang kontensiyon sa panukalang hatiin ang Camarines Sur sa dalawang rehiyon. Ayon sa mga politikong isinusulong ang Batas sa paghahati, ito ay magdadala ng kaunlaran sa ekonomiya at magpapadali ng mga administratibong gawain sa lalawigan. Salungat ito sa pananaw ng mga pulitikong bumabatikos dito. Ayon sa kanila, ang paghahati ng CamSur ay pansariling interes lamang na may layuning mapalawak pa ang termino ng mga nasa likod ng panukala. Sinubukan naming timbangin ang saloobin ng mga karaniwang bikolano sa limang distritong sinasakop ng Camarines Sur sa pamamagitan ng isang surbey. Ginamit namin ang sagot ng 100 kalahok—50 mula sa 3 distritong sasakupin ng pinapanukalang "Nueva Camarines" at 50 sa 2 distritong hindi masasakop nito. Lumalabas na ang dalawang pangkat ay hindi sang-ayon sa mahahalagang aspeto ng hatian ngunit humigit-kumulang na nagkakaisa sa saloobin na hindi na kailangan pang hatiin ang probinsiya, at kung ito man ay hindi maiiwasan, ito ang tatapos sa political dynasty ng mga matagal ng nanunungkulan dito. Iisa rin ang saloobin ng mga kalahok na ang hatian ay isa lamang paraan upang mapalawak pa ang termino ng mga pulitiko at paraan upang sila ay makapagnakaw pa sa kabang-yaman ng pamahalaan. Kalakip ng aming pag-aaral ang aming mga panukala hinggil sa isuyu ng hatian ng Camarines Sur.

Nobyembre 22, 2013
Sabayang Sesyon 3: 1:30-3:00 n.h.

Sesyon 3A
PAMILYANG PILIPINO
AMS 206

Mga Determinant ng Self-Efficacy para sa Role Enactment ng Kabataan sa Konteksto ng Pamilyang Pilipino

Rosario T. Chu
Pamantasang De La Salle Araneta
rosechu2004@yahoo.com
Ma. Jenina N. Nalipay
Pamantasang De La Salle-Maynila

Bagamat marami nang pag-aaral ang naisagawa tungkol sa self-efficacy at sa mga nakaka-apekto dito, kakaunti pa lamang ang mga pananaliksik tungkol sa self-efficacy for role enactment ng mga kabataan sa konteksto ng pamilya. Ang self-efficacy for role enactment ay tumutukoy sa pagtitiwala ng isang indibidwal sa kanyang kakayanang maisagawa at magampanan ng matagumpay ang kanyang mga tungkulin at gampanin (DLSU, 2011). Ang layunin ng kasalukuyang pag-aaral ay upang malaman kung ang mga katangian ng pamilya tulad ng sense of belongingness, enabling relations, social climate, group resilience, enabling values, at roles and tasks ay makakapag-determina sa self-efficacy for role enactment ng mga kabataan (N=2786). Ang resulta ng hierarchical regression ay nagpakita ng ang group resilience, enabling values, at roles and tasks ay nakapag-determina sa self-efficacy for role enactment ng mga kabataan sa konteksto ng pamilyang Pilipino.

Paghubog ng Magulang sa Kabutihang-asal ng Anak sa Konteksto ng Kahirapan

Danielle P. Ochoa
Unibersidad ng Pilipinas-Diliman
danielle.ochoa@gmail.com

Inilalahad sa pag-aaral na ito ang mga paraang ginagamit ng magulang para turuan ang anak ng tama at mali, at sa mga balakid sa paglinang ng mabuting asal sa mga bata. Upang maunawaan ito, ginamit ang metodong pakikipagkwentuhan sa mga batang 7 hanggang 15 taong gulang, at isa-isa namang nakapanayam ang kanilang mga ina. Ang mga kasapi ay mula sa mga pamilyang nakararanas ng kahirapan upang mas maunawaan kung paano naiimpluwensiyahan ng kontekstong ito sa paghubog ng bata.

Mula sa mga metodong ito, natuklasan na gumagamit ang magulang ng tatlong paraan upang turuan ang mga bata ng tama at mali: salita, parusa, at sariling asal. Sa unang pamamaraan, kadalasang ginagamit ang pagsasabi, pagpapaalala,

pagpapaliwanag, at pagwawasto, at ito ang pangunahing lapit lalo na sa mga batang 10 hanggang 15 taong gulang. Sa pangalawang uri, pinapagalitan, pinapalo, at tinatakot naman ang mga bata, lalo na sa edad na 7 hanggang 9, bilang parusa sa masamang asal. Sa huling naman, pinakamakdalas gamiting paraan ng magulang ang pagiging mabuting halimbawa sa anak.

Sa kabila ng mga pamamaraang ito, may mga pagkakataong nagkukulang pa rin ang mga bata. Ayon sa kanila, ang mga balakid sa paggawa ng tama ay kadalasang dala ng sitwasyon, habang ang kanilang mga ina ay sinisisi naman ang kanilang paligid at mga likas na katangian ng mga bata. Maaaring mas maunawaan ang mga balakid na ito gamit ang *bioecological model* (Bronfenbrenner & Morris, 2006), sapagkat itinuturing mahalagang impluwensiya ang katangian ng bata, mga proseso, konteksto, at nagbabagong panahon sa kalalabasang asal ng bata.

Sesyon 3B
SIKOLOHIYA NG KAPWA 2: MGA KILOS AT PAGPAPAHALAGA
AMS 207

Ang Pagbubuo ng Panukat ng Pakikisama
Jose Mari Almoradie Carpena
Pamantasang De La Salle-Maynila/Pamantasan ng Lungsod ng Maynila
jomarcarpena@yahoo.com

Sa pagaaral na ito, sumikap ang manunulat na bumuo ng iskalang sumusukat ng pakikisama. Gamit ng mga kasagutan ng mga kalahok, nakapaglikha ang may-akda ng mga aytem. Ang mga aytem na ito ay dumaan naman sa puna't kritika ng mga dalubhasa. Isinala ang mga ito gamit ng *Exploratory Factor Analysis*. Ang mga natirang aytem ay muling dumaan sa isang pagsusuri upang malaman ang kanilang*reliability*. Ay mga aytem na nagpababa sa *reliability* ay itinanggal. Ang huling salin ng iskala ay nagpapakita ng magandang *reliability* sa pangkabuuan. Itinalakay rin sa papel na ito ang kagamitan ng iskalang ito sa iba't ibang konteksto.

Utang na Loob para sa mga Kabataan ngayon: Isang Pagtataya
Lucy Mary M. Navarro, Rowena G. Fernandez
Palawan State University
lucymarynavarro@gmail.com

Sa pagsisiyasat sa Sikolohiya ng pananagutan at malasakit ng mga Pilipino, magiging malaking tulong kung mabibigyan ng pansin ang paksa patungkol sa pagtanaw ng utang na loob. Buhay pa nga ba ang konsepto ng utang na loob sa ating lipunan? Nabago na rin ba ang konsepto nito sa paglipas ng panahon? Ano na ang pakahulugan at pagsasapamuhay sa utang na loob para sa mga kabataan ng kasalukuyang panahon?

Ang pag-aaral na ito ay ginawa sa mga mag-aaral edad 16 – 20, at kumukuha ng Panimulang kurso sa Sikolohiya at Pilosopiya sa PSU. Isang sarbey ang ginawa kung saan ang mga kalahok ay pinili gamit ang lottery technique. At sinundan ito ng panayam sa grupo ng mga kabataan (FGD) upang pagtibayin ang naging resulta ng ginawang surbey.

Ang kinahinatnan ng pag-aaral ay nagpakita ng konsepto ng utang na loob para sa mga kabataan, ang mga itinuturing na pinagkakautangan ng loob, uri ng utang na loob na nababayaran at hindi nababayaran, at ang paraan ng pagtanaw ng utang na loob ng mga kabataan sa kasalukuyang panahon.

Mahalaga nga ba ang Tampo-Lambing-Biro sa Pagpapaliwanag ng Pagkataong Pilipino?

Charmaine P. Galano
University of the Philippines-Los Baños
cpgalano@gmail.com

Sinuri ng kasalukuyang pananaliksik ang tambalang tampo-lambing-biro na ipinanukala ni Enriquez bilang mga kaugnay na kilos na nagpapahayag ng mga paayong pagpapahalagang Pilipino (o accommodative surface values). Nagsagawa ng walong workshop sa 38 mag-aaral (edad 19-24) ng Unibersidad ng Pilipinas Los Baños upang malaman ang kanilang pagpapakahulugan at saloobin tungkol sa konsepto ng tampo, lambing, at biro. Katulad ng nabanggit ni Enriquez, itinuring ng mga kalahok ang tatlong konsepto bilang magkakaugnay na mga kilos. Napag-alaman na bagaman madalas makita o maramdaman ang tampo-lambing-biro sa ugnayang hindi ibang tao (HIT), may mga sitwasyong ipinapakita o ipinapadama rin ito sa isang ibang tao (IT) lalo na kapag ang layunin ay kunin o pagaanin ang kanyang loob. Ginagamit rin ang tampo-lambing-biro sa hindi direktang pagpapahayag ng saloobin. Panghuli, tinukoy ng mga kalahok ang ilang negatibo o hindi magandang kilos na iniuugnay sa tampo-lambing-biro. Tatalakayin ang implikasyon ng mga nabanggit sa teorya ng pagkataong Pilipino ni Enriquez.

Sesyon 3C
PAGHARAP SA KARANASAN NG PANG-AABUSO
AMS 208

Pagharap ng mga Mag-aaral sa Hamon ng Bullying

Ma. Joycelyn A. Go-Monilla, Peter R. Go-Monilla
University of the East
retep91871@yahoo.com

Ang kwantitatibong pag-aaral na ito ay nilalayong siyasatin ang relasyon ng akademikong pangkapaligiran (learning environment) at akademikong pagganap (academic performance) ng mga mag-aaral sa kolehiyo. Ang mga datos ay

kinalap sa pamamagitan ng pakikipanayam at sarbey sa 345 estudyante mula sa isang pamantasan sa Manila. Ang pag-aaral ay ginamitan ng pearson correlation at regression analysis bilang paraan ng pag-aanalisa ng datos. Ipinakita sa pag-aaral na: ang teaching methods (pamamaraan) at classroom management (pamamalakad) ng mga guro ay direktang nakakaapekto sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa kolehiyo. Lumabas din sa resulta ng sarbey na walang relasyon ang school facilities at support services ng iba't ibang support service units ng pamantasan (i.e., Student Affairs Services, Guidance and Counseling Services, Medical and Dental Services, Library and Audio-Visual Services, Security Office, at Campus Ministry) sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral. Batay sa resulta, pinagtitibay ang kahalagaan ng mga guro sa patuloy na pag-unlad ng karunungan ng bawat mag-aaral. Sa kabilang banda naman, inilalarawan din sa resulta na ang posibleng epektibong kasangga ng mga guro ay ang iba't ibang support services ng pamantasan upang maging mas kasiya-siya ang pag-aaral para sa mga mag-aaral at mas epektibo ang pagtuturo sa mga guro sa kolehiyo.

Mga Kuwento ng Panlalait at Karahasan: Batayan ng Panukalang Programa para sa mga Baklang Mag-aaral sa Cavite State University-Naic

John Xavier B. Nepomuceno
Cavite State University-Naic
jxbnep@yahoo.com

Sinasabi ng Psychological Association of the Philippines na patuloy na nakararanas ng panlalait at karahasan ang mga Pilipinong lesbiyana, bakla, tomboy, silahis, trans at iba pa (LGBT). Kapansin-pansin din na sa mga nakalipas na taon ay umuusbong na at nakikilala na sa bansa ang LGBT Psychology. Kaugnay nito, tinuklas sa pag-aaral na ito ang mga karanasan ng mga baklang mag-aaral ng Cavite State University – Naic. Layon ng pag-aaral na malaman ang iba't ibang anyo ng panlalait at karahasan na kinaharap at patuloy na kinakaharap ng mga baklang mag-aaral. Gamit ang mga kwalitatibo at katutubong kapamaraanan sa pananaliksik, partikular ang pagtatanung-tanong at pakikipagkwentuhan, nakalap ang mga kinakailangang datos at nakamit ang pakay ng pananaliksik. Bahagi rin ng pag-aaral ang pagbalangkas ng ilang mungkahi kung papaano matutugunan ang mga natuklasang pangangailangan ng mga baklang mag-aaral.

Multi-Attitudinal Suicidal Tendencies ng mga Batang Babaeng Nakaranas ng Pang-aabuso Mula sa Isang Home for Girls sa Palayan City, Nueva Ecija

Sherwin William H. Vidon, Lee Justin C. Magundayao, Donna Kriska A. Valerio, Venus A. Vitales
Wesleyan University-Philippines
sherwinvidon@gmail.com

Ang Home for Girls sa Palayan City, Nueva Ecija ay isang institusyon na kumakalinga sa mga menor de edad na mga babae na naging biktima ng mga pang-aabusong pisikal, seksuwal, at verbal. Ginamit na instrumento ang Multi-Attitudinal Suicidal Tendencies (MAST) scale ni Orbach para alamin ang mga tendencies na magpatiwakal o mag-suicide ang mga biktima ng pang-aabuso; inalam din ng mga mananaliksik ang implikasyon nito sa sikolohiyang Pilipino.

Ang resulta ng pananaliksik ay ang mga sumusunod: karamihan sa mga kalahok ay nasa early adolescence na edad; kadalasan sila ay biktima ng rape ng kanilang sariling tatay; ang dalas ng pang-aabuso na naranasan nila ay nasa 5 hanggang 6 na beses sa loob ng isang taon. Napag-alaman ng mga mananaliksik na sa kabila ng kanilang traumatic na karanasan, ang mga biktima ng pang-aabuso ay mas naaakit na mabuhay kesa mamatay (attracted to life than to death). Walang nakitang pagkakaiba sa suicidal tendencies ang mga naabusong biktima ayon sa kanilang edad, uri ng pang-aabuso, sino ang umabuso at dalas ng pang-aabuso na kanilang naranasan.

Ang implikasyon nito sa Sikolohiyang Pilipino ay ang mga sumusunod: ang mga biktima magamat mas ninanais pa nilang mabuhay kesa mamatay ay nagkaroon na sila ng "damage good syndrome" dahil sila ay nasa murang edad pa at hindi pa emotionally stable; ipinakita rin sa pananaliksik na sa rural areas, madalas na miyembro ng pamilya, partikular na ang tatay ang nang-aabuso sa mga anak na babae, isang implikasyon na mahina ang konsepto ng pagmamalasakit; kaya iminumungkahi na para mapatatag ang pagmamalasakit ng mga tatay ay nararapat na magsagawa ng mga seminar at turuan ang mga menor de edad na protektahan ang mga sarili sa mga seksuwal na pang-aabuso lalo na mula sa sariling pamilya.

Panaghoy ni Nanay: Ang Kaisipan at Kalagayan ng mga Kababaihang Inabuso sa Tahanan

Lino Fe R. Aglubat
Nueva Ecija University of Science and Technology
linofe_aglubat@yahoo.com

Sinikap ng pag-aaral na suriin ang kaisipan at kalagayan ng mga kababaihang nagdesisiyong tumindig at wakasan ang mapang-abusong relasyon na kinasadlakan. Nagsagawa ng isang pagsusuri (n=15) sa mga kababaihang nagpetisyon para sa pagpapawalang bisa ang kanilang kasal sa kadahilanang sila

ay biktima ng mapang-abusong relasyon sa kamay ng kanilang kabiyak. Nakitang na may malaking impluwensiya ang paraan ng pagpapalaki ng mga magulang sa paghubog ng pagkatao at kaisipan ng bawat indibidwal. Matingkad din ang tinatawag na "judicial antecedent" at kasaysayan ng indibidwal sa pagtasa ng pagkatao at "psyche" ng mag-asawa kung bakit ang kanilang dating mapagmahal na relasyon na may lakip na pagtitiwala at katapatan na kinakailangan ayon sa Family Code ng Pilipinas ay tuluyang pumait na naging sanhi ng mapang-abusong relasyon gawa ng lalake sa asawang babae.

Sinuportahan ang mga resultang ito ng mga datos mula sa mga clinical interview, psychological tests, individual interview and conjoint dyadic interview sa mga petisyoner at kanilang mga testigo. Isinagawa and pagkuha ng datos sa labing limang kababaihan at mga testigo na hango sa ba't-ibang okupasyon, antas at uri ng pamumuhay at pinagmulang pamilya, may "judicial antecedent", iba't-ibang uri ng kaisipan na tinasa sa pamamagitan ng psychological testing at dumanas ng iba't-ibang uri ng pang-aabuso sa tahanan.

Nakita na ang mga relasyong nabanggit ay epekto ng hindi pinagplanuhang pagpapamilya dala ng pagkabuntis o pagkapikot ng mga lalake o kaya ay pagkataong disorder na maging ang may katawan ay walang alam sa disorder. Ilang mga kababaihan at maging ang kanilang asawa ay mayroong isa o higit pa na pagkataong disorder at mala tubig at langis relasyon at pagkatao na nagbunga ng mala aso't pusang relasyon. Dulot nito ay isang mapang-abusong relasyon at lugar ng humuhubog ng kaisipang mapang-abuso para sa mga anak sa loob ng mapang-abusong samahan.

Sesyon 3D
SIKOLOHIYANG PANG-EDUKASYON
AMS 209

Konsepto ng Edukasyon ayon sa Piling Out-of-school Youth ng Brgy. Sta. Fe Dasmariñas, Cavite

Daniel T. Matacot, Arjane Paula I. Sumague
Pamantasang De La Salle-Dasmariñas
tomodaniel@yahoo.com, arjanesumague@gmail.com

Maraming kabataan ang hindi nagkakaroon ng pagkakataon na makapag-aral sa maraming kadahilanan. Nangyayari na marami sa kanila ang nagiging palaboy na karaniwang tinatawag na "out-of-school youth". Ang mga kabataang ito ay hindi nakapagpatuloy o nakapagtapos ng kanilang pag-aaral.

Sa kanilang karanasan, hindi maikakailang nakakadama sila ng hiya at pagsisisi. Base sa resulta ng pag-aaral, ilan sa mga kabataan ng Brgy. Sta Fe Dasmariñas, Cavite, ay tumigil sa pag-aaral dahil sa kakulangang pinansiyal, mayroon namang tumigil lamang dahil sa sariling kagustuhan, ang iba ay nagsakripisyo upang

makatulong sa mga kapatid at sa magulang, at ang iba, partikular na ang ilang kababaihan ay maagang nabuntis at mas pinili na lamang na huwag nang mag-aral. Ito ay para maalagaan ang kanilang anak o di kaya upang maghanap ng trabaho para matugunan ang pangangailangan ng kanilang anak.

Sa pangkalahatan, ang mga out-of-school youth na ito ay nakaranas ng paghinto sa pag-aaral, ngunit naniniwala pa rin sila na ang pag-aaral ang mag-aalis sa kanila sa kahirapan, kung kaya't nagnanais pa rin sila na makapagtapos ng pag-aaral, at magkaroon ng magandang hanap-buhay.

Relasyon ng Edukasyon, School Involvement, at Pinapakain ng mga Magulang sa Debelopment ng mga Batang Ayta

Eden Hulipas-Terol, Cristabel Fagela-Tiangco, Rosanne Galvez-Echivarre, Bryan Q. Engay
UP Diliman Extension Program in Pampanga
cfagela@yahoo.com

Ang edukasyon ay tinuturing ng mga Ayta bilang tulay sa pagtamo ng mataas na antas at kalidad ng buhay para sa bawat isa at sa buong komunidad. Subalit hindi lingid sa karamihan ang samu't saring hamong ikinakaharap ng mga batang katutubo at kasama na rito ang pakikipagsapalaran nila sa paaralan upang makamit ang magandang edukasyon. Kung ihahambing sa ibang mga bata, malaki ang pagkakaiba ng karaniwang pagdalo sa paaralan (average attendance) at pagganap sa paaralan (school performance) ng mga bata mula sa minority cultures. Mahalaga ang papel ng mga magulang sa pagbibigay suporta sa kanilang mga anak upang maityak ang tagumpay nila sa pag-aaral.

Nilayon nitong pananaliksik na tingnan ang ibat ibang aspeto ng pag-unlad ng batang Ayta na nasa preschool at ang kaugnayan ng mga salik pangmagulang (gaya ng school involvement, natamong edukasyon, at ipinapakain sa mga anak) dito. Ang mga kalahok ay 15 kindergarten na mag-aaral at ang kanilang mga nanay na naninirahan sa Sitio Monicayo sa Mabalacat, Pampanga. Upang makakuha ng impormasyon tungkol sa 5 developmental domains, ginamit ang Early Childhood Care and Development Checklist (ECCD). Ang mga nanay naman ay ikinapanayam ukol sa mga demograpiko at school involvement ng mga magulang. Nasubaybayan rin ang ikinakain ng mga batang kalahok sa pamamagitan ng food diary na kinumpleto ng mga nanay.

Napagalaman na ang school involvement ng magulang ay may korelasyong negatibo sa aspeto ng cognitive development ng mga bata ayon sa ECCD ($r=-0.663$, $p=0.01$). Ipinahihiwatig nito na ang mga magulang ay mas tutok sa gawaing pampaaralan ng kanilang mga anak kapag nakikita na nilang nahuhuli na sila kumpara sa kanilang mga kaklase. Ang edukasyong natamo naman ng tatay ay nakitang may positibong korelasyon ($r=0.566$, $p=0.05$) sa pisikal na debelopment (fine motor functioning). Karamihan ng mga bata ay may mababang antas ng functioning sa paghayag at pagtanggap ng komunikasyon

(receptive at expressive communication), at cognitive development. Ang mga kakulangan sa nutrisyon ay maaari ring may kinalaman sa pagbagal ng pangkalahatang pag-unlad.

Iminumungkahi ang pagbuo at pagsasagawa ng mga programang tutugon sa mga pangangailangan ng mga preschooler na Ayta, alinsunod sa paniniwalang mas mainam ang maagang interbensyon, upang lumaki ang probabilidad na magtagumpay sila sa kanilang pag-aaral. Mula sa isang perspektibong sistemik, dapat ring isaalang-alang sa mga programang ito ang kapakanan ng mga magulang bilang taga-gabay at katuwang ng mga batang Ayta sa pag-aaral. Mahalaga ring linawin ang papel ng komunidad at lipunan sa pangangalaga sa mga etnikong grupo gaya ng Ayta.

Learning Environment at ang Epekto nito sa Akademikong Pagganap ng mga Mag-aaral sa Kolehiyo

Peter R. Go-Monilla
University of the East
retep91871@yahoo.com

Ang kwantitatibong pag-aaral na ito ay nilalayong siyasatin ang relasyon ng akademikong pangkapaligiran (learning environment) at akademikong pagganap (academic performance) ng mga mag-aaral sa kolehiyo. Ang mga datos ay kinalap sa pamamagitan ng pakikipanayam at sarbey sa 345 estudyante mula sa isang pamantasan sa Manila. Ang pag-aaral ay ginamitan ng pearson correlation at regression analysis bilang paraan ng pag-aanalisa ng datos. Ipinakita sa pag-aaral na: ang teaching methods (pamamaraan) at classroom management (pamamalakad) ng mga guro ay direktang nakakaapekto sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa kolehiyo. Lumabas din sa resulta ng sarbey na walang relasyon ang school facilities at support services ng iba't ibang support service units ng pamantasan (i.e., Student Affairs Services, Guidance and Counseling Services, Medical and Dental Services, Library and Audio-Visual Services, Security Office, at Campus Ministry) sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral. Batay sa resulta, pinagtitibay ang kahalagaan ng mga guro sa patuloy na pag-unlad ng karunungan ng bawat mag-aaral. Sa kabilang banda naman, inilalarawan din sa resulta na ang posibleng epektibong kasangga ng mga guro ay ang iba't ibang support services ng pamantasan upang maging mas kasiya-siya ang pag-aaral para sa mga mag-aaral at mas epektibo ang pagtuturo sa mga guro sa kolehiyo.

Sesyon 3E
PAGMAMAHAL AT PAGPAPAHALAGA SA SARILI
AMS 210

Pagmamahal sa Sarili : Isang Ideolohiya
Alyssa Mae Balde, Joseph Allan O. Roxas, Darwin V. Sumaway
Pamantasang De La Salle-Dasmariñas
alyssabalde@gmail.com

Marami ang naniniwala na sadyang mapagmalasakit ang mga Pilipino, ngunit may katotohanan nga ba ang mga ito? Hindi kaya ang pagmamalasakit na ito ay isang anyo lamang ng pagiging makasarili ng mga Pilipino? Hindi kaya ginagawa lamang nila ito sa kanilang kapwa dahil may inaasahan silang kapalit o kagustuhan na gustong maatim? Ang layon ng pagaaral na ito ay tukuyin at bigyan ng malinaw na pagkakakilanlan ang konsepto ng pagiging makasarili at pagiging walang pagiimbot ng mga Pilipino. Ang mga mananaliksik ay nilalayon na makapasok sa loob ng mga kalahok upang lalong mapagigting ang kwalitatibong perspektibo ng pag-aaral kasabay rin syempre ng pagpapanatili ng kwantitatibong perspektibo nito. Layon din na mabigyang diin kung ano talaga ang purong katangian ng mga Pilipino at maihayag sa mga mambabasa kung ano nga ba ang ideolohiyang ito ayon sa ating kutura.

Pumili ang mga mananaliksik ng mga kalahok na kakatawan sa 4 na kasarian. 5 ay kakatawan sa mga babae, 5 ay kakatawan sa mga lalaki, 5 ay kakatawan sa homosexual na lalaki, at ang 5 pa ay kakatawan sa homosexual na babae. Gagamit ang mga mananaliksik ng pagtatanong-tanong, isang metodong katutubo, na isang impormal ngunit determinadong paraan upang makakuha ng sagot. Kasabay nito ang mga mananaliksik ay gagamit din ng iba pang metodo aktulad ng pakikipagkwentuhan at pakikisuno. Sa pakikisuno nagkaroon ng mas maigting na ugnayan ang mananliksik sa kanyang kalahok at naging pantay ang kanilang respeto sa isa't isa. Sa pagpapaigting ng kanilang relasyon, nagamit ang pakikipagkwentuhan upang mas lalong makapa ng mga mananaliksik kung nakapasok na sila sa loob ng mga kalahok.

Pananaw, Saloobin, Karanasan at Pagpapahalaga sa Sarili ng mga Mag-aaral ng Kolehiyo (Bataan Peninsula State University) sa Kabundukan ng Abucay, Bataan
Icelle B. Soriano, Marita Gelua-David
Bataan Peninsula State University
jadeklyde@yahoo.com

Nilayon ng pag-aaral na ito na malaman at maunawaan ang mga pananaw at saloobin ng mga mag-aaral ng kolehiyo sa isa sa mga anim (6) na Campus ng Bataan Peninsula State University na matatagpuan sa kabundukan ng Abucay, Bataan, siyam (9) na kilometro ang layo mula sa highway at labinglimang(15) kilometro mula sa kabayanan. Maipapahayag dito ang mga kakaibang karanasan

ng mga mag-aaral subalit ang mga karanasang ito ang nagpapaigting at nagpapatatag sa kanila upang magpatuloy sa pag-aaral. Nabigyang pansin din sa pag-aaral na ito ang kalagayan o status ng pagapahalaga sa sarili (self-esteem) ng mga mag-aaral. Mahalaga na maunawaan ang mga bagay na ito upang matugunan ang kanilang mga pangangailangang pisikal, sosyal, emosyonal at intelektuwal. Ang pamamaraang ginamit ay ang pagsasalarawan , talatanungan at pagtatanong-tanong. Nagamit din ang penomenolohikal na pamamaraan ng pag-aaral para mas lalong mailarawan at maunawaan ang mga karanasan ng mga mag-aaral. Ginamit din ang Rosenberg self-Esteem Scale upang malaman ang kalagayan o status ng pagpapahalaga sa sarili ng mga mag-aaral. Isang daan at limampung (150) kasagutan o tugon ang pinili upang dito makuha ang antas ng pagpapahalaga sa sarili ng mga mag-aaral. Nalaman sa pag-aaral na mataas pa rin ang kanilang pagpapahalaga sa sarili at positibo ang kanilang mga saloobin at pananaw sa buhay bagaman sila ay nag-aaral sa kabundukan at ang kanilang mga karanasan ay kaakibat ang kahirapan.

"Constructs" sa Kahulugan ng Buhay at Pagpapahalaga sa Sarili ng mga Matatandang Catadores ng Sambat, Tanauan City, Batangas

Ma. Crizelle M. Bueno, Golan F. Canuzo, Jelene Joy S. Librea, Nimfa C. Gamban
First Asia Institute of Technology and Humanities
crizelle_bueno@yahoo.com.ph

Ang basura ng isang tao ay kayamanan para sa iba – ang bagay na maaaring wala nang kwenta para sa isang tao katulad ng gamit na plastic na bote ay maaaring katumbas ng hapunan ng iba. Ang mga taong ito ay ang mga *"catadores"* o mas kilala bilang *"scavengers", "waste pickers"* o basurero sa wikang tagalog na kumukuha ng ikabubuhay sa pamamagitan ng pamumulot ng basura at iba pang maaaring iresiklo. Ang pananaliksik na ito ay ginawa upang alamin ang *"contructs"* sa kahulugan ng buhay ng mga *"catadores"* na naninirahan sa Sambat, Tanauan City, Batangas sa pamamagitan ng pagkolekta ng datos mula sa kanilang *socio-demographic profile*, alamin ang kanilang *"constructs"* sa kahulugan ng buhay ayon sa kanilang layon sa buhay, pagkamit ng kanilang mahahalagang layunin at ang kaakibat na pakiramdam sa katuparan ng mga ito, at panghuli, ilarawan ang kanilang pagpapahalaga sa sarili. Ang unang hakbang sa pananaliksik na ito ay ang pagsasagawa ng isang pakikipanayam kung saan ang mga tanong ay maingat na idinisenyo para sa mga pangangailangan ng mga tagapanaliksik. Pagkatapos nito, sila ay gumamit ng *"thematic analysis"* sa pagsusuri ng mga sagot sa kanilang pakikipanayam. Ang mga sagot ay minarkahan at inayon base sa kanilang mga tema upang makatulong sa pagtugon sa mga layunin ng pananaliksik. Base sa pananaliksik na ginawa, ang mga resulta ay nagpapakita na ang kasarian ay hindi mahalaga sa kanilang pagiging isang *"catador"*; na ang kanilang pangunahing layunin ay ang patuloy na mabuhay; at pinahahalagan nila ang kanilang sarili sa pamamagitan ng positibong pagtingin sa sarili sa kabila ng dungis na ikinakabit sa pagiging isang *"catador"*. Ang pananaliksik na ito ay magiging kapaki-pakinabang sa mga

mananaliksik ng parehong paksa sa hinaharap at magiging mahalaga sa larangan ng sikolohiya sa pamamagitan ng pagbibigay ng isa pang dimensiyon sa pag-unawa ng isip ng tao.

Nobyembre 22, 2013
Sabayang Sesyon 4: 3:30-5:00 n.h.

Sesyon 4A
SIKOLOHIYANG PANGKALUSUGAN
AMS 206

KKK…Kalusugang pangKaisipan sa Lungsod ng Kalookan-Ikalawang Yugto: Mga Batang Kankaloo

Bernadette Bobis-Enriquez, Carl O. Dellomos, Ruben Balilo
University of Caloocan City
detski28@hotmail.com

Ang pag-aaral na ito ay ikalawang hakbang sa isang masusing pagsasaliksik na isinasagawa ng mga mag-aaral ng University of Caloocan City Psychology department. Ang una, na inilahad din sa Pambansang Kumperensya sa Sikolohiyang Pilipino noong Nobyembre 2012 sa Batangas ay ang pangkalahatang katayuan ng kalusugang pangkaisipan (general mental health status) ng mga mamamayan sa unang distrito ng Lungsod ng Caloocan kung saan matatagpuan ang barangay na may pinakamalaking populasyon sa buong bansa, ang Bagong Silang. Ipinakita ng unang pag-aaral na ang kabataan ang bumubuo ng pinakamalaking populasyon sa nasabing distrito at sya ring nagpapamalas ng mas higit na pangangailangan sa paggabay sa pagpapanatili ng kalusugang pangkaisipan at serbisyong panlipunan na inilalatag ng lokal na pamahalaan ng Caloocan.

Ang pagsasaliksik na ito ay nakapokus sa pagkilala ng iba't ibang uri ng juvenile delinquency na kinasasangkutan ng mga kabataan sa Caloocan partikular sa unang distrito, ang mga kadahilanan o factors na nagbibigay daan sa mga nakilalang deviant behaviours, at ang mga gawain at programa na inihahain ng pamahalaang lungsod upang matugunan ang nasabing pangangailangan ng mga kabataan. Ang mga pangunahing respondents ng pag-aaral ay ang mga opisyal ng iba't-ibang barangay at social workers na may direktang kinalaman at responsibilidad sa youth welfare and development programs. Gumamit ang mga nagsasaliksik ng cluster-purposive sampling technique sa pagpili ng mga kalahok sa pag aaral na nagresulta sa 552 respondents at 627,422 natalang mga kaso ng juvenile delinquency sa loob ng isang taon. Nasa 76% ng mga na natalang kaso ay kinasangkutan ng mga kalalakihan at 24% lamang ang kababaihan. Gumamit din ng survey questionnaire at interview upang makuha ang bilang ng juvenile delinquency sa bawat klasipikasyon, upang malaman ang

mga kondisyon kadahilanan na nagbibigay daan upang magkaroon ng deviant behaviour, at upang malaman din ang mga gawain at programang sinasalihan ng mga youth offenders at ang kanilang karampatang parusa o penalty/disciplinary actions na ipinataw sa kanila.

Lumabas sa paunang resulta na ang paninigarilyo ang pinakamalaking natalang kaso ng mga kabataan. Natuklasan din na problema sa pamilya ang pangunahing kadahilanan ng delinquent behaviour. Kinilala naman ng mga kalahok sa pag-aaral ang sports events ng kanilang mga barangay bilang pinakamabisang programa para sa youth development at youth offenders. Ilan sa mga penalties/disciplinary actions na naipataw sa mga youth offenders ng kanilang mga pinunong pambarangay ay ang weekly reporting of activities, monitoring through home visitation, referral sa DSWD at PNP at pagbibigay ng community service na kinilala bilang mahusay na interbensyon.

Nirerekomenda ng mga mananaliksik na gamitin ang mga natuklasang punto upang makabuo ng isang programang magbibigay daan sa matagumpay na pagpapanatili ng, kung hindi man pagbibigay ng tamang gabay, kanilang kalusugang pangkaisipan.

Maka-Kasariang Panggagamot sa mga Piling Komunidad ng Marinduque

Kristle Maryjoy H. Dumlao
Marinduque State College
dumlaokristle@yahoo.com

Ang lipi, ethnisidad, kalagayan sa lipunan at kasarian ng isang tao amg bumubuo sa mga kaibahan nito sa uri ng buhay ito namumuhay. Gayunpaman, ang epekto nito ay mahirap kilalanin. Ito ay totoo lalung-lao na sa mga tao na kung saan ang kanilang pangkat na kinabibilangan ay nagdudulot ng kapakinabanga---ang mabuti at kasiya-siyang pamumuhay (Mcfried1998).

Ang tao ay nabubuhay sa mundong ibabaw dahil ito ay may layunin at hindi dahil ito ay pagkakataon o nagkataon lamang.Bawat isa sa pinagkalooban ng iisang buhay. Kung kaya't nasa sarili nitong mga kamay kung papaano mamuhay nang masagana. Naniniwala ang karamihan na "ang kalusugan ay kayamanan". Sinasabi rin na ang kalusugan ay ang pinakamahalagang aspeto ng buhay. Bawat tao ay nagnanais magkaroon ng malusog na pagkatao. Samakatuwid, ang pagkakasundo ng katawan, isipan at ispiritwal na aspeto ay napakahalaga upang matamo ang pagkakaroon ng mabuting pamumuhay. Kaya nararapat lamang na tugunan at tustusan ang mga pangangailangan nito.

Ayon sa teorya ng Esensiyalismo ni Freud, ang kasarian ay bahagi ng biyolohikal na aspeto ng tao. Sinasabi rin nito na ang kasarian ay tumatalakay sa parehong katotohanan at kapakinabangan nito sa mga tao.

Tuwing magkakaroon ng hindi maiiwasang pangyayari tulad ng aksidente at pagkakasakit, karaniwang tumatakbo ang mga tao sa ospital kung saan humihingi ito ng tulong sa mga dalubhasa sa larangan ng medisina lalo na kung ang kalusugan niyo ang nakataya. Ngunit may mga pagkakataon na humamanap rin ang tao ng sinaunang panggagamot dahil sa iilang mga kadahilanan tulad ng mga pangangailangan ng mga taong naninirahan sa malayo at liblib na lugar na karaniwa'y mahirap na maabutan ng tulong. (Luarca & Camero 2010)

Ang mga sinaunang karunungan ay karaniwang kumakatawan sa mga yaman na ipinagmamalaki ng mga mahihirap (Ulluwishiwa 1993) ngunit ito ay karaniwang hindi nalalaman ng maraming tao kasama na rito ang mga umuunlad na propesyunal sapagkat ito ay nananatili lamang nasa isip ng mga ordinaryong mamamayan, hindi naisusulat o naililimbag, hindi tulad ng mga kaalamang nakuha mula sa paggamit ng siyentipikong pamamaraan.(Andam, Cabildo & Malvar 2009).

Kung kaya't ang layunin ng pag-aaral na ito ay upang tukuyin ang mga makakasariang panggagamot sa mga piling pamayanan ng Marinduque ng sa ganon ay higit na makatulong sa mga mamamayan nito, upang makapagbigay nang mas malalim sa pang-unawa tungkol dito at upang mabigyang linaw ang pagkakaiba sa paraan ng panggagamot sa pagitan ng magkakaibang kasarian.

Proseso ng Pagdedesisyon ng mga Kaanak para sa mga Pilipinong Pasyenteng nasa *Persistent Vegetative State*: isang *Grounded Theory*

Tyrone Reden L. Sy
Ateneo de Manila University/Unibersidad ng Pilipinas-Maynila
tyroneredensy@gmail.com

Gamit ang grounded theory, ang pag-aaral na ito ay bumalangkas ng isang teorya hinggil sa proseso ng pagdedesisyon ng mga Pilipino para sa kanilang mga kamag-anak na kasalukuyang nasa *persistent vegetative state* at nasa dulo na ng kanilang buhay. Para maisagawa ang nasabing layunin, sampung kamag-anak ng mga nasabing pasyente sa Department of Neurosciences, Supportive Palliative and Hospice Care Clinic at Ward 1 ng University of the Philippines-Philippine General Hospital (UP-PGH) ang kinapanayam ng mananaliksik.

Matapos ang pagsasagawa ng *open, axial* at *selective coding* ng mga sipi ng panayam, natuklasan ang anim na tema sa proseso sa paggawa ng desisyon ng mga kaanak: (1) panahon ng pagkakasakit; (2) panahon ng pagtanggi at pagkaligalig; (3) pagpasok ng iba't-ibang konsiderasyon sa pagdedesisyon; (4) mga desisyong ginawa; (5) panahon ng desensitasyon, pagkagalit, paghihintay, at 'pagtanggap'; at (6) *sustained processes*.

Ang proseso ng pagbibigay-kahulugan ay nakitang isa sa mga pinagmulan ng pag-asa para sa mga kaanak. Ang isyu ng *medical triage* dahil sa kawalan ng rekurso sa UP-PGH ay kasamang sinuri. Napag-alaman sa pananaliksik na sa

kanilang pagdedesisyon para sa kanilang pasyente, isinaalang-alang ang mga kaugaliang Pilipino na hiya, pakikisama, *amor proprio,* at utang na loob.
Bilang konklusyon, ang konsepto ng "*euthanasia*" para sa mga Pilipinong kaanak ay nangangahulugan ng pagmamalasakit at pag-aaruga sa mga pasyenteng kasalukuyang nasa *persistent vegetative state* hanggang sa panahong naramdaman na nila na ang Diyos at ang pasyente na mismo ang "nag-desisyong" humayo na.

Keywords: *euthanasia, medical triage, end-of-life decision-making, persistent vegetative state, Filipino, grounded theory*

Sesyon 4B
SAMU'T SARING PAG-AARAL
AMS 207

Dahilan ng Pagtatrabaho at Pagtanggap sa Pagtanda ng Senior Citizens sa Bayan ng Tanauan, Batangas

Amielle Rose S. Castillo, Eubelle C. Cornelio, Marichu G. Villegas, Nimfa C. Gamban
First Asia Institute of Technology and Humanities
castilloamielle@gmail.com

Ang pag-aaral na ito ay may layuning matuklasan ang dahilan sa pagtatrabaho at pagtanggap sa pagtanda ng mga senior citizens sa pamamagitan ng paglalahad na pamamaraan. Ang pag-aaral ay isinagawa sa tabing-kalsada at pampublikong pamilihan ng bayan ng Tanauan. Ito ay kinabibilangan ng apat (4); dalawang (2) lalaki at dalawang (2) babae; ang pinakabata ay may edad anim na po't tatlo (63); walang po't anim (86) naman ang pinakamatanda. Ang mga mananaliksik ay gumamit ng sariling-gawang katanungan para makuha ang nararapat na impormasyon. Ang pagsusuri ay isinigawa sa pamamagitan ng "McAdams Life Story" Sa resulta ng pag-aaral ang dahilan ng mga senior citizen sa pagtatrabaho ay mapagkukunan ng kita, libangan at upang masuportahan ang kanilang pangangailangan. Ang kanilang edad at pisikal na kondisyon ang pangunahing indikasyon ng kanilang pagtanda. Kalusugan, pinansyal at emosyonal na aspeto ay ikinokonsidera na mahalaga para sa mga senior citizens. Ang mga salik sa matagumpay na pagtanda ay maayos na buhay kasama ang kanilang kabiyak; magandang edukasyon para sa mga anak. Problema sa pamilya ang sanhi ng kanilang paghihirap gaya ng pagkawala ng pinansyal na suporta at pagkakasakit ng mga anak. Sa kabila ng nararanasan nilang suliranin, ang mga senior citizen ay patuloy sa pagtingin sa pagtanda bilang natural na proseso. Sa kabila ng napakaraming salik; kalusugan, emosyonal at kakulangang pinansyal, ang pagkakaroon ng oras makapiling ang kanilang pamilya lalu ang kanilang mga apo ay napakalaking bagay sa kanila. Ang pagiging senior citizen para sa kanila ay hindi hadlang para makagawa ng makabuluhang bagay lalu na ang magtabaho. Ang kalusugan ng mga kalahok ay isinaalang-alang sa kadahilanang ang pag aaral ay nangangailangan ng aktibong partisipasyon. Para sa

kaliwanagan ng nakalap na resulta ang mga mananaliksik ay may ilang rekomendasyon. Para sa mga senior citizens, hindi sila nararapat na pagkaitan ng karapatan magtrabaho lalo't higit ang mga nakatapos ng pag-aaral. Sa lokal na pamahalaan, na pagtibayin ang kanilang suporta sa mga pangangailangan ng mga senior citizen sa kanilang nasasakupan lalo't higit sa kahirapang pinansyal. Sa pamilya ng senior citizens, nararapat lamang na magkaron ng sapat na atensyon para madama nila na sila ay mahalaga bilang bahagi ng pamilya. Sa mga senior citizen, maari nilang balikan ang magagandang karanasan para malagpasan ang hindi kanais nais na pangyayari sa kanilang buhay. Sa larangan ng Sikolohiyang Pilipino, ang mga mananaliksik ay nagnanais na magkaroon ng ibang pag-aaral at impormasyon sa positibong pagtangap ng mga senior citizen sa pagtanda.

Ang Epekto ng Alaala, Pag-uugali ng Tagapanayam at Conformity sa Pang-unawa ng Bata

Eliza Loraine R. Bicol, Edielyn D. Gonzalvo, Elna R. Lopez
Lyceum of the Philippines University-Batangas
bicol.eliza@yahoo.com, edielyn_al147@yahoo.com

Ang kalaginaang bahagi ng pagiging bata ay tumutukoy sa ilang uri ng pag-unlad ng kanilang pagkatuto at pagkaintindi. Ang pumapanahong pagsusuring ito ay naglalayong malaman ang epekto ng memorya, asal ng tagapagtanong at pagsang-ayon sa pang-unawa ng bata. Ito ay nagnanais din na sumukat kung gaano kalawak ang posibleng epekto na mayroon ang bawat variable sa pang-unawa ng bata. Sa unang pag-aaral, ang mga mananaliksik ay gumamit ng eksperimental na approach kung saan nagpanood sila ng videotaped episode at ang pagtatanong sa bawat bata ay depende sa kinabibilangan nilang pangkat upang masukat ang epekto ng bawat variable. Para sa ikalawang pag-aaral, ang sukat ng lawak ng posibleng epekto ng bawat variable ay sinukat sa pamamagitan ng pakikipanayam. Ang resulta ng pag-aaral ay nagmimithi din na mapatunayan at mapagtibay ang mental contamination model nina Wilson at Brekke, na sinipi ni Loftus (2012). Ayon sa resulta ng pag-aaral, ang memorya ay nakakaapekto sa pang-unawa ng bata ganoon din ang variable na pagmumungkahi ng sagot, na mayroong pinakamalaking epekto yamang $0.018<.05$. May nakitang relasyon ang pag-uulit ng tanong at pag-sang ayon ngunit, walang lumabas na mahalagang epekto para sa mga nabanggit na variable, $p<0.05$. Ang resulta ay nangangahulugan lamang na ang kasalukuyang pag-aaral ay sumusuporta sa mental contamination model ni Wilson & Brekke.

Paglikha ng Commons: Awtonomiya ng Galaw at Kilos sa Asya at Daigdig upang Bumuo ng "Futures without a Blue Print"

Randy T. Nobleza, Jong Pairez, Melisa Gibson, Asher Quimzon, Bas Umali, Chris De Vera
Marinduque State College/Local Autonomous Network
marindukanon@gmail.com

Ito ay isang interdisiplinaring proyekto: bahaging sining, palitan at pakikipag-ugnayan sa mga piling pook sa Asya. Bahaging paglalang ng dalumat at pagsasanga/pag-uugat sa Asian Anarchist Network at Autonomous Rhizomes Asia. Pangunahing binibigyang diin ang sama-samang paglikha ng mga kalahok sa "Commons". Mula sa panlipunan tungo sa indibidwal at pabalik sa iba-ibang bahagi ng Asya. Pinapalagay ang Asya bilang proyekto na binubuo, nilalalang at nililikha. Maging pamamaraan ay bukas para sa aktibismo at sama-samang proyekto. Bilang batayan ng pagsasanga/pag-uugat ng mga kilusan sa Silangan, Timog, Timog-Silangang at iba pang panig ng Asya, ang karagatan ay nagsisilbing ugat at litid na daluyan. Kung kaya, ang sama-samang palitan sa Japan, Taiwan, Indonesia, Malaysia, Thailand at Australia. Ngunit walang "Blue Print" o Pormularyo na kailangang sundin. Mayroon lamang mga sandali na kinakailangang gawing rebolusyunaryo.

Noong Mayo 2008, iba-ibang grupo at indibidwal sa iba-ibang bahagi ng Asya ang nagpasya na magsimula ng anti-awtoritarian at awtonomus na kilusan. Ang pansamantalang resulta ay ang Autonomous Rhizomes Asia (ARA) na naging supling ng Asian Anarchist Network (AAN). Ang ARA ay inaasahang maging higit pa sa panibagong mailing list ng mga anarkista. Ang ARA ay sana o dapat magiging panibagong paraan ng organisasyon.

Marco Cuevas-Hewitt, isang indibidwal na bahagi ng ARA mailing list ay naglatag nang panibagong dalumat at lapit upang makaalpas sa hirap ng pagsisimula ang iniimbentong network sa Asya. Sinipi niya sa kanyang papel na "futurology of the present," Karagdagan pa, para sa "futurologist of the present", kung ano ang pamilyar at linear, hiwahiwalay na oras. Ang lahat ay tumitingin sa nakaraan,kasalukuyan at hinaharap bilang magkakaibang bagay - ang madigin na diperensya na tumutuloy at nasa tungtongan sa tungohin-kakahinatnan (means- ends) na tambalan sa tradisyunal na makakaliwang kilusan. Ito ay pusible lamang pagka ang kasalukuyan at hinaharap ay magkatuwang na entitidad tulad ng mga means(tungohin) at ends (kakahinatnan).

Kung kaya, ang kawalan ng "blue-print" ay isang malikhaing pamamaraan na maaaring mangailangan ng marami at multiple parallel na hinaharap sa kasalukuyan. Hindi tulad ng tradisyunal na linear na oras, hindi ito tumutukoy sa pagiging (being) kundi mas tugma sa magiging pa lamang (becoming). Hindi na lamang totoo ang panibagong daigdig ay pusible (another world is possible).

An Maogmang Lugar: Kaligayahan, Pagiging Kuntento sa Buhay at Pagiging Relihiyoso ng mga Nagueños

Andrea Terese Delfin, Ronaldo SP. Elicay
Ateneo de Naga University
nald_elicay@yahoo.com

Ang kasalakuyang pananaliksik ay naghahangad na imbestigahan at tuklasin ang kaligayahan, kakontentuhan sa buhay at pagiging relihiyoso ng mga Nagueño. Hangad din ng pananaliksik na malaman kung ano ang mga posibleng rason kung bakit tinaguriang Maogmang Lugar ang lungsod ng Naga. Gumamit ito ng dalawang magkahalong metodo (mixed method) na disenyo ng pananaliksik at sa mas espesipikong lebel ay gumamit ito ng descriptive-correlational at descriptive-exploratory. Ang mga instrumentong ginamit sa pananaliksik ay dalawang (2) adapted questionnaires, isang (1) researcher-made questionnaire at interview schedule na isinalin sa Tagalog at Bikol na bersyon. May total na limangput-dalawang (52) kalahok o labing-tatlong (13) kalahok kada barangay na pinili sa pamamagitan ng systematikong pamamaraan. Ang mga kalahok sa pananaliksik ay mula sa apat na barangay na may pinaka malaking populasyon sa hilaga, timog, kanluran at silangang bahagi ng Naga City. Sa pamamagitan ng mga instrumentong nabanggit, inembestigahan ng mga mananaliksik ang lebel ng kaligayahan, lebel ng kakontentuhan sa buhay at lebel ng pagiging relihiyoso ng mga Nagueño na may edad dalawamput limang (25) taong gulang pataas, mga Katoliko at naninirahan sa Naga ng mahigit dalawangpung taon. Minabuti rin ng nga mananaliksik na sundan ng dalawang sesyon ng pakikipanayam ang naunang pamamaraan. Ang mga nakalap na datos ay uusisain sa pamamagitan ng Constant Comparison Method. Ang mga resultang nakalap ay ang mga sumusunod: ang mga Nagueño ay may mataas na lebel ng kaligayahan, magkahalong mataas at average na lebel ng kakontentuhan sa buhay at may subjective level ng pagiging relihiyoso. Natagpuan din na may significant na relasyon ang kaligayahan at kakontentuhan sa buhay. Datapwat, ang kakontentuhan sa buhay at ang pagiging relihiyoso at ang kaligayahan at ang pagiging relihiyoso ay walang significant na relasyon sa isa't isa. Maliban sa mga lebel na naibigay natagpuan rin na ang pinagkukuhanan ng kaligayahan ng mga Nagueño ay nagmumula sa kani-kanilang mga pamilya, kanilang trabaho at relihiyon na kanilang kinabibilangan. Nabigyan din ng linaw na ang mga posibleng rason sa likod ng slogan ng Naga bilang isang "Maogmang Lugar" ay ang natural na pagiging masiyahin ng mga Nagueño, ang simpleng pamumuhay, mapayapang komunidad, magandang pamamahala ng gobyerno at ang relihiyon at debosyon ng mga Nagueño sa Mahal na Birhen ng Peñfrancia.

Sesyon 4C
MGA SIKOLOHIKAL NA PROGRAMA AT INTERBENSIYON
AMS 208

Ang Paggamit ng Istratehiyang Pangkalahatang Paglahok ng mga Empleyado (Total Employee Involvement) Upang Isulong ang Kapakanan ng mga Manggagawa sa Lipunang Pilipino

Joseph L. Torrecampo
Unibersidad ng Pilipinas-Diliman
torrecampoj_2000@yahoo.com, jltorrecampo@upd.edu.ph

Napakaraming organisasyon sa Pilipinas ang gumagamit pa ng mga makalumang paraan kung saan ang mga tao'y itinuturing na animo'y gamit at makinang nabibili lamang sa pamamagitan ng pasuweldo. Subalit marami-rami rin namang organisasyon ang nagkaroon na ng malalim na pang-unawa sa kahalagaan ng tao bilang kalahok sa pagbabago ng organisasyon, patunay ang pagtaguyod ng mga patakarang nakapaloob sa *Human Resource Management and Development*.

Makalipas ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig, nagtaguyod ang Pilipinas ng iba't ibang industriya at pagawaan. Mula sa Amerika, lumaganap ang iba't ibang pamamaraang humikayat sa mga manggagawang Pilipinong higitan ang paggawa. Sa una, maluwag na tinanggap ng manggagawang Pilipino ang mga bagong alituntunin. Subalit sa pagtagal ng panahon, nagising ang mga manggagawa sa mga pang-aabusong tinatanggap, na naging dahilan upang itatag ang mga samahang unyon. Kalaunan, tila lahat ng mga iminungkahing paraan para sa pagbabago ng gawaing Pilipino ay nabigo hanggang humantong sa kasalukuyang katayuan na namemeligro ang mga kalakalang Pilipino dala ng globalisasyon.

Sa gitna ng malaking pag-aalinlangan ng maraming industriya, lumitaw ang isang pamamaraan na tinaguriang Pangkalahatang Paglahok ng mga Empleyado *(Total Employee Involvement)* upang bigyang katuparan ang mga ninanais ng mga nagmamay-ari o namamahala ng mga organisasyon at mga manggagawa. Ang istratehiyang ito na nagmula sa Japan nuong dekada 1980's dulot ng rebolusyong *Total Quality Management* ay lumaganap sa bansang Amerika bago tuluyang tinanggap sa Pilipinas.

Ang kasalukuyang pamamaraan sa paghikayat sa paglahok ng mga manggagawa sa Pilipinas ay may bahid pang impluwensiyang maka-kanluranin, kung saan isinasaalang-alang pa ang ilang mga patakarang lumalabag sa konsepto ng samahan at kultura ng mga Pilipino. Kaakibat sa pamamaraang ito ang pagsasakatuparan ng konseptong *Talent Management*, na ayon sa isang Pilipinong *Human Resource Management* professional ay isang paraang pagpapakitang-tangi sa iilang manggagawang may talento o kakayahang palaguin ang organisasyong kinabibilangan. Subalit ang pananaw na ito ay hindi basta tinatanggap ng mga

manggagawang Pilipino, bagkus ay nag-uudyok ito na ipagtanggol nila ang karapatan ng mga kasamahang napag-iwanan.

Ayon sa maraming pag-aaral, ang mga pamamaraan ng paggawang may batayan sa kultura ng isang bansa ay nagiging matagumpay sa pagpapatupad ng mithiin at aspirasyon ng organisasyon. Dahil dito, iminumungkahing magkaroon ng maka-Pilipinong bersiyon o pananaw ng *Pangkalahatang Paglahok ng mga Empleyado* upang maisulong ang kapakanan ng mga manggagawang sumasang-ayon sa mga adhikain at hangarin ng mga nagmamay-ari o namamahala sa nasabing organisasyon.

Pagpapakilala sa Peer Counseling ng at para sa mga Taong may Kapansanan: Mga Kaisipan at Aral

Dinah Palmera P. Nadera
Foundation for Advancing Wellness, Instruction and Talents, Inc.
dnadera@gmail.com
Frances Prescilla Cuevas
Department of Health

Apatnapung kalahok na may iba't ibang kapansanan at mga kampamilya ng mga taong may kapansanan na miyembro ng mga organisasyon para sa PWD (Persons with Disabilities) ang lumahok sa isang pagsasanay ukol sa self-empowerment, empowered self and others, at mga peer counselling principles at techniques. Gumamit din ng mga metodolohiya tulad ng forum theatre, interactive lectures, self-reflection, small group discussion sa pagsasanay. Naging positibo ang pagtanggap ng mga kalahok sa pagsasanay at ipinahayag nila ang pangangailangan ng katulad na mga pagsasanay. Natagpuan rin na mainam na teknik din ang Forum Theater sa paghihikayat ng aktibong pakikilahok ng mga dumalo sa pagsasanay.

Debelopment at Balidasyon ng Isang Isinaayos na Programang Bokasyunal para sa Matatandang may Bahagyang Kapansanang Pang-intelektwal

Zhanina U. Custodio
Philippine Normal University
zhyn_08@yahoo.com

Nakatuon ang pag-aaral sa pagpapa-unlad at pagpapatunay ng isang isinaayos na programang bokasyunal para sa matatandang may bahagyang kapansanang pang-intelektwal upang sila'y maihanda para sa malaya't makabuluhang pamumuhay. Ibinatay ang programa sa kinikilalang mga pangunahing kakayahang bokasyunal at iba pang kaugnay na kakayahang pisikal, intelektwal at damdaming panlipunan na makikita sa mga kalahok. Nagtataglay ito ng paunang ebalwasyon, oryentasyon, kahandaan sa trabaho at pagsasanay.

Sinuri ito ng mga guro sa natatanging edukasyon (SpEd) at TLE para sa pagtataya ng kakanyahan sa pagsasakatuparan ng layunin, kaangkupan ng mga gawain sa mga layunin, kasapatan ng mga gawain sa mga layunin, kawastuhan ng kagamitan at ng mahuhusay na indikador. Matapos ang pagtataya, ang isinaayos na programang bokasyunal ay ipinasailalim sa rebisyon batay sa ebalwasyon at resulta ng mga pagsubok. Sampung matatandang may bahagyang kapansanang pang-intelektwal na may edad na labing walong taong gulang at pataas ang mga kalahok. Ibinatay ang programa sa kinikilalang mga pangunahing kakayahang bokasyunal at iba pang kaugnay na kakayahan. Bisyon nito na makapaglaan ng komprehensibong pagsasanay na bokasyunal at ang misyon ay makapagtatag ng isang programang bokasyunal na magbibigay-daan para sa kanilang pantay na karapatan na magkaroon ng trabaho. Tinaya ng mga guro sa natatanging edukasyon at TLE ang mga nilalaman ng isang isinaayos na programang bokasyunal upang sukatin ang kaangkupan nito. Ang mga komento mula sa mananaliksik at guro ay itinala at ang nirebisang programa ay pinaunlad. Batay sa mga kinalabasan, ang mananaliksik ay nakabuo ng mga sumusunod na kongklusyon: ang matatandang may kapansanang pang-intelektwal ay nagtataglay ng mga kakahayang bokasyunal sa pangangalaga sa sarili, pakikihalubilo, paglilinis, pagpiprito, pag-uuri-uri, pagbebenta, pagpapalit ng pera at paghuhugas ng mga pinagkainan. Bukod dito, sila ay nagtataglay rin ng pisikal, intelektwal at damdaming panlipunan, mga kakayahan na nakatulong sa kanila sa pakikibahagi sa isang isinaayos na programang bokasyunal; at ang lahat ng mga bokasyunal ay angkop.

Ang mga sumusunod ay iminumungkahi: na ang isinaayos na programang bokasyunal ay marapat na higit pang masubok sa lahat ng mga pampublikong paaralan na may mga klase sa Natatanging Edukasyon upang ang mga batang may natatanging pangangailangan ay magkakaroon ng oportunidad na makapagsanay at magkaroon ng pagkakataong maging malaya't produktibo, para rin sa pagpapaunlad ng pampropesyunal na aspekto upang mabuo ang sapat na kakayahan at maituro nang paunti-unti ang pagkakaroon ng tiwala sa sarili.

Sesyon 4D
MGA ESTRATEHIYA AT PROGRAMANG PANG-EDUKASYON
AMS 209

Self-Regulated Learning, Motivational at Learning Strategies ng mga Mag-aaral mula sa Kolehiyo ng Sining at Agham at Accountancy ng Unibersidad ng Nueva Caceres

Arnold H. Bautista
University of Nueva Caceres
arnoldbau@yahoo.com

Ang pananaliksik na ito ay sumuri sa mga 'self-regulated learning motivational and learning strategies' ng mga mag-aaral mula sa Kolehiyo ng Sining at Agham at Accountancy ng Unibersidad ng Nueva Caceres. Layunin ng 'quantitative' na bahagi ng pananaliksik na masagutan ang tanong: a.) Ano ang mga 'self-regulated learning strategies profile' ng mga mag-aaral sa Kolehiyo ng Sining at Aghan at Accountancy ng Universidad ng Nueva Caceres. Ang 'qualitative' na bahagi ng pananaliksik ay natuon sa sumusunod na mga tanong: a.) Ano ang mga 'self-regulated learning strategies' ng mga mag-aaral sa Kolehiyo ng Sining at Agham at Accountancy ng Unibersidad ng Nueva Caceres at b.) Ano ang nararapat na programa para mapaunlad ang 'self-regulated learning strategies' ng mga mag-aaral.

Ang modelo ni Pintrich na naglalarawan sa iba't ibang aspekto ng 'self-regulated learning strategies' ang nagsilbing pangunahing batayan ng Balangkas Theoretical ng pananaliksik. Inilalarawan ng ' conceptual framework' ang 'independent variable' na nahahati sa dalawang konsepto: 'self-regulated motivational strategies and self-regulated learning strategies.' Ang 'academic performance' ang nagsilbing 'dependent variable'.

Para sa 'quantitative' na bahagi ng pananaliksik, isang daan at apatnapung (140) mag-aaral na binubuo ng walampung (80) mag-aaral mula sa Kolehiyo ng Agham at Sining at animnapung (60) mag-aaral mula sa 'Accountancy' ang respondente sa pananaliksik. Isang talatanungan na binubuo ng walampung tala ang ginamit para sa 'quantitative' na bahagi ng pananaliksik. Para sa mga mag-aaral na tumugon sa 'qualitative' na bahagi ng pananaliksik, labinlimang (15) mag-aaral ang nakilahok para sa 'focus group discussion'.

Batay sa resulta ng pananaliksik, mas sinang-ayunan ng mga mag-aaral ang mga sumusunod na 'self-regulated motivational strategies': 'extrinsic goal orientation', 'task value' at 'control of learning'. Mas pinili naman ng mga mag-aaral ang mga sumsunod na mga estratehiya: (1)' rehearsal'; (2) 'elaboration' at (3) 'organization'.

Sa 'qualitative' na bahagi ng pananaliksik, natuklasan na mahalaga ang 'intrinsic' at 'extrinsic' na dahilan pagdating sa pag-aaral ng bagong paksa. May lubos na

tiwala ang mga mag-aaral sa kanilang sariling kakayahan na matuto ng mga bagong paksa ngunit nakakaramdam ng pangamba tuwing malapit na ang mga pagsusulit. Para sa kanilang 'self-regulated learning strategies', ang mga mag-aaral ay gumagamit ng mga sumusunod: 'mnemonics', 'outlining' at 'summarizing' bilang mga estratehiya. Ang mga mag-aaral ay gumagawa ng paunang pagbabasa at nagtatanong sa mga taong may mas alam tungkol sa paksa bilang 'metacognitive strategy'. Naghahanap din sila ng lugar na tahimik, humihingi ng tulong sa kanilang mga kaibigan at guro bilang 'resource management strategies'.

Isang Kwalitatibong Pag-aaral ng Filipino Classroom Setting tungo sa Pagbuo ng Strategic Plan sa Pagtuturo ng Asignaturang Filipino

Jay B. Fallan, Maria Jessica A. Enriquez
Mindoro State College of Agriculture and Technology
jessieenriquez16@yahoo.com, jay_fallan_14@yahoo.com

Ang tesis na ito na ginamitan ng pamaraang deskriptiv ay nakatuon sa qualitativong pag-aaral ng Filipino classroom setting tungo sa pagbuo ng strategic plan sa pagtuturo ng asignaturang Filipino. Ang mga respondente na kinabibilangan ng mga mag-aaral sa unang taon ng kolehiyo na may asignaturang Filipino ay pinili sa paraang purposive sampling.

Ipinakita sa pag-aaral na ang isang tipikal na classroom setting ay may kakulangan sa mga pasilidad at mga kagamitan sa pagtuturo na makatutulong sa pagkatuto ng mga mag-aaral.

Lumitaw sa pag-aaral ang mababang pagpapahalaga ng mga respondente sa asignaturang Filipino na makikita sa madalas na hindi pagdalo sa klase o pagliban, kakulangan sa paghahanda at pag-unawa sa bawat paksang tinatalakay, hindi pagtatanong sa hindi maunawaang takdang-aralin at mababang interes na maglaan ng oras sa pagbabalik-aral sa paghahanda para sa pagsusulit.

Sa bahagi ng mga tagapagturo, ipinakita sa pag-aaral na may kakulangan sa mga makabagong istratehiya ang mga tagapagturo, may kakulangan sa kasanayan at kakayahan sa paggamit nito. Samantala, iba't iba ang mga suliraning nararanasan ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng asignaturang Filipino tulad ng kakulangan ng kahandaan ng mga tagapagturo, kakulangan ng kaalaman sa paggamit ng kagamitang pampagtuturo at kakulangan sa mga batayang aklat.

Batay sa mga natuklasan sa isinagawang pag-aaral at pagsusuri, nabuo ang mga sumusunod na konklusyon: Nakakapekto ang kakulangan sa pasilidad sa silid-aralan tulad ng mga upuan, chalk board, electric fan para sa maayos na bentilasyon at iba pa sa akademikong pagkatuto ng mga mag-aaral. Ang mahusay na pagtalakay sa paksa, napapanahong aktibidad at ang maayos na relasyon ng mga mag-aaral na pumasok sa klase at lumahok sa talakayan. Ang

pagbibigay ng mapanghamong takdang-aralin at malinaw na pagtalakay dito ay magbubunga ng paghahangad na masubok ang kanilang kakayahan.

Ang resulta ng ginawang pag-aaral ay nagbigay daan upang mabuo ang sumusunod na rekomendasyon: Tugunan ng administrasyon ng paaralan na mapabuti ang mga pasilidad at maglaan ng badyet para dito. Magkaroon ng kawili-wiling talakayan sa klase at sikapin ng tagapagturo na magkaroon ng interes ang mga mag-aaral sa aralin. Tiyakin ng mga tagapagturo sa asignaturang Filipino ay nakatapos ng Bachelor of Secondary Education Major in Filipino o di kaya'y nakatapos ng Master's Degree sa Filipino. Sikapin ng tagapagturo na gumamit ng mga napapanahong kagamitang pampagtuturo tulad ng computer, telebisyon, overhead projector at iba pa.

Disposisyong Pampersonalidad ng mga Seminarista ng XACOSE: Isang Batayan sa Pagbuo ng Pantaong Paghubog at Pag-unlad

Dyester G. Abo-abo, Justin Karl Paleguin, Jose Alberto Serrano, Jr., Matthew Raphael Daray
Ateneo de Davao University
jester1491@gmail.com

Ang paghubog sa Pagkatao ng mga seminarista ng St. Francis Xavier College Seminary (XACOSE) ay nakapaloob at nakabatay sa mga Espirituwal, Intelektwal at Pastoral na aspeto ng pormasyon ng seminaryo. Bunga nito, ang mga mananaliksik ay bumuo at nagpanukala ng sampung buwang programa na batay sa disposisyon ng personalidad na naaayon sa resulta ng Myers-Briggs Type Indicator (MBTI) at socio-demographics ng mga seminarista ng XACOSE. Ang programang ito ay naglalayun na pupuno at tutulong sa paghubog ng aspetong pantao ng mga seminarista. Isang statistikal na pagsusuri ng dalas at porsyento ang ginamit at isinagawa upang maipakita at maisalarawan ang pag-aaral sa 139 na seminarista sa kolehiyo at para matukoy ang socio-demographic profile ng mga seminarista sa pamamagitan ng edad, pampamilyang karanasan, pang-edukasyong karanasan, at ang mga umiiral na mga isyu at mga alalahanin. Ang resulta sa MBTI ay nagpapakita na 21.6% ay nabibilang sa ESFJ (Extrovert, Sensing, Feeling, Judging); 16.5% sa ESTJ (Extrovert, Sensing, Thinking, Judging); at ang higit sa isang uri ay 14.4%. Ang pampakay na pagsusuri sa mga tugon mula sa mga talakayan ng mga pokus na pangkat ay nagpapahiwatig na ang mga pangkalahatang tema tulad ng edad, dinamiko o pamumuhay ng pamilya, at ang pormasyon na isinasagawa ng XACOSE ay nakatulong sa pagpapalalim sa pang-uunawa ng mga mananaliksik sa paraan ng pamumuhay sa seminaryo.

Ang Papel ng *Self-efficacy* sa *Academic Performance* sa Ingles at Matematika ng mga Pilipinong Mag-aaral mula sa Science High School: Isang Posibleng Salik sa Pagiging Epektibo ng mga Programang Kurikular

Angelo R. Dullas
Central Luzon State University
dullas.angelo@yahoo.com

Ang pag-aaral na ito ay isinagawa upang alamin ang relasyon ng baryabol na *self-efficacy* at *academic performance* sa asignaturang matematika at ingles sa mga piling mag-aaral ng *science high school*.

Tinignan din sa pag-aaral na ito ang implikasyon at kahalagahan ng *self-efficacy* sa *academic performance* at ang posibleng ambag nito sa pagiging epektibo ng mga programang kurikular lalo na sa asignaturang ingles at matematika.

Base sa resulta ng pag-aaral, lumalabas na mataas ang *self-efficacy level* ng mga piling mag-aaral ng *science high school*. Ayon din sa resulta ng pag-aaral, ang *self-efficacy belief* ay nakapagpapataas ng magandang *performance* ng mga mag-aaral ng *science high* sa asignaturang ingles at matematika base sa *Pearson correlation analysis*. Bilang implikasyon, iminumungkahi na pag-ibayuhin pa ang pagpapaunlad sa *self-efficacy belief* ng mga mag-aaral at hindi lamang sa pagpapaunlad ng kaalamang teoretikal at praktikal na aplikasyon ng asignaturang ingles at matematika. Iminumungkahi din sa mga guro at school administrators na mag-*develop* ng kurikulum na makapagpapataas ng *self-efficacy belief* ng mga mag-aaral hindi lamang sa asignaturang matematika at ingles kundi sa iba pang mga asignatura.

Keywords: self-efficacy, academic performance, curriculum development

Sesyon 4E
PANLILIGAW, PAG-AASAWA AT PANGANGALIWA
AMS 210

Ang Impluwensiya ng Media sa mga Kabataan, Saloobin Patungkol sa Kanilang Pag-ibig at Paniniwala sa Romantiko at Makatotohanang Relasyon

Myrien Eulah Kezia G. Banaag, Kathleen P. Rayos, Miriam Grace Aquino-Malabanan
Lyceum of the Philippines University-Batangas
myrienbanaag@yahoo.com

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong sukatin ang antas ng pagka-romantiko/pagiging totoo ng mga kabataan, upang malaman ang mga pagkakaiba sa pagka-romantiko/pagiging totoo sa mga single at nasa relasyon ng mga kabataan sa mga tuntunin ng pag-ibig pagkatapos ng pagkakalantad sa may-katuturang mga media, at patunayan ang mga paglilinang Teorya na

iminungkahi nina Gerbner at Gross. Ang mga resulta ay nagpakita na mayroong isang makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng mga score ng mga grupo sa epekto ng media sa mga kabataan sa pang-unawa sa pag-ibig. Ang ibig sabihin ng pangkalahatang puntos ng ipinares na sample ay 4.20 sa pamantayan paglihis ng 11.79, ang antas ng kalayaan ay 49 at ang kahalagahang pang-istatistika ay 0.015. Ang kabuluhan antas ay mas mababa sa 0.05 punto, samakatuwid ang resulta ng mga nabibilang na data ay "makabuluhan sa istatistika" at malamang na hindi mangyayari sa pamamagitan ng pagkakataon. Ito ay nagpapatunay na ang pagkakalantad sa romantikong medium ay nakakaapekto sa pagka-romantiko/pagiging totoo ng mga sumasagot at napatunayan din ang teorya nina Gerbner at Gross.

Keywords: media, pag-ibig, romantiko, makatotohanan, paggamit sa media, Gerbner and Gross

Kasariang Pangingibabaw at Kasiyahan ng mga Mag-asawa sa Maynila

Prince Jhay Agustin, Cristelle Mae Amorin, Mary Jubilant Gutierrez, Aaron Paul Lingat, Deborah Rae Reyes
Pamantasan ng Lungsod ng Maynila
pjhayagustin@gmail.com

Ang pag-aaral na ito ay naglalayon na matukoy ang makahulugang ugnayan sa pagitan ng kasariang pangingibabaw (gender dominance) at marital na kasiyahan (Marital Satisfaction) ng mga mag-asawa sa Maynila. Ang mga kalahok (N = 173) sa pag-aaral na ito ay mga mag-asawa na parehang may trabaho na ang karaniwang edad para sa lalaki at babaeng kalahok ay 42.38 (SD = 10.15) taon at 40.77 (SD = 9.98) taon na nauukol sa bawat isa. Ang mga kalahok sa pag aaral na ito ay pinili sa pamamagitan purposive sampling na isang non-probability method at sila ay nagsagot ng mga questionnaires na Dominance Scale upang masukat ang kasariang pangingibabaw (gender dominance) at Relationship Assessment Scale upang masukat ang marital na kasiyahan (marital satisfaction). Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng correlational research design. Ang mga datos na nakuha sa mga kalahok ay natalakay sa pamamagitan ng t-test for independence by groups kung saan pinanakita ng resulta na walang makahulugang pagkakaiba sa pangingibabaw ng lalaki at babae (t, df = 0.75, 344). Sa kabilang dako, sa pamamagitan ng Pearson r correlation, iniimply ng resulta na mayroong negatibong ugnayan ang kasariang pangingibabaw (gender dominance) at marital na kasiyahan (Marital Satisfaction) (r = -0.37).

Ang Buhay at Karanasan ng mga Babaeng mayroong Extramarital Relationship

Rowena Gaspay-Fernandez, Jemimah G. Pizarro
Palawan State University
whengwriter@gmail.com

Ang malasakit ay madaling maipadama ng bawat Pilipino sa kanyang kapwa. Kadalasan, mas madaling pagmalasakitan ang dumaranas ng kaapihan ngunit hindi ang mga taong nakagawa ng pagkakamali. Ang pakikiapid ay mariing tinututulan ng ating kinamulatang kultura lalo na kung ang babae ang magkakaroon ng ibang 'karelasyon'. Madalas ang mga babaeng ito ay madaling mahusgahan sapagkat ang naging gawi nila ay taliwas sa idinidikta ng ating lipunan at hindi man lamang nabibigyan nga pagkakataong mangatwiran. Kaya naman, nilayon ng pag-aaral na ito na maunawaan ang sikolohiya ng mga Pilipinang nakiapid at inalam ang kanilang buhay at karanasan bilang babae sa loob ng isang matrimonyo upang mailarawan kung bakit nila ninais na lumabas dito.

Ang pananaliksik na ito ay kinabibilangan ng walong kababaihan na buong tapang na naglahad ng kanilang mga karanasan sa Extramarital Relationship(EMR). Pagtatanong-tanong at pakikipagkwentuhan ang naging metodo sa pagkalap ng mga kalahok at ng mga datos. Ginamit ang tematekong pag-aanalisa (thematic analysis) sa pag-uuri at pahahanap ng tema halaw sa mga salaysay. Ang mga temang nahugot mula sa mga kalahok ay naglawaran sa proseso na kanilang pinagdaanan sa pagkakaroon ng EMR. Inilahad dito ang kanilang pangangailangan bilang babae at asawa, mga naging daan upang magkaroon ng 'karelasyon', kanilang mga pangangatuwiran sa pagpasok sa EMR, batayan sa pagdedesisyon, at ang mga kinahinatnan ng kanilang relasyon at desisyon.

SIKOLOHIYANG PILIPINO WORKSHOP SERIES 2013

Paano Isasama ang Kulturang Pinoy sa Panimulang Kurso sa Sikolohiya
Jay A. Yacat

Sa pagtuturo ng isang panimulang kurso sa sikolohiya (introductory course in psychology; Psych 101), madalas na maka-Kanluraning teksbuk ang nagiging batayan para sa pagbubuo ng balangkas ng kurso, mga tema o paksang pag-uusapan sa klase, mga halimbawang tatalakayin, at mga gawaing ipapaparanas sa mga estudyante. Bibihira—o marahil isang malaking hamon?—ang pagsasakonteksto ng mga paksa at pagpapalitaw ng mga karanasan ng mga Pilipino sa ganitong kurso. Kung kaya, layunin ng workshop na ito ang makapagbigay ng mga praktikal na mungkahi para sa pag-integrate ng mga konsepto, teorya, at prinsipyo ng Sikolohiyang Pilipino sa isang kurso tulad ng Psych 101. Ang pangunahing mensahe ng workshop na ito ay kayang-kaya ng mga guro na tiyaking ang kanilang itinuturo ay sang-ayon sa isang sikolohiyang malaya, mapagpalaya, at makakatulong sa pagsulong ng pag-unlad ng buhay ng nakararami sa lipunang Pilipino.

Pagsulat, Pagsalang sa Peer Review, at Paglathala ng Isang Journal Article: Mga Estratehiya Para sa mga Sikolohista at Akademiko
Eric Julian D. Manalastas

Pagkatapos maibahagi ang isang pananaliksik sa kumperensya, ano ang susunod na hakbang para itulay ito patungo sa publikasyon? Ano ang mga konsiderasyon para sa pagsusulat para sa isang dyornal, na iba sa pagsusulat para sa klase o ng report na teknikal? Tatalakayin sa workshop ang proseso ng pagsusulat ng isang manuskrito na pasok sa mga hinahanap ng mga patnugot at referee. Susuriin ang mga hakbang at pasikot-sikot na dinadaanan sa peer review mula sa perspektibo ng mga patnugot at ng mga referee. Iniimbitahan na ang mga dadalo sa workshop na magbitbit ng isang orihinal at natapos na pag-aaral na hindi pa nalalathala (maaaring papel para sa isang klaseng gradwado, isang teknikal na report, o bahagi ng tesis o disertasyon) bilang panimula sa ating mga exercise at diskusyon ng mga epektibong estratehiya sa larangan ng publikasyon.

MHL, BCWMH, JDL, atbp – Aliw at Sining sa Paghatid ng Ginhawa
Lyra R. Verzosa

Nakaka-relate ka ba kay Lally, Vincent, Juan, Maya o Sir Chief kaya ? Itatampok ang mga magsisilahok sa workshop na ito bilang mga artista. Kaya tiyakin mong handa ka. Sa pamamagitan ng madula, madrama at maaksyong pagpapahayag, tutuklasin at susuriin kung paano ito magsisilbing epektibong pamamaraan ng pagtuturo ng mga mahahalagang aspeto ng Sikolohiyang Pilipino. Sa labas ng silid-aralan, ang paggamit ng **Aliw at Sining** ay angkop at *patok* din para sa mga gawaing pang-komunidad. Halaw ang workshop na ito mula sa karanasan ng tagapagdaloy sa kanyang pakikipag-ugnayan sa mga magbubukid, maralitang

taga-lungsod, survivor ng karahasan at disaster, maging sa pagsasanay ng mga mag-aaral, guro at iba pang propesyonal. Naging matingkad sa mga ugnayang ito ang pagsalamin ng mga teleserye sa Kalooban ng Pinoy, na siyang naging daan upang mas malayang maipahayag ang mga suliranin patungo sa mas maginhawang pakiramdam.

CHILDREN ARE ASKING US TO STOP PUNISHING THEM

Filipino children say they will LEARN BETTER IF their parents and teachers:



Talk to them in a calm and understanding way

Explain to them what they have done wrong or how they should do things the right way

Make them feel that they are still loved and accepted

WHY PRACTICE POSITIVE DISCIPLINE?

DISCIPLINE IS NOT THE SAME AS PUNISHMENT.

Positive Discipline is an approach to parenting that teaches children and guides their behavior while respecting their rights to healthy development, protection from violence and participation in their learning.

POSITIVE DISCIPLINE is...

- About long-term solutions that develop children's own self-discipline
- Clear and consistent communication of expectations, rules and limits
- Building a mutually respectful relationship with children
- Teaching children life-long skills and fostering their love of learning
- Increasing children's confidence and competence to handle challenges

Give the children the respect they deserve as human beings. Let us work towards the elimination of corporal punishment of all children and contribute to breaking the cycle of violence in our society.
PRACTICE POSITIVE DISCIPLINE!

FOLLOW US: @PHSaveChildren
LIKE US: facebook.com/SavetheChildrenPH

Save the Children

NAGA
REGENT HOTEL

Naga Land Hotel

Let's work on your future.

Top the Boards.

RealSuccess™ Methodology

200 hours review • 5000 questions • Top calibre professors

Examplify™ Board Simulations • Scantron answer sheets

For future psychometricians and psychologists

spark reviewcenter

(02) 368-5636 | 0942-81-SPARK | sparkreviewcenter.com

GREETINGS FROM:

University of Nueva Caceres
COLLEGE OF ARTS AND SCIENCES
with the
BEHAVIORAL AND SOCIAL SCIENCES DEPARTMENT

PROGRAM OFFERINGS:

BS BIOLOGY

BS ENVIRONMENTAL SCIENCE

AB POLITICAL SCIENCE

BS MATHEMATICS

AB PSYCHOLOGY

AB LITERATURE

Kenjie E. Jimenea
Area Chairperson
Behavioral and Social Sciences Department

Josephine B. Alba, Ph.D.
Dean
College of Arts and Sciences

VISION

The College of Arts and Sciences is a dynamic and proactive provider of foundation courses that will develop academicians, researchers and responsible leaders and citizens through quality education.

MISSION

The College acts as catalyst of development in the pursuit of quality education across the humanities, the arts, and the sciences.

A Decade of Linking Volunteers

VOICE Network ... *Linking volunteers*

(Volunteer Organizations Information, Coordination & Exchange)

Balay Mindanaw Peace Center 53-A, 12th Street, Zone 2, Upper Bulua, 9000 Cagayan de Oro City, Philippines

www.voicenetworkph.org

DIWA
E-JOURNAL
Kasaysayan, Lipunan, at Sikolohiyang Pilipino
TOMO 1, BILANG 1, NOBYEMBRE 2013
Atoy M. Navarro
Jayson D. Petras
Maria Theresa Ujano-Batangan, Ph.D.
Mga Patnugot

Abangan sa 2014!

Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino
4A Alcal Building 285 Katipunan Avenue, Quezon City
Telefax: (032) 434-7973 Mobile: (0922) 875-1440
Facebook: www.facebook.com/PSSP.1975
Twitter: www.twitter.com/PSSPonline
E-mail: pssponline@gmail.com
Website: www.pssp.org.ph

Magkita-kita po tayong muli sa susunod na taon!!!

NOTES

NOTES

NOTES

NOTES

NOTES